

Ang Bayan Ngayon Compilation

Ang Bayan

November 2023

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang opisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampolitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

Table of Contents

27 bahay ng magsasaka sa Bukidnon, dinemolis ng pulis at militar.....	9
Daan-daang, nagprotesta sa embahada ng Israel sa Metro Manila.....	11
Internasyunal na grupo ng mga parlamentarista, sumuporta kay Rep. Castro. .	13
'Padyak kontra sindak,' inilunsad ng mga mamamahayag.....	14
Mga kaanak ng biktima ng sapilitang pagkawala, nagtipon.....	16
Planong kasunduang militar ng Japan at Pilipinas, binatikos.....	19
Daan-daang pabrika ng damit sa Bangladesh, isinara ng mga protesta ng mga manggagawa	20
Dinakip na hors de combat ng BHB-Mindoro, natunton na ng pamilya.....	22
Paniningil ng multa ng Globe Telecom, binatikos	24
Dagdag na kumpensasyon at bayad sa obertaym, giit ng mga guro.....	25
Pagtatalaga ng kroni ni Marcos Jr sa Department of Agriculture, binatikos.....	27
Protesta kontra sa pagbisita ng punong ministro ng Japan sa Pilipinas, inilunsad.....	29

Dagdag na pasaning mga buwis, itinutulak ng rehimeng Marcos.....	31
Mga manggagawa sa Nexperia, muling nagprotesta.....	33
Hustisya, giit ng mga grupo sa pagpatay sa brodkaster sa Misamis Occidental.....	34
Pag-uwi ng mga Pilipino na nasa Gaza, naudlot dahil sa pambobomba ng Israel.....	36
Libu-libong tropang US, namamalagi sa Pilipinas sa tabing ng mga war game.....	39
Magsasaka, pinaslang ng ahente ng AFP sa Sorsogon.....	40
Operasyon sabit sa Antipolo City, isinagawa ng NDF-Rizal.....	42
Balitang engkwentro sa Negros Occidental, pinasinungalingan.....	43
Bantang demolisyon sa San Roque sa Quezon City, tinututulan.....	44
Batangas Gold Project: Ginto para sa dayuhan, delubyo sa mamamayan.....	46
Kumpanyang kwari sa Quezon, pinarusahan ng BHB.....	52
Mga Pilipino sa US, lumahok sa 300,000 nagprotesta para sa Palestine.....	53
2.3 milyong trabaho, nawala noong Setyembre	55

Girian sa loob ng naghaharing alyansa, tumatalim.....	57
Pagbaba ng implasyon, walang epekto sa sahod at kita ng mamamayan.....	60
Petron Philippines, tumabo ng ₱9.5 bilyon sa loob ng 9 na buwan.....	61
“Oplan-sabog” ng BHB-Camarines Norte, layong isiwalat ang pang-aabuso ng 9th IB.....	63
Manggagawa sa mundo, kumikilos para harangin ang suportang militar sa Israel.....	64
Protesta laban sa war game ng US, isinagawa ng kabataan.....	71
2 magsasaka, inaresto ng militar at pulis sa Himamaylan City.....	73
Hustisya, nagpapatuloy na sigaw ng mga biktima ng superbagyong Yolanda.....	74
Pagbabalita sa Palestine ng Western media, pinuna dahil “biased” at “tumutulong” sa henosidyo.....	77
Kaso ng AFP laban kay Jhed at Jonila, kinontra	80
Magsasaka sa Negros Occidental, dinukot at pinatay ng militar.....	82
Bagong paliparan sa base militar ng US sa Pampanga, “pagpapamalas ng lakas” ng US laban sa China.....	83

Kagawaran sa kalusugan, muling kinalampag ng mga manggagawang pangkalusugan.....	87
Mahigpit na kontrol sa ₱50-bilyon Maharlika Investment Fund, tiniyak ni Marcos.....	88
Mga Pilipino, kasama sa milyong nagmartsa sa UK para sa Palestine.....	91
Sen. Leila de Lima, laya na.....	93
4 na armas, granada, nakumpiska ng BHB-Sultan Kudarat sa operasyong dis-arma.....	94
Mga punitibong aksyon laban sa masasamang elemento sa Northern Samar.....	96
Pananalasa ng 14th IB sa Southern Leyte.....	97
Panggigipit ng estado sa mga magsasaka sa Hacienda Tinang, binibigo.....	100
Lider-kabataan sa Bulacan, ginigipit ng militar	101
Makupad at baryang dagdag-sahod sa 3 rehiyon, binatikos.....	102
Rodrigo Duterte, pinahahaharap sa korte para sa kasong malalang pagbabanta.....	103
US, may natatanging pananagutang kriminal sa pang-aatake sa ospital sa Gaza.....	105
19 taon matapos ang masaker sa Hacienda Luisita, wala pa ring hustisya.....	107

Panunulsol ng US ng henosidyo ng Israel at gera sa Asia, binatikos sa rali sa US Embassy109

Tatlong araw na pambansang tigil-pasada, ikakasa ng mga drayber at opereytor.....111

Koordinadong protesta para sa karapataan at kalayaan, inilunsad ng mga estudyante.....113

Pagbuwag sa NTF-Elcac, inirekomenda ng upisyal ng United Nations.....115

Pagpupulong ng APEC sa US, pagdalo ni Marcos, binatikos.....117

400 kabataan, nagtipon sa pandaigdigang kumperensya.....120

Mandirigma ng BHB-Sultan Kudarat, sadyang pinatay ng 37th IB.....121

#MarcosNoHero: Ika-7 taon ng pataksil na paglilibing sa diktador sa libingan ng bayani, ginunita.....122

Mga mandirigma ng BHB-Mindoro, dinakip at sadyang pinatay ng 76th IB.....124

2 organisador sa Batangas, magkasunod na dinukot ng mga pwersa ng estado.....127

Daan-daang estudyante, nag-walk out sa Cebu128

Kabataang Makabayan-Balangay Armando Mendoza, muling itinatag at pinalalakas.....130

18 pasistang tropa, napatay sa mga opensiba ng BHB-Eastern Visayas.....	132
Karahasang militar at panganganyon ng 803rd IBde noong eleksiyong pambarangay.....	136
Mga pautang para sa mapangwasak na mga proyekto ng rehimeng Marcos, itinutulak ng ADB.....	139
Pandaigdigang kumperensya sa karapatang-tao, nanawagan ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa Pilipinas.....	144
3 Lumad na kumukuha ng durian, pinaulanan ng bala ng 88th IB.....	147
Daan-daang drayber at opereytor, nagmartsa tungong Mendiola kontra PUV phaseout.....	148
21-gun salute para sa mga martir ng Eastern Visayas, inilunsad.....	152
82nd IB, 2 beses na pinaputukan ng BHB sa Iloilo.....	154
Mga kasong paglabag sa terror law kontra sa 3 aktibista, ibinasura.....	155
Mga testigong binawi ang sinumpaang salaysay kontra kay De Lima, umabot na sa 14.....	157
Alok na amnestiya ni Marcos, itinakwil ng BHB-Negros.....	158
Ika-14 na taon ng Ampatuan masaker, ginunita sa iba't ibang bahagi ng bansa.....	161

24 dinakip, kabilang ang isang Pilipino, pinalaya ng Hamas.....164

“Teroristang” designasyon laban sa 4 na aktibistang katutubo, hinamon sa korte.....165

Mga kaso laban sa lider-magsasaka at 2 iba pa sa Batangas, ibinasura ng korte.....167

Pakanang “engkwentro” ng 50th IB sa Abra, isiniwalat.....169

Baboy at kalabaw ng programang BDP, kinurakot ng militar at NTF-Elcac.....170

Daan-daang Pilipino, lumahok sa martsa para sa makatarungang kapayapaan sa Palestine.....171

5 sentrong unyon at grupo sa paggawa, samasamang magmamartsa sa Nobyembre 30.....173

Daan sa usapang pangkapayapaan, puno ng tinik at tilos.....175

Higit 600 katao, nagprotesta sa Laguna para sa araw ng anakpawis.....178

NDFP at GRP, nagkasundong muling buksan ang usapang pangkapayapaan.....179

4 na sundalo ng AFP, napatay sa engkwentro sa BHB-Bukidnon.....181

7 kontra-demolisyong aktibista at residente sa Cebu, inaresto ng pulis.....182

Kabataang Makabayan, nagraling-iglap sa kampus ng PUP.....184

Pagpapatuloy ng 2 reklamasyon sa Pasay City,
binatikos.....185

Resolusyon para sa pakikipagtulungan sa ICC,
inaprubahan ng 2 komite sa Kongreso.....187

Smartmatic, ipinagbawal nang gamitin sa
susunod na mga eleksyon.....189

27 bahay ng magsasaka sa Bukidnon, dinemolis ng pulis at militar

Nobyembre 1, 2023

Sa atas ng mangangamkam ng lupa, dinemolis ng mga sundalo ng 88th IB at ng lokal na pulis ang 27 kabahayan, sa P4, Barangay Guinuyuran, Valencia City, Bukidnon noong Setyembre 26. Ang 69-ektaryang lupang inaagaw ni Dr. Roperto Kisteria simula pa 2016 ay pag-aari ng 26 na magsasakang mayroong hawak na papeles.

Ayon sa pamilya ng mga magsasaka, simula pa dekada 1980 ay naninirahan na sila sa lupa at tinataniman nila ito ng mga prutas, saging, gabi, mais at iba pa. Nag-umpisa ang panghihimasok ni Kisteria nang pinalagyan nito ng bakod ang 50 ektaryang lupa para sa isang rantso noong 2008. Sinimulan niya rin umano itong taniman ng goma at ipinakain sa mga baka ang pananim ng mga magsasaka.

Pagsapit ng 2016, lumaban ang mga magsasaka at nabawi ang kanilang lupa at nakapagtanim ulit dito. Sa kabila nito, nakipagsabwatan ang mangangamkam ng lupa sa lokal na guberno at korte na nag-utos sa pagdemolis sa mga

kabahayan sa lugar. Napigilan ito ng mga residente sa panahong iyon.

Noong Setyembre, muling pinaarangkada ni Kisteria ang pang-aagaw ng lupa. Napag-alaman ng mga magsasaka na 2017 pa lamang ay may kasunduan na si Kisteria at ang dating gobernador at ngayo'y kinatawan ng ikatlong distrito ng Bukidnon na si Jose Maria Zubiri Jr para angkinin ang lupa at papasukin ang mga plantasyon ng pinya at saging dito.

Araw-gabing binabantayan ng mga maton na armado ng matataas na kalibreng armas ang lupa. Binakuran at ninanakaw din ng mga maton ang pananim ng mga magsasaka sa lugar.

Dulot ng demolisyon, nabubuhay na lamang ang mga magsasaka sa arawang trabaho at tumatanggap ng ₱250 na sahod.

Samantala, walang-tugon ang lokal na gubyrno ng Valencia City sa pangangalampag ng mga magsasaka sa kanilang upisina. Pinatuloy lamang ang nawalan ng tirahan sa gym nito nang dalawang linggo at binigyan ng ilang kilong bigas at lata ng sardinas.

Matapos nito, pinalayas na rin ang mga magsasaka sa gym. Ang tanging ibinigay ng lokal na gubyrno ay payo na maghintay ang mga magsasaka sa desisyon ng Department of Agrarian Reform at Department of Environment and Natural Resources.

Daan-daan, nagprotesta sa embahada ng Israel sa Metro Manila

Nobyembre 1, 2023

Higit 600 ang nagprotesta sa embahada ng Israel sa Bonifacio Global City, Taguig City kahapon, Oktubre 31, para batikusin ang okupasyon, walang-tigil na pambobomba, at henosidyo ng Zionistang gubyerno ng Israel sa Gaza. Pinangunahan ang protesta ng International League of Peoples' Struggles (ILPS) at Bagong Alyansang Makabayan (Bayan).

Sa kabila ng panggigipit at panghaharang ng mga pulis, nakapagmartsa papalapit sa embahada ang mga nagprotesta. Kinundena nila ang pagpatay ng Israel sa aabot na sa 9,000 Palestino, kabilang ang halos 4,000 bata at higit 2,000 babae, sa Gaza mula Oktubre 7.

Anang mga grupo, ang nagpapatuloy na henosidyo ng Israel na suportado ng US ay lantarang paglabag sa internasyunal na makataong batas. Kinundena rin nila ang rehimeng Marcos na tumangging bumoto pabor sa isang resolusyon para sa isang "humanitarian pause" sa United Nations. Anila, duguan ang kamay ng rehimeng Marcos dahil sa pagsuporta nito sa henosidyo laban sa mamamayang Palestino.

Kabilang umano ang gubyerno ng Pilipinas sa pumupondo sa henosidyo dahil sa pagbili nito ng mga armas pandigma mula sa mga kumpanya ng Israel sa nagdaang mga taon. Sa katunayan, ayon sa ILPS, kumita ng \$300 milyon ang Israel mula sa

Pilipinas noong 2022 sa mga ibinenta nitong armas, at elektroniks. “Sa ilalim ni Marcos, mayroong lampas \$500 milyong bilateral trade ang Israel at Pilipinas,” pahayag pa ni ILPS General Secretary Liza Maza.

Sa harap ng pagpapakatuta ng gubyrerno ng US, hindi naman umano maitatatwa na “maraming Pilipino ang kaisa sa mga Palestino, kontra sa henosidyo at kontra sa ginagawa ng gubyrerno ng Pilipinas na pagpapakatuta sa United States,” ayon sa Bayan.

Giit ni Maza, “ang pakikibaka ng mamamayang Palestino ay ilaw, liwanag, ng pakikibaka ng mamamayan sa buong mundo, laban sa imperyalismo, para sa demokrasya, para sa kasarinlan.” Ang pakikibakang ito rin umano ang nagpapakita ng pinakasagradong paraan ng pakikibaka ng mamamayang inaapi...ito ay ang pakikibaka sa lahat ng anyo mula sa kalsada hanggang sa kabundukan.

Lumahok rin sa protesta ang ilang mga Palestino na nasa bansa, mga grupong Muslim at iba pang organisasyon. Ayon sa isang ulat, lumahok ang 20-anyos na Pilipino-Palestinong si Mohamed Amir sa naturang protesta. Maluha-luha siyang nakiisa sa panawagang “Free Palestine!” (o Palayain ang Palestine!) habang inaalala ang kanyang mga kaanak na nakatira sa Gaza at ngayo’y patuloy na humaharap sa mga pag-atake ng Israel.

Internasyunal na grupo ng mga parlamentarista, sumuporta kay Rep. Castro

Nobyembre 1, 2023

Naglabas ng pahayag ang Inter-Parliamentary Union (IPU), isang internasyunal na organisasyon ng mga parlamentarista, para suportahan si House Deputy Minority Leader at ACT Teachers Rep. France Castro laban sa pagbabanta sa kanyang buhay ni dating pangulong Rodrigo Duterte. Anang IPU, kinilabutan sila sa pagbabantang binitawan ni Duterte sa telebisyon laban sa isang parlamentarista.

“Kinukunsidera namin ang matitinding epekto nito sa buhay ni Rep. Castro... at mayroon din itong seryosong epekto sa pagganap sa tungkulin ng parlamento ng Pilipinas dahil maaaring sagkaan nito ang mga myembro na magsalita sa importanteng mga isyu,” ayon pa sa IPU.

Noong Oktubre 11, tahasang sinabi ni Duterte na “gusto niyang patayin” si Castro at mga katulad niya. Ginawa ni Duterte ang pahayag sa isang programa sa telebisyon ng Sonshine Media Network International na pag-aari ng alipures niyang si Apollo Quiboloy.

Hiniling din ng mga parlamentarista ng IPU na maging mabilis ang resolusyon sa kaso ng malalang pambabanta na isinampa ni Rep. Castro laban kay Duterte sa isang korte sa Quezon City noong Oktubre 24.

Dagdag dito, umaasa din ang IPU na kagyat nang mareresolba ang mga kasong kriminal na isinampa laban kina Castro, Bayan Muna President Satur Ocampo at 16 na iba pa kaugnay ng inilunsad nitong fact-finding mission sa isang paaralang Lumad sa Barangay Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte noong Nobyembre 2018. Sinampahan ang 18 ng mga kasong trafficking, kidnapping at child abuse. Naibasura na ang ibang mga kaso liban sa child abuse.

Ikinalugod ni Rep. Castro ang desisyon at pahayag ng IPU. Aniya, “umaasa kaming makatutulong ito para mapabilis ang pagbabasura sa mga gawagawang kaso sa amin sa Talaingod,” ayon sa kanyang pahayag.

Anang IPU, nais nitong mabigyan ng karagdagang impormasyon at mga update sa hinaharap kaugnay ng mga kasong ito. Inilabas ng IPU ang panawagang ito matapos ang ika-147 asembleya nito noong Oktubre 23-27 sa Luanda, Angola.

‘Padyak kontra sindak,’ inilunsad ng mga mamamahayag

Nobyembre 2, 2023

Sama-samang nagbisikleta ang mga mamamahayag at nagtataguyod sa malayang pamamahayag noong Nobyembre 2, para gunitain ang International Day to End Impunity for Crimes Against Journalists na idineklara ng United Nations noong 2013. Sa pangunguna ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP),

nagbisikleta at naglunsad ng programa ang grupo sa Quezon City.

Sa programa, nagtirik ng kandila ang NUJP bilang simbolo ng panawagang hustisya para sa 198 mamamahayag na pinaslang mula 1986 hanggang 2023. Tatlo sa mga biktima ay pinatay sa ilalim ng kasalukuyang rehimeng Marcos.

Sa huling tala ng NUJP, may 84 na insidente ng pag-atake sa midya mula Hunyo 30, 2022 hanggang Hulyo 22, 2023. Kabilang sa mga kasong ito ang pagpatay, pamamaril, pagsasampa ng mga kasong libel at cyber-libel at iba pang mga tinatawag nitong gawa-gawang kaso, at paulit-ulit na panggigipit tulad ng Red-tagging.

Sa buong mundo, iniulat ng Committee to Protect Journalists (CPJ) sa 2023 Global Impunity Index nito ang pagpatay sa 261 mamamahayag sa buong mundo na may kaugnayan sa kanilang trabaho sa nagdaang dekada mula Setyembre 1, 2013 hanggang Agosto 31, 2023. Sa mga ito, 204 kaso, o 78% ng kabuuang bilang, ang wala pang napananagot.

Tinukoy ng ulat na ang tantos na ito ay mas mababa sa 90% na tantos sa dekada bago nito. “Ngunit hindi ito dapat tingnang dahilan para sa optimismo,” ayon sa CPJ. Nanatili pa rin umano ang kultura ng kawalang pakundangan at halos apat sa bawat limang pumapatay sa mga mamamahayag ay hindi napananagot.

Sa tala ng grupo, 956 na ang kaso ng pagpatay sa mga mamamahayag simula 1992 nang mag-

umpisa sila sa pagsasadokumento nito. Walang naisakdal sa 757 o higit 79% ng mga kasong ito.

Mga kaanak ng biktima ng sapilitang pagkawala, nagtipon

Nobyembre 2, 2023

Nagsama-sama ang mga kaanak at kaibigan ng mga biktima ng sapilitang pagkawala at pagdukot ng mga pwersa ng estado sa Bantayog ng mga Bayani sa Quezon City noong Nobyembre 2, para alalahanin sila at igiit ang paglilitaw sa kanila. Hindi bababa sa 2,000 ang naitalang biktima ng sapilitang pagkawala simula panahon ng diktadurang Marcos Sr.

Sa pangunguna ng Desaparecidos (Families of the Disappeared for Justice), nag-alay ng talumpati, tula, awitin, mga sayaw, bulaklak at panalangin ang mga kaanak at kaibigan ng biktima sa isinagawang programa. Nagtirik din sila ng kandila bilang panawagan ng hustisya.

“Nagtitipon tayo tuwing Nobyembre 2, hindi sa pagluluksa, kundi sa walang-katapusang pag-asa na isang araw, hindi na natin kakailanganing magtirik ng kandila o mag-alay ng bulaklak sa pagkawala ng ating mga minamahal, dahil ang araw na ito...ay magiging araw ng pagkamit ng hustisya,” ayon sa grupo.

Kabilang sa dumalo sa pagtitipon si Nicole, ang nakababatang kapatid ni Norman Ortiz na dinukot ng mga pwersa ng estado kasama si Lee Sudario

noong Setyembre 29 sa Barangay Bantud, Gabaldon, Nueva Ecija.

“Sa mahigit isang buwan na [mula nang dinukot ang aking kapatid], marami na kaming napuntahan, kung saan-saan. May mga saksi din kaming nagsasabi na dinukot sila ng mga armadong militar... Sa paghahanap namin, kung saan-saang kampo na kami naghanap, at sinasabi nilang wala doon,” ayon sa kanya.

“Ang hirap kasing maghanap ng taong itinatago... Sa isang buwan, halos araw-araw ko siyang napapanaginipan... Buti pa sa panaginip, nagkita na kami... Hindi naman kami titigil sa paghahanap, kasi naniniwala kami na buhay pa siya,” pahayag pa niya.

Nagbigay rin ng talumpati sina Jonila Castro at Jhed Tamano sa aktibidad. Sina Castro at Tamano, na kapwa aktibo sa paglaban sa reklamasyon sa Manila Bay, ay biktima ng pagdukot, iligal na detensyon, mental na tortyur at iba pang mga paglabag sa kanilang karapatang-tao ng mga pwera ng 70th IB, kasabwat ang National Task Force-Elcac. Dinukot sina Tamano at Castro sa Orion, Bataan noong Setyembre 2.

Noong Setyembre 19, matapang na ibinunyag nina Tamano at Castro ang pagdukot sa kanila ng ahenteng militar sa mismong press conference na ipinatawag ng NTF-Elcac para iharap sana sila bilang mga “surenderi.”

Sa pahayag ni Castro, emosyonal niyang inihatid ang pakikiisa sa mga kaanak ng mga biktima.

“Sana ay maging sapat po muna ang mga yakap namin sa inyo.. yakap ng pakikiisa, pagdamay,” aniya.

“Sinubukan man iwala ng estado ang pamilya at kasama natin para iwala ang paninindigan at diwa ng paglaban... hinding-hindi sila magtatagumpay... hinding-hindi mangayari iyon,” ayon pa kay Castro. “Ang ginagawa nilang pagdukot, ay pagpapatunay lang na dapat tayong magpatuloy. Hindi dapat masayang ang sakripisyo ng ating mga kasama at minamahal, hindi natin ito sasayangin dahil ipagpapatuloy natin ang laban.”

Sa upisyal na tala ng Karapatan, mayroong 11 biktima ng sapilitang pagkawala sa ilalim ng rehimeng Marcos II. Ang mga biktima ay sina: Elgene Mungcal, Ma. Elena Pamposza, Ariel Badiang, Renel delos Santos, Denald Laloy Mialen, Lyn Grace Martullinas, Dexter Capuyan, Gene Roz Jamil de Jesus, Bea Lopez, Lee Sudario, at Norman Ortiz.

Liban sa kanila, batay sa talaan ng Ang Bayan, hindi bababa sa 10 indibidwal ang biktima ng pagdukot at sikretong detensyon ng Task Force Storm at 8th ID sa ilalim ng rehimeng Marcos sa Eastern Visayas. Pinaniniwalaang nakapiit ang mga biktima sa kampo ng 8th ID sa Barangay Maulong, Catbalogan.

Kabilang sa mga sikretong ikinulong ang dalawang bagong inang sina Mariel Rebato at Monica Ogacho at kani-kanyang bagong silang na mga anak.

Planong kasunduang militar ng Japan at Pilipinas, binatikos

Nobyembre 2, 2023

Binatikos ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang planong pagpupulong ni Ferdinand Marcos Jr at Fumio Kishida, punong ministro ng Japan, na gaganapin sa Pilipinas sa darating na Nobyembre 3. Nakatakdang pagkaisahan dito ang isang military access agreement o “visiting forces agreement” na magpapahintulot sa “pagbisita” at pagpasok ng mga pwersa ng Japanese Self-Defense Forces sa bansa sa tabing ng paglahok sa mga ehersisyong militar.

“Ang kasunduang panseguridad na ito ay bahagi ng buong network ng US sa rehiyon, kung saan ang Japan ay nagsisilbing tau-tauhan ng US at ang Pilipinas bilang mahalagang pyesa sa makinarya ng gera ng US sa rehiyon,” ayon sa pahayag ng Bayan.

Anito, pinapapaniwala ang mamamayang Pilipino na ang mga kasunduan at ehersisyong militar na ito ay may layuning protektahan ang bansa sa China, ngunit katunayan ay nagsisilbi lamang sa pagtataguyod ng hegemonya ng US sa buong Asia-Pacific.

Liban pa sa kasunduang ito, nakatakda ring bigyan ng mga kagamitang militar ng Japan ang Pilipinas kabilang ang mga maritime surveillance radar. Bahagi ito ng Official Security Assistance na inilunsad lamang ng Japan noong Abril. Ang

Pilipinas ang unang bansang makatatanggap ng suportang ito.

Giit ng Bayan, imbes na panibagong kasunduang militar ang pag-usapan, dapat igiit ng gubyrerno ng Pilipinas sa Japan ang paghingi ng tawad at pagbibigay ng danyos sa mga biktima ng panggagahasa at pagmamalupit ng mga pwera ng Japan sa mga Pilipina noong World War 2. “Paano natin naatim bilang bansa na imbitahan ang mga tropa ng Japan sa Pilipinas gayong ang mga Pilipinong inabuso noong panahon ng gera ay hindi pa rin nakatatanggap ng hustisya?” ayon pa sa grupo.

Sa isang 19-pahinang desisyon ng United Nations Committee on the Elimination of Discrimination against Women noong Marso, pinuna nito ang gubyrerno ng Pilipinas sa kabiguang bigyan ng hustisya at tulungan ang mga “comfort women” na biktima ng panggagahasa ng mga sundalong Hapon noong sinakop nila ang Pilipinas.

Daan-daang pabrika ng damit sa Bangladesh, isinara ng mga protesta ng mga manggagawa

Nobyembre 3, 2023

Nagsara ang mahigit 250 pabrika ng damit sa distrito ng Gazipur sa Bangladesh mula nagdaang linggo sa harap ng pagprotesta ng libu-libong manggagawa rito. Pumutok ang galit ng mga manggagawa matapos ang alok ng Bangladesh Garment Manufacturers and Exporters Association (BGMEA), samahan ng mga may-ari

ng pabrika, na kakarampot na 25% pagtaas sa buwanang minimum na sahod o 10,400 taka (\$90) mula sa kasalukuyang 8,300 taka (\$75 o ₱4,125). Malayong-malayo ito sa iginigiit nilang pagtaas tungong 23,000 taka (\$209) na anila'y "pinakamababang minimum" para mabuhay nila ang kanilang mga pamilya. Huling nagkaroon ng negosasyon para itaas ang kanilang sahod noong 2017.

Maraming pabrika ang sinugod ng mga manggagawa para ipasara, at ilan dito ay sinunog nila. Naglagay din sila ng mga barikada sa mga kalsada para pigilan ang paglabas ng mga produkto sa mga pabrika.

Bilang tugon, marahas na binuwag ng mga pulis ang mga protesta sa pamamagitan ng tear gas, mga sound grenade at shotgun pellets. Dalawang manggagawa ang napatay sa mga pagbuwag na ito.

Ayon sa mga manggagawa, hinding-hindi na nakaagapay ang dati nang napakababa nilang sahod sa harap ng nagtataasang presyo ng batayang mga bilingin at serbisyo. Ang kasalukuyang \$75 na buwanang minimum ay mas mababa na sa hangganan ng kahirapan kahit noong 2018 nang una itong ipatupad.

Iginiit din ng mga manggagawa na kilalanin ng BGMEA at ng estado ng Bangladesh ang kanilang karapatan sa malayang asosasyon at pag-uunyon. Dala nila ang panawagan ng hustisya para kay Shahidul Islam, isang lider-manggagawa na

pinaslang noong Hunyo sa gitna ng negosasyon para sa dagdag na sahod.

Pangalawang pinakamalaki ang Bangladesh sa buong mundo na tagasuplay ng ready-made garments o mga kasuutan, kasunod sa China. Ito ang pinakamalaking eksport ng bansa, na kumikita ng \$55 bilyon taun-taon. Halos lahat ng malalaking tatak na Amerikano at European ay kumukuha o nagpapagawa ng kanilang mga produkto sa 3,500 pabrika sa bansa. Marami sa mga pabrikang ito ay mga lumang gusali kung saan nagsisiksikan ang libu-libong manggagawa na karamihan ay kababaihan. Nasa 3 milyon ang iniempleyo sa sektor na ito.

Ang mga tagasuporta ng mga manggagawa sa Bangladesh sa iba't ibang bansa ay nanawagan para suportahan ang pakikibaka para sa umento sa sahod. Kabilang dito ang grupong Clean Clothes Campaign na nagpadala ng mga sulat at petisyon sa mga upisina ng Adidas, Levi Strauss, Asos, H&M, M&S, Primark, Zalando, Uniqlo, New Look, Next, Bestseller, Esprit, at Aldi.

Dinakip na hors de combat ng BHB-Mindoro, natunton na ng pamilya

Nobyembre 3, 2023

Matapos ang ilang linggong paghahanap, natagpuan na ng kanyang mga kaanak si Sonny Rogelio (Ka Ed), isang hors de combat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) -Mindoro, sa AFP Medical Center sa V. Luna, Quezon City kung saan siya itinago ng militar. Si Rogelio ay dinakip, kasama si

Sonny Sambutan (Ka Omeng), ng 203rd IBde sa Sityo Manambao, Barangay Santa Cruz, Bongabong, Oriental Mindoro noong Oktubre 17. Wala pang balita sa kalagayan ni Sambutan sa kasalukuyan.

Ayon sa ulat ng Karapatan-Southern Tagalog, grupong katuwang ng pamilya ni Rogelio sa paghahanap, tanging ang ina nitong si Cleofe ang pinayagang makausap ang anak na pasyente sa ospital. Pinigilan ng dalawang bantay na sundalo na makasama ang abugado ng pamilya na si Atty. Sol Taule. Hindi nakapagtagal si Nanay Cleofe sa pakikipag-usap sa anak dahil sa takot sa pagbabantay ng mga sundalo.

Anang Karapatan-ST, malinaw itong paglabag sa karapatan ni Rogelio at kanyang pamilya na makausap at katawanin ng abugado na malaya nilang pinili. Dagdag pa dito ang mga insidente ng pamimilit ng mga elemento ng 203rd IB sa pamilyang Rogelio na “makipagtulungan” sa militar.

Napag-alaman ng pamilya na mayroong sugat si Rogelio sa kanang balikat at ibabang bahagi ng mukha at dahil dito ay hindi siya makapagsalita at makakain ng maayos.

Kaugnay nito, naghain ng apela ang pamilya ni Rogelio sa Commission on Human Rights para hingin na ilipat sa regular na ospital ang biktima. Giit din ng mga kaanak na kilalanin ang karapatan ni Rogelio at itaguyod ang internasyunal na makataong batas at makataong pagtrato sa kanya at sa kanyang pamilya.

Paniningil ng multa ng Globe Telecom, binatikos

Nobyembre 3, 2023

Pinuna ng tagapangulo ng Bayan Muna na si Neri Colmenares ang Globe Telecom sa planong magpataw ng multa sa mga post paid na subscriber na maaantala sa pagbabayad. Ito ay sa kabila ng pagkamal ng kumpanya ng bilyun-bilyong kita noong nakaraang taon. Inianunsyo ng kumpanya na simula Disyembre, maniningil na ito ng ₱50 multa sa gumagamit ng serbisyong mobile postpaid, broadband postpaid at Platinum na hindi makapagbabayad sa takdang oras.

“Sumosobra naman na ata ang pagkaganid sa tubo ng Globe Telecom maski hirap na hirap na ang mga Pilipino sa taas ng bilingin ngayon. Di pa ba sapat ang kinita nilang ₱175 bilyon noong 2022?” bwelta ni Colmenares. Aniya, bakit kapag mayroong problema sa serbisyo ng Globe na nagtatagal minsan ng ilang araw ay wala man lang bawas sa buwanang bayarin ng mga subscriber, “tapos ngayon ay maniningil ng multa?”

Giit ni House Deputy Minority Leader at ACT Teachers Rep. France Castro, dapat bawiin ng Globe ang planong pagpapataw ng multa. Aniya, hindi na ngayon luho ang internet at komunikasyon sa selpon kundi isang pangangailangan...isa itong pampublikong yutilidad na dapat ay pangunahin para sa kagalingan ng publiko at hindi tanging para sa kita.

“Hirap na nga ang mga pamilya, dadagdagan pa ng ganitong bayarin. Kaugnay nito, hinihiling ko ang Senado na pabilisin ang kanilang bersyon sa Committee Report 736 para sa mga kumpanya sa telecom at internet para bigyan ng refund ang mga subscriber na naapektuhan ng pagkaputol at pagkawala ng serbisyo,” ayon pa kay Rep. Castro.

Ganito rin ang hiling ni Colmenares. Aniya, “dapat maging maunawain ang Globe sa kanilang mga subscriber at ibasura ang multa na ito. Ayusin din nila ang serbisyo nila kesa puro kita at tubo ang inuuna.”

Dagdag na kumpensasyon at bayad sa obertaym, giit ng mga guro

Nobyembre 4, 2023

Muling ipinanawagan ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) ang pagtatanggal sa ipinapataw na 20% buwis sa honorarium o bayad na tinatanggap ng mga guro sa pagsisilbi tuwing eleksyon. Anito, napakaliit na ng ibinigay na honorarium at alawans sa mga Board of Election Inspector (BEI). Nanawagan din ang grupo na bayaran ang obertaym na trabaho ng mga guro.

“Hindi naman kalabisan ang kahingian ng mga guro na huwag nang buwisan pa ang election service honoraria (bayad sa serbisyo sa eleksyon),” ayon kay Vladimer Quetua, tagapangulo ng ACT. Aniya, labis na matrabaho ang bilangan ng boto nitong Barangay at SK election at ang iba pa nga ay umabot nang hanggang kinabukasan.

“Napakalaking bagay ang ikakaltas na ₱1,800 hanggang ₱2,000 buwis sa kumpensasyon na dapat sana ay mapakikinabangan naming mga guro na karamihan ay nagtrabaho nang lampas 24 oras. Labis-labis ang oras na iginugol ng mga guro mula sa paghahanda bago pa man ang araw ng eleksyon hanggang sa pagsusumite ng election returns. Pagod, puyat, at may ilan pang nakaranas ng pandarahas nitong eleksyon kaya marapat lamang na ibigay ito nang buo,” giit ni Quetua.

Anang grupo, pumasa na sa kongreso at senado noong 2022 ang panukalang ilibre sa buwis ang bayad sa eleksyon na inihain ng ACT Teachers Partylist at apat na taong ipinaglaban ng mga guro. Nakadidismaya umano na ibinasura ito ni Marcos pagkaupong pagkaupo sa pwesto.

Pagkakaso sa mga guro

Sinagot naman ng ACT ang kamakailang pahayag ng kalihim ng Department of the Interior and Local Government (DILG) na si Benjamin Abalos Jr na suportado nito ang plano ng Comelec na kasuhan ang mga guro na umatras sa pagseserbisyo sa eleksyon.

“Hindi dapat banta ng pagkakaso, kundi pag-unawa, ang ihain ng gubyerno sa mga gurong may lehitimong dahilan kung bakit piniling ilayo ang sarili sa posibleng banta sa buhay at seguridad lalo pa kung bunga ito ng karanasan mula sa nakaraang mga eleksyon at sa kasalukuyang lagay ng kanilang lokalidad,” pahayag ni Quetua.

Aniya, hindi naman siguro aatras ang mga guro kung hindi ito usapin ng buhay o kamatayan. Dapat umanong siniguro ng COMELEC at DILG noong una pa lamang ang proteksyon at seguridad ng mga guro mula paghahanda hanggang mismong eleksyon para napanatag ang loob ng mga guro.

“Dapat na magtakda at bigyang-ngipin ang batas na magpuprotekta sa mga guro, at patawan ng mabigat na parusa ang mga lalabag at maghahasik ng karahasan sa panahon ng eleksyon. Mismong mga nagsilbing BEI ay nakaranas ng panghahasik mula sa mga tagasuporta at watchers ng mga kandidato,” ayon kay Quetua. Aniya, “overworked, underpaid, at under attack” ang mga guro sa ilalim ng rehimeng Marcos at kahit bago pa nito.

Pagtatalaga ng kroni ni Marcos Jr sa Department of Agriculture, binatang

Nobyembre 4, 2023

Binatikos ng mga grupong magsasaka, manggagawang-bukid at mangingisda ang pagtatalaga ni Marcos Jr kay Francisco Tiu-Laurel Jr bilang kalihim ng Department of Agriculture (DA). Anang mga grupo, ang ipinalit ni Marcos sa poder ay katulad niyang walang alam sa agrikultura at walang rekord ng pagsisilbi sa bayan. Malinaw din umanong pabor ito ng pangulo kay Tiu-Laurel bilang isa sa nagpondo sa kanya noong eleksyon.

“Tiyak na dala-dala ni Tiu-Laurel Jr ang interes niya sa negosyo at pagpaling niya sa kanyang uri. Bilang nagmula sa isang pandaigdigang conglomerate sa pagkain, siya at ang negosyo ng kanyang pamilya at katulad niyang mga naghaharing kumprador ay tiyak na makikinabang sa kanyang bagong pusisyon,” ayon kay Ka Danilo Ramos, tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP).

Si Tiu-Laurel Jr ay ang pangulo ng Frabelle Group of Companies na may kaugnayan sa mga negosyong deep-sea fishing (pangingisda sa malalim na karagatan), aquaculture, pagdedelata, pagmamanupaktura ng pagkain, pagpuproseso, importasyon at pangangalakal ng pagkain, operasyon at konstruksyon sa mga daungan, real estate, at power generation (kuryente).

Hawak ng Frabelle ang 117 sasakyang pandagat na nangingisda ng tuna at sardinas. Si Tiu-Laurel Jr ay may personal ding interes sa reklamasyon sa Manila Bay bilang pangulo ng Bacoor Seafront Corp. at Diamond Export Corp.

Ayon sa KMP, dahil kinakatawan niya ang interes ng malalaking negosyo, tiyak na wala siyang alam sa kalagayan ng maliliit na mga magsasaka at mangingisda na pinakamahihirap sa bansa.

Para sa grupo ng kababaihang magsasaka na Amihan, sa pagkakatalaga ng isang kinatawan ng oligarkiya sa DA, “mas lalong aasa lang [ang ahensya] sa importasyon at walang plano para palakasin ang lokal na produksyon.”

Anang grupo, dapat ilantad ang mga ganitong mga pakana ni Marcos Jr at kasabwat niyang mga oligarko. Dapat umangong magkaisa ang mga demokratikong sektor para tuluy-tuloy na isigaw ang tunay na solusyon—ang tunay na reporma sa lupa at pagpapalakas sa lokal na produksyon.

Nakiisa din sa hanay ng mga magsasaka at mangingisda si House Deputy Minority Leader at ACT Teachers Rep. France Castro sa pagbatikos sa tinawag niyang “politically payback” sa pagtatalaga kay Tiu Laurel Jr. Nagbigay ng ₱30 milyon si Tiu-Laurel Jr sa pagtakbo ni Marcos Jr noong eleksiyong 2022.

Protesta kontra sa pagbisita ng punong ministro ng Japan sa Pilipinas, inilunsad

Nobyembre 4, 2023

Nagprotesta ang mga progresibong organisasyon sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) sa House of Representatives kahapon, Nobyembre 4, para batikusin ang pagharap ni Japan Prime Minister Kishida sa pinagsanib na sesyon ng Senado at Kamara. Binatikos ng mga grupo ang nilulutong “visiting forces agreement” sa pagitan ng Pilipinas at Japan at iba pang kasunduang panseguridad.

Bumisita sa Pilipinas si Kishida noong Nobyembre 3-4 para umano talakayin ang mga kasunduang militar at pandepensa. Ginamit nitong sangkalan ang pinalalabas na pagtatanggol sa soberanya ng bansa kontra sa panghihimasok at panghaharas

ng China sa mga Pilipino sa South China Sea. Pero kabalintunaan ang pagdadahilang ito, ayon sa grupo, at sa katunayan ay magpapaigting lamang sa lumalalang tensyon sa West Philippine Sea na maaaring mauwi sa gera. Magdudulot lamang ito ng matinding pinsala sa mamamayang Pilipino.

Sa 2-araw na bisita, pumirma sina Kishida at Marcos sa mga dokumentong nagbabalangkas sa Official Security Assistance (OSA) ng Japan sa Pilipinas. Nakatakdang magbigay ang Japan ng ₱235.50 milyon para sa mga coastal radar (pambaybay na radar) na ibibigay sa Armed Forces of the Philippines.

Pinirmahan din ang ayuda para sa pagbili ng mga kagamitang pangkonstruksyon para sa mga daan at pagsuporta sa mga programang diumano'y pagtugon sa mga sakuna. Lumusot din sa usapan ang “pagtutulungan” ng dalawang bansa kaugnay ng pagmimina sa Pilipinas, mga usapin sa turismo, kalakalan at transportasyon kabilang ang grandyoso at mamahaling imprastruktura.

Nagpahayag ng pagkabahala si House Deputy Minority Leader at ACT Teachers Rep. France Castro sa mga kasunduang ito. Aniya, hindi pa humihingi ng kapatawaran ang Japan sa mga pang-aabuso nito noong World War II sa “comfort women,” pinaplano na namang papuntahin ang kanilang mga sundalo sa bansa. Ang mga comfort women ay kababaihang ginawang aliping sekswal ng mga tropa ng Japan noong Ikalawang Digmang Pandaigdig.

“Isa lamang ito sa mga rason ng pagtutol natin sa iminumungkahing kasunduang panseguridad. Nagiging kuta na ng pagsasanay militar ang ating bansa para sa mga industriyalisadong bayan habang isinasapanganib ang ating populasyon at binibigyan tayo ng tira-tira mula sa kanilang kagamitang militar,” ayon pa sa mambabatas.

Dapat umanong manindigan ang Pilipinas sa sarili nitong mga paa at magtaguyod ng nagsasariling patakarang panlabas imbes na maging palaasa at nakasalalay sa malalaki at imperyalistang mga bansa. “Tayo ang naiipit sa banggaan ng malalaking bansa samantalang interes lang naman din nila ang kanilang itinutulak at ginagamit lang tayo. Dapat nating itigil ang ganitong klase ng pagsalalay sa kanila,” aniya.

Dagdag na pasaning mga buwis, itinutulak ng rehimeng Marcos

Nobyembre 5, 2023

Walong panukala ang itinutulak ng mga upisyal sa ekonomya ng rehimeng Marcos para makalikom ang reaksyunaryong estado ng dagdag na kita sa susunod na limang taon. Anim dito ay dagdag na buwis, kung saan apat ay direktang tatama sa mamamayan. Dalawa ang ipapataw sa pagkain at inumin—sa matamis na inumin at junk food (tsitsirya), at sa mga pre-mixed na alak.

Dalawang panukalang dagdag buwis ay ipapataw sa mga serbisyo—motor-vehicle road user’s tax at value-added tax o VAT sa mga serbisyong digital. Ang dalawa pa, excise tax sa single-use plastics

(isahang gamit na plastik) at carbon, ay babayaran din ng mga konsyumer sa anyo ng ipapasang dagdag singil ng mga kumpanyang gumagawa ng plastik at singil sa kuryente. Ang mga panukalang ito ay dati nang itinulak sa ilalim ng rehimeng Duterte ng noo'y pinuno ng Bangko Sentral ng Pilipinas at kasalukuyang kalihim ng Department of Finance na si Benjamin Diokno.

Kung maipapasa, apat sa mga panukala ay magkakabisa sa 2024. Lilikom diumano ito ng ₱3.7 trilyon sa 2023 at ₱6.6 trilyon sa 2028, tataas sa abereyds na ₱512.7 bilyon kada taon. Lahat ito ay kukunin sa bulsa ng mamamayan, partikular sa mga pamilyang mahihirap at middle class na siyang pinakamalaking seksyon ng populasyon na kumukonsumo sa bubuwisang pagkain at tumatangkilik sa bubuwisang mga serbisyo. Ang buwis lamang sa inasukalang mga inumin ay nakatakdang lilikom ng halos ₱300 bilyon sa susunod na limang taon.

Samantala, patuloy pa ring itinutulak ni Diokno, katuwang ang NEDA, ang pagbabawas ng hanggang 10% sa ipinapataw na taripa sa sensitibong mga produktong pagkain tulad ng bigas, mais at karne. Ipagkakait ng panukalang ito ang kinakailangang kita ng estado. Minaliit ni Diokno ang nalilikom ng estado mula rito at sinabing “nakulekta” na ng estado ang ₱17 bilyon mula sa mga taripa.

Higit dito, isasadlak nito sa pagkalugi ang mga lokal na magsasaka at prodyuser. Sa taya ng isang grupong pang-agrikultura, malulugi ng ₱33.5 bilyon ang mga magsasaka sa palayan kung

ibababa ang taripa sa bigas. Ang mga magbabababoy ay malulugi nang ₱16-₱18 bilyon at ang mga manukan nang ₱6-₱8 bilyon kada taon.

Mga manggagawa sa Nexperia, muling nagprotesta

Nobyembre 5, 2023

Muling nagprotesta ang daan-daang manggagawa sa pangunguna ng Nexperia Phils. Inc. Workers Union noong Nobyembre 4 para tutulan ang mga paglabag sa kanilang Collective Bargaining Agreement (CBA) at kundenahin ang tanggalan na isinagawa ng kumpanya noong Oktubre 2022.

Nagmartsa sila sa loob ng Light Industry and Science Park, Cabuyao, Laguna kung saan matatagpuan ang kanilang pabrika. Panawagan nilang ibalik sa trabaho ang walong manggagawa na anila'y sinisante nang walang batayan at labag sa kanilang CBA. Sigaw nila, ang laban ng walo ay laban ng buo!

Nagprotesta rin ang mga manggagawa noong Oktubre 26 sa loob ng kumpanya para kundenahin ang tanggalan at atake sa unyon at ipamalas sa kapitalista ang kanilang solidong lakas. Anila, labag sa probisyon ng kanilang CBA na "last in, first out" ang pagtatanggal sa walo na kinabibilangan ng tatlong upisyal ng unyon.

Para bigyang-matwid ang pagtanggap, sinasabi ng kapitalista na sobra na sa walo ang manggagawa sa Power Department na itinakda ng punong

upisina ng dayuhang kumpanya. Nakabase ang hedkwarters ng Nexperia sa The Netherlands.

Ayon sa unyon, ang kapitalista ay “acting in bad faith” o hindi tumutupad sa probisyon ng CBA para sa union security o seguridad ng unyon. Union busting o pagbuwag sa unyon din ang layunin ng kumpanya dahil “hinahati nito ang kaisipan ng manggagawa na iba ang isyu ng Sensors closure sa isyu ng Power Department na sa katunayan ay nasa isang kumpanya lamang,” pahayag ng unyon.

Batid ng mga manggagawa na ang tunay na layunin ng kapitalista ay “tagpasin” ang pamunuan ng unyon bilang paghahanda nito sa paparating na negosasyon para sa bagong CBA.

Hustisya, giit ng mga grupo sa pagpatay sa brodkaster sa Misamis Occidental

Nobyembre 6, 2023

Sama-samang nagprotesta at nagtirik ng kandila ang mga grupo ng mamamahayag at estudyante sa harap ng Commission on Human Rights sa Quezon City kahapon, Nobyembre 5, para manawagan ng hustisya sa pagpatay sa brodkaster na si Juan Jumalon. Si Jumalon, batikang brodkaster sa radyo sa Misamis Occidental, ay binaril at napatay sa kanyang bahay sa bayan ng Calamba habang “on-air” ang kanyang programa. Nakunan pa ng bidyo ang aktwal na insidente.

Kilala si Jumalon bilang DJ Johnny Walker ng 94.7 Calamba Gold FM. Ayon sa National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), na nanguna sa protesta, si Jumalon ang ika-4 na mamamahayag na pinaslang sa ilalim ng rehimeng Marcos. Giit ng grupo, dapat itong labis na kundenahin dahil naganap ang pamamaslang sa mismong bahay ng biktima, na siyang nagsisilbi ring kanyang istasyon ng radyo.

Naganap ang pagpaslang ilang araw matapos gunitain noong Nobyembre 2 ang International Day to End Impunity For Crimes Against Journalists. Si Jumalon ay maituturing na ika-199 na biktima ng pagpatay na may kaugnayan sa pamamahayag simula 1986. Ang Pilipinas, sa ulat ng Committee to Protect Journalists (CPJ) na Global Impunity Index 2023, ay ika-8 sa pinakamapanganib na lugar para sa mga mamamahayag. Kabilang ang bansa sa listahang ito sa nagdaan 16 na taon.

Kabilang sa dumalo sa protesta ang mga mamamahayag pangkampus ng College Editors Guild of the Philippines (CEGP), mamamahayag ng Altermidya network at mga grupo sa karapatang-tao. Binatikos din nila ang pakitang-tao na pagkundera ng rehimeng Marcos sa krimen, habang nagpapatupad ito ng mapanupil na mga patakaran laban sa midya at malayang pamamahayag.

Pag-uwi ng mga Pilipino na nasa Gaza, naudlot dahil sa pambobomba ng Israel

Nobyembre 6, 2023

Naudlot ang pag-uwi ng 20 Pilipino na nasa Gaza nang bombahin ng Zionistang Israel ang ilang ambulansya sa Rafa Crossing, sa hangganan ng Gaza at Egypt, noong Nobyembre 5. Nasa hangganang iyon ang ilang Pilipino nang bigla itong isara. Kasama rito ang dalawang buntis at ilang menor-de-edad at isang buwang sanggol. Nakatakda sana silang lumabas sa Gaza ngayong Linggo. Naantala rin ang paglabas ng susunod na grupo ng 30 Pilipino. Binigyan lamang ng Egypt ang mga Pilipino ng 72 oras sa kanilang bansa, kung kaya'y kailangan din nilang agad-agad na lumipad palabas dito.

Binibigyang-matwid ng Zionistang Israel ang pagbomba sa mga ambulansya sa pagsabing may laman itong mga armas at sugatang mandirigma ng Hamas. Ang pambobomba sa ambulansya, pag-atake sa mga ospital, pagpatay sa mga protektadong indibidwal tulad ng mga duktor at iba pang manggagawang pangkalusugan at pagtarget sa mga sibilyan ay pawang malalang paglabag sa internasyunal na makataong batas at mga krimen sa digma. Labag din sa mga alintuntunin ng digma ang pagtarget sa mga mandirigma kung sila ay sugatan o hors de combat.

May kabuuang 134 Pilipino sa Gaza, at 115 sa kanila ay nagpahayag ng kagustuhang umuwi.

Mayroon namang 123 Pilipino sa West Bank, apat ang nagpaalam nang umuwi. Dalawa sa kanila ang nakatawid na tungong Jordan. May mga Pilipinong tumanging umalis sa Gaza dahil hindi nila maaaring isama ang kanilang pamilyang Palestino.

Mariing kinundena ng Migrante International ang walang pakundangang pambobomba ng Israel sa Palestine na tumatarget sa lahat ng mga sibilyan sa Gaza, kabilang ang mga Pilipinong nagtatrabaho at nakatira doon. Kinundena rin nila ang kabagalan ng tugon ng rehimeng Marcos sa pag-repatriate sa naturang mga Pilipino. Anila, basta-basta lamang naniniwala ang rehimen sa huwad na mga pangako ng Israel na “papayagan” nitong makalabas sa Gaza ang mga Pilipino, pero sa aktwal ay wala ang mga pangalan nila sa listahan ng mga awtoridad sa hangganan ng Rafa Crossing. Batid ito ng ambasadador ng Pilipinas sa Jordan na nagsabing “mananalangin” na lamang ito na “ligtas na makaabot ang mga Pilipino sa hangganan oras na bigyan sila ng pahintulot na tumawid sa hangganan.”

“Mas malaki dapat ang ginagawa ng gubyerno ng Pilipinas liban sa ‘umasa at manalangin’ (hope and pray) para sa mga Pilipino sa West Bank at Gaza,” bwelta ng Migrante International. Dapat humakbang ito para sa mabilis at kagyat na pagpapauwi sa kanila.

Dapat bumoto pabor ang Pilipinas para sa humanitarian ceasefire kahit man lamang para sa mga Pilipinong nasa Gaza, ayon sa grupo. Nag-abstain ang Pilipinas sa panawagan ng tigil-putukan sa pagdadahilang “insulto” ito sa apat na

Pilipino na namatay sa Israel sa panahon ng Al-Aqsa Flood, ang surpresang atake ng Hamas labas sa Gaza. Ang totoo, sunud-sunuran ito sa kumpas ng US laban sa gayong hakbang dahil hahadlang ito sa kampanyang henosidyo ng Israel laban sa Palestine.

“Nagdurusa ngayon ang mga Pilipino dahil sa maka-US na pag-abstain ng Pilipinas (sa botohan), gayundin sa brutalidad ng Israel laban sa mga Palestino dahil dito,” ayon sa grupo.

Samantala, nakiramay ang Migrante sa pamilya ni Angelyn Aguirre na namatay nang tumanggi siyang iwan ang kanyang pasyenteng Israeli.

“Pagpapaalala ang kaso ni Angelyn na maraming Pilipino ang patuloy na kumakaharap sa peligro, at maging kamatayan, laluna sa Gaza dahil sa walang pakundangan, malawakan at walang awat na pambobomba ng Israel,” ayon sa grupo. Kinwestyon din nito ang ipinalalaganap na kwento na namatay si Aguirre sa atake ng Hamas, gayong hindi malinaw ang mga sirkumstansya ng kanyang pagkamatay, kasama ang kanyang pasyente, kahit ayon sa midya.

“Pagpapatunay si Angelyn sa napapala ng mga Pilipino sa labor export program ng gubyerno sa Pilipinas at pagtanggihan nitong lumikha ng disentang mga trabaho sa bansa,” anito. Dahil dito, nasasadlak ang mga Pilipinong manggagawa sa iba’t ibang uri ng marahas na sigalot. Dapat matulak nito ang gubyerno ng Pilipinas na tumayo sa sariling paa at lumikha ng mga trabaho para sa sariling mamamayan.

Libu-libong tropang US, namamalagi sa Pilipinas sa tabing ng mga war game

Nobyembre 7, 2023

Sa darating na Nobyembre 9, ilulunsad ng US, sa pamumuno ng Marine Rotational Force—Southeast Asia (MRF-SEA) nito, ang war game na Kamandag. Lalahukan ito ng 1,800 tropa mula sa Pilipinas, US, South Korea at Japan. Isasagawa ang mga pagsasanay sa Palawan, Batanes, Zamboanga at Tawi-Tawi. Huli lamang ito sa daan-daang aktibidad at operasyong militar na inilunsad ng US, pati ng mga alyado nito, sa loob ng teritoryo ng Pilipinas nitong taon.

Noong Oktubre, inilunsad din ng mga MRF-SEA ang war game na Sama-Sama 2023 na tumakbo nang 12 araw at nilahukan ng mahigit 1,000 tropa mula sa US, Pilipinas, Australia, Canada, France, Japan, Malaysia at United Kingdom. Dinayo ito ng iba't ibang warship mula Australia, UK at Canada.

Ang MRF-SEA ay pangalawang “task force” na binuo ng US Marines para magsilbing “forward-positioned” na tropa ng US sa Southeast Asia. Inatasan itong magsagawa ng “back-to-back” o magkakasunod na war game sa rehiyon hanggang Disyembre. Liban sa Kamandag at Sama-Sama, ilulunsad nito ang Cooperation Afloat Readiness and Training (CARAT) sa Brunei, Marine Exercise (MAREX) sa Indonesia, at Exercise Valiant Mark (VM) sa Singapore.

Ang mga war game na ito, na nakapokus sa “pagsasanay” ng mga sundalong Marines marino ng US at Pilipinas, ay bahagi ng disenyo ng US na itransporma tungo sa isang “strike force” ang mga yunit na ito. Alinsunod ito sa Force Design ng US Marine Corps na may layuning ihanda ang mga yunit ng Marines ng US, pati ng rin ng Pilipinas at iba pang hukbo sa Southeast Asia, sa isang gerang nabal laban sa karibal nitong imperyalistang China.

Mayor na layunin ng Force Design, na unang inilatag noong 2019, ang transpormasyon ng US Marines bilang pwersang “inland” (panlupa) tungong “littoral” (malapit sa baybay) at ituon ang “pangunahing pokus” nito sa “kumpetisyon sa pagitan ng malalaking kapangyarihan” sa rehiyon ng Indo-Pacific.

Layunin din nito ang pag-upgrade ng kapasidad at kagamitan ng mga yunit ng Marines tungo sa pagiging mas “amphibious” (pwedeng sa tubig at lupa) at pagsasanay sa mga pwersa nito sa “amphibious operations” o pag-atake mula sa dagat gamit ang mga barkong nabal at jetfighter. Madalas, itinatago ang pagsasanay na ito sa mga operasyong “coastal defense,” “humanitarian operations,” at iba pa. Bahagi ng mga war game ang pagsasanay ng mga tropa sa mga operasyong nukleyar.

Magsasaka, pinaslang ng ahente ng AFP sa Sorsogon

Nobyembre 7, 2023

Pinatay ng mga bayarang ahente ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang magsasakang si Arnel Halum noong Nobyembre 5 sa Sityo Kamandag, Barangay San Pascual, Casiguran, Sorsogon. Tumutulong siya sa kanyang bayaw sa pagbubunot ng niyog sa panahong iyon.

Si Halum, 42 taong gulang, ay isang magsasaka na residente ng Barangay San Pascual at naging myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong 2007-2009. Matagal na siyang wala sa armadong kilusan.

Ayon sa pamilya ng biktima, may pumunta na mga di nakikilalang “dating myembro ng NPA” sa bahay ni Halum, bandang alas 10 ng umaga ng parehong araw. Hinala ng pamilya na mga ahente na ng AFP ang mga iyon.

Bago nito, ilang buwan nang pinipilit ng mga ahenteng militar si Halum na “sumurender” sa ilalim ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) at sumali sa grupo ng mga “rebel returnee.” Tinanggihan niya ang mga pamimilit na ito.

Kinundena ng BHB at buong rebolusyonaryong kilusan sa Sorsogon ang pagpatay kay Halum at nakikiisa sa pamilya sa panawagang hustisya.

Anang BHB-Sorsogon, “ang pagpaslang kay Halum ay nagpapatunay lamang na hindi ligtas sa pasismo at ekstrahudisyal na pamamaslang kahit ang matagal nang nagpahinga na mandirigma na sibilyan na ang katayuan.” Pinatutunayan umano

nito na bogus at kontra-kapayapaan ang kampanyang kontra-insurhensya ng AFP.

Sa huling tala ng Ang Bayan, umabot na sa 133 ang biktima ng pampulitikang pamamaslang sa bansa sa panahon ng rehimeng Marcos.

Operasyon sabit sa Antipolo City, isinagawa ng NDF-Rizal

Nobyembre 7, 2023

Matagumpay na naisagawa ng mga pwersa ng National Democratic Front-Rizal ang mabilisang pagsasabit ng balatengga sa Antipolo City noong Nobyembre 5. Nakasulat sa balatengga o istrimer ang pangalan ng mga martir na mandirigma ng Narciso Antazo Aramil Command ng Bagong Hukbong Bayan-Rizal.

Pinarangalan ng NDF-Rizal sina Ermin Bellen (Ka Romano), Lucio Simporoso (Ka Bisaya) at Jose Villahermosa (Ka Pancho). Brutal silang minasaker ng mga pasistang pulis at sundalo habang natutulog sa isang bahay noong Disyembre 2019. Nakilala ang kaso na Antipolo 3.

Pinarangalan din ng NDF sa prubinsya sina Misael Ontangco (Ka Goreng), Roger Villaflores (Ka Hammer) at Pablito Glindo (Ka Luis) na kinikilala ng rebolusyunaryong kilusan bilang magigiting na lider at mga kumander na nakibaka para sa mga karapatan ng mga katutubo at magsasaka.

Kinilala rin ang mga modelong kabataang martir na sina Kevin Castro (Ka Facio), Angelo Pongyan (Ka Toto), Eliza Pera, Josella Peñano at Kathrina

Gatlabayan Zapanta na tinalikuran ang kanilang magiginhawang buhay at inialay ang kanilang talino para maglingkod sa sambayanan.

Kasabay sa mga nabanggit ay pinarangalan din ng NDF-Rizal ang mga Pulang bayani na sina Narciso Antazo Aramil, Rodel Cruz (Ka Delo), Nida Dismaya, Gilbert Tigas, Deoscorro Cello, Vergil Mateo, Rizaldy Mirasol, Florencio Regidor, Violeta S. Timajo, at lahat ng iba pang mga martir na walang pangalan, walang mukha, ngunit nagsilbi sa masang api hanggang kamatayan nang walang hininging kapalit.

Sa kanilang pagbibigay ng pinakamalaking sakripisyo para sa sambayanan, sila ay magsisilbing inspirasyon para ipagpatuloy ang rebolusyong Pilipino. Sa pag-alala sa kanila ng rebolusyonaryong mamamayan, mamamalagi ang kanilang mga pangalan at kwento sa isipan at puso na puno ng alab hanggang sa pagtatagumpay ng digmang bayan. (Ulat mula sa NDF-Rizal)

Balitang engkwentro sa Negros Occidental, pinasinungalingan

Nobyembre 8, 2023

Pinasinungalingan ngayong araw ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southwest Negros ang pinalalabas na engkwentro ng 15th IB sa isang yunit ng hukbong bayan sa Barangay Yaoyao, Cauayan, Negros Occidental noong Nobyembre 7. Kinumpirma ng grupo sa karapatang-tao na September 21 Movement-South Negros na parehong sibilyan ang pinaslang ng 15th IB.

“Walang engkwentrong naganap,” ayon sa September 21 Movement-South Negros. “Una nang nakita ng mga residente na may dalawang sibilyan na dala ang militar at pumasok sa gubat.” Kasunod umano nito, nakarinig na lamang ang mga residente ng sunud-sunod na putok, dagdag ng grupo.

Pinalalabas ng 15th IB na napatay ang dalawa sa 10-minutong palitan ng putok. Nagpakana pa ito na nakumpiska sa engkwentro ang isang ripleng baby M16, kalibre .45 pistola, mga magasin at bala, pampasabog at bakpak.

Para ibayong maghasik ng takot at sindakin ang mga residente, nagtayo ng maraming tsekpyont ang mga sundalo at pulis sa naturang barangay. Militarizado rin ang katabing mga barangay nito na barangay Caliling at Masaling.

“Hindi na bago ang ganitong taktika ng militar na pagpapalabas ng pekeng engkwentro para makapagtala ng mga tagumpay at para kumita,” ayon pa sa grupo. Kasalukuyan pang nag-iimbestiga ang grupo sa nangyaring insidente at alamin ang pagkakakilanlan ng mga biktima.

Batid ng mga residente sa lugar ang maruming taktika ng ekstrahudisyal na pagpatay ng mga sundalo sa sibilyan.

Batang demolisyon sa San Roque sa Quezon City, tinututulan

Nobyembre 8, 2023

Tutol ang mga residente sa planong demolisyon at pagpapalayas sa mga residente ng Area H, Sityo San Roque sa Quezon City na sumasaklaw sa kahabaan ng Agham Road. Sa pangunguna ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)-San Roque, sumulat ang mga residente sa Presidential Commission for the Urban Poor (PCUP), National Housing Authority (NHA), lokal na gubyrno ng Quezon City at iba pang ahensya upang igiit ang kanilang karapatan sa paninirahan sa harap ng banta ng demolisyon ng Ayala-NHA.

Nalaman ng mga residente ang planong demolisyon nang makatanggap ng sulat noong nakaraang linggo para sa isang “pre-demolition conference” sa darating na Nobyembre 9 na ipinatawag ng PCUP. Inilahad ng PCUP sa sulat na pag-uusapan sa naturang kumperensya ang “kalagayan ng paninirahan sa lupang pag-aari ng NHA at prayoridad para sa isasagawang bagong proyektong pangkaunlaran.” Sa kabila ng presensya ng mga organisasyon ng maralita sa lugar, hindi sila inimbitahan sa kumperensya.

Samantala, inilatag ng Kadamay-San Roque sa sulat na ipinadala nito sa mga ahensya ng gubyrno ang kahingian ng mga maralita. Kinwestyon nila ang hindi pag-imbata sa kanilang samahan at sa iba pang lokal na samahan sa pagpupulong at ang pagratsada sa demolisyon.

Binatikos din ng Kadamay-San Roque ang NHA na umaaktong “private claimant” na nagpapalayas sa kanilang lupain, samantalang palpak naman sa pagpapatupad sa mandato na magbigay ng programang paninirahan para sa maralita.

“Ang kasalukuyang banta ng demolisyon at pagpapalayas ay panibagong pagtatangka ng NHA na tuparin ang kuntsabahan sa malaking korporasyong Ayala. Hatid ng joint venture agreement ng NHA-Ayala ang pekeng kaunlaran, ang kaunlarang para sa iilan,” giit ng grupo. Taong 2004, ibinenta ng NHA ang pampublikong lupa ng Sityo San Roque sa kumpanyang Ayala Land Corporation.

“Dekada na ang laban namin dito,” ayon kay Ka Inday Bagasbas, tagapagsalita ng Kadamay-San Roque. “Hindi naman kami papayag na basta-basta na lang kaming palalayasin at itatapon sa kung saanmang liblib na lugar nang walang matinong plano mula sa gubyerno. Kung kinakailangang magbarikada ulit kami, handa kami.”

Samantala, nagpadala rin ng sulat sa iba’t ibang ahensya ng gubyerno ang Inclusive Cities Advocacy Network (ICAN), na suportado ng 100 kinatawan ng mga organisasyong masa at akademiko, na kumukwestyon sa ligalidad ng demolisyon sa Area H.

Batangas Gold Project: Ginto para sa dayuhan, delubyo sa mamamayan

Nobyembre 8, 2023

“Sa inyo ang ginto, sa amin ang guho!”

Ito ang sigaw ng pagtutol ng mamamayan ng bayan ng Lobo, Batangas sa proyektong minang isasagawa ng Bluebird Merchant Ventures Inc.,

katuwang ang Mindoro Resources Limited Inc. na siyang nagsasagawa ng eksplorasyon at lokal na kumpanyang Alpha Diggers Inc.

Noong Setyembre 2022 ay inianunsyo ng kumpanya ang pagpayag ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) sa dalawang taong ekstensyon ng eksplorasyon ng mina.

Ipinagmamayabang ng kumpanya na suportado ng gubyerno ng Pilipinas ang humigit kumulang 2,175 ektaryang Batangas Gold Project na nasa ilalim ng Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) sa loob ng 25 taon.

Matapos ang halos dalawang dekadang eksplorasyon, handa na ang operasyon ng aktwal na ekstraksyon ng bilyong pisong ginto at iba pang mineral sa mga kabundukan ng Lobo.

Lobo: Bayang pinaglalawayan ng dayuhan

Ang bayan ng Lobo ay matatagpuan sa ikaapat na distrito ng probinsya ng Batangas, at tirahan ng nasa 41,504 na mamamayan. Ang kabuuang lupain nito ay may lawak na 19,268 ektarya kung saan 14,933 ektarya dito ang agrikultural, kung kaya't mayor na kalakal ng bayan ay palay, mais, niyog, gulay, prutas, isda at mga halamang-ugat.

Pinalilibutan ang bayan ng mga burol at kabundukan sa Hilaga at Kanluran. Matatagpuan dito ang mga kabundukan ng Naguiling, Nalayag, Nagpatong at Bangkalan na dinarayo ng mga turista. Bukod sa napakataas na konsentrasyon ng ginto at iba pang mineral, ang mga bulubundukin

ng Lobo ay pinagmumulan ng malinis na tubig ng mga residente nito at ng mga karatig na bayan. Sa mga kabundukan din naninirahan ang mga ibong kalaw, mga baboy damo, at iba pang protektadong hayop.

Apat na dekada ng pangangamkan at paglaban

Ang kasaysayan ng pag-angkin ng yamang mineral ng bayan ng Lobo ay nagsimula pa noong 1986 nang inangkin ng Resource Mineral Exploration Corporation ang karapatan na magmina dito. Noong 1988, ibinenta nito ang naturang karapatan sa Galactica Mineral Exploration Corporation na siyang nagbenta naman sa Apical Mining Corporation noong 1997. Taong 2000 ay ibinenta naman ng Apical Mining Corporation ang karapatan sa Egerton Gold Philippines Inc. (EGPI), isang Australyanong kumpanya na nakisosyo sa Mindoro Resources Limited Gold Philippines (MRL) upang isagawa ang eksplorasyon o paghahanap ng konsentrasyon ng ginto sa lugar.

Noong 2003, kumuha ang Egerton ng Exploration Permit Agreement (EPA) sa Mines and Geosciences Bureau (MGB) Region 4 na nagbigay ng karapatang magsagawa ng eksplorasyon o paghahanap ng ginto sa mga bayan ng Lobo at San Juan.

Nakuha din ng Egerton ang EPA ng Kumakata Mining Company Inc. at Lambunao Mining Company Inc. na kapwa pagmamay-ari ng Phelps Dodge Exploration Corporation sa mga potensyal

na pagkunan ng ginto sa nalalabing bahagi ng bayan.

Nagtuluy-tuloy ang eksplorasyon ng MRL hanggang 2015 nang inilipat ng Egerton ang operasyon sa pagmimina sa Red Mountain Mining. Sa harap ng tangkang simulan ang aktwal na operasyon ng mina, dumaluyong ang pagtutol ng mamamayan ng Lobo upang protektahan ang kanilang mga sakahan, kabuhayan at tirahan. Mula sa hanay ng mga magsasaka, maralita hanggang sa mga propesyunal ng Batangas State University at iba pang institusyon, nagprotesta at lumahok sa mga dayalogo hanggang sa maitulak ang Sangguniang Bayan ng Lobo na iatras ang kanilang pag-apruba sa mina.

Ipinakita lamang ng makasaysayang pagkilos na ito na kayang biguin ng mahigpit na pagkakaisa ang anumang tangka sa kabuhayan at tirahan ng mamamayan. Ngunit hindi nito naitulak ang moratoryum o tuluyang pagpapatigil sa mga operasyong mina sa Lobo at sa buong Batangas. Sa kasalukuyan, tila magnanakaw sa gabi ang Bluebird Ventures at ang mga kasabwat na lokal na burukrata kung saan sisimulang muli ang maka-dayuhan, malawakan at mapangwasak na operasyong mina.

Batangas Gold Project: Ginto para sa dayuhan, delubyo para sa mamamayan

Dalawang mayor na proyektong mina ang isasagawa sa ilalim ng Batangas Gold Project—ang 1,164 ektaryang Lobo Project at 1,011 ektaryang Archangel Project.

Ayon mismo sa MRL at Bluebird Ventures humigit kumulang 440,000 onseng ginto at nasa 606,000 onseng pilak ang matatagpuan sa kabundukan ng Lobo. Sa abereyds na \$1,922, tinatayang nasa ₱46.5B ang kikitain ng Bluebird at MRL sa ginto pa lamang. Dagdag pa rito ang kikitain mula sa graba, bato, tanso, at iba pang mineral na kanilang mahuhukay at maiuuwi.

Sa laki ng kikitain nito mula sa proyekto, tinataya ng kumpanya na mababawi na nito ang puhunan ng buong operasyon ng mina sa loob lamang ng 14 na buwan.

Sa kabilang banda, impyerno ang iiwan ng mga proyektong ito sa mga direktang apektadong mga naninirahan sa mga barangay na Mabilog na Bundok, Nagtalontong, Nagtoctoc, Balibago at Sawang, at ng lahat ng umaasa sa kabuhayan mula sa kabundukan ng Lobo.

Ang mga kabudukang papasabugin ng mina ay maiiwang isang dambuhalang ukab na magdudulot ng pagbaha at pagguho ng lupa. Mawawalan ng tirahan kapwa ang mga tao at mga hayop, at lalasunin ng mga kemikal tulad ng cyanide ang lahat ng mga ilog hanggang sa dagat.

Sisirain din ng proyektong mina ang Verde Island Passage (VIP) kung saan matatagpuan ang pinakamataas na konsentrasyon ng marine life at idineklarang “sentro ng sentro ng marine biodiversity” sa buong mundo.

Isang ilusyon ang sinasabing pag-unlad dulot ng mina. Ayon mismo sa Sangguniang Bayan ng Lobo

noong 2015, nasa ₱800,000 lamang ang pondong makukuha ng pamahalaan sa buong proseso ng mina, gatinga lamang sa bilyong pisong iuuwi ng Bluebird at MRL. Gayundin, huwad ang ibinabanderang paglikha ng trabaho, dahil sa katunayan ay nasa 144 lamang na lokal na residente ang ieempleyo ng mina sa operasyon nito, napakalayo sa libu-libong mawawalan ng sakahan, pangisdaan at tirahan dahil sa operasyon.

Pangayupapa sa imperyalistang pandarambong

Aktibong inilalako ng rehimeng US-Marcos Jr ang mga rekurso at murang lakas-paggawa sa Pilipinas upang akitin ang mga dayuhang mamumuhunan. Nais nitong alisin ang nalalabing restriksyon sa dayuhang pagmamay-ari sa likas na yaman ng Pilipinas, kabilang na ang mga kabundukan at sakahan. Ito ang nagbibigay kumpanyansa at seguridad sa mga kumpanyang katulad ng Bluebird Ventures at MRL na maiuuuwi nila ang limpak-limpak na gintong kanilang huhuthutin sa ating bayan.

Nananatili pa rin ang bisa ng Mining Act of 1995 na instrumento ng pangangamkam ng mga sakahan, kabundukan at maging ng lupaing ninuno ng mga katutubo. Ang batas na ito ang nagbibigay ng eksklusibong karapatan sa mga kumpanya ng mina sa saklaw ng kanilang MPSA sa humigit 25 taon, at nagsasaad na walang pribadong pagmamay-ari ang maaaring pumigil sa operasyong mina. Binibigyan din nito ang Bluebird Ventures at iba pang kumpanyang mina ng pagmamay-ari sa lahat ng iba pang yaman na

kanilang saklaw tulad ng troso, buhangin, bato at iba pa bukod pa sa mga mineral na kanilang mahuhukay sa ating lupain.

Militarisasyon, katambal ng operasyong mina

Sa muling pag-usad ng proyektong mina, pinaigting ng berdugong 59th IB, PNP-SWAT, katuwang ang mga pwersa ng CAFGU at SCAA, ang pagsuyod sa mga kabundukan ng Lobo.

Nagpakana pa ang 59th IBPA ng pekeng engkwentro sa pagitan ng kanilang tropa at yunit ng BHB upang bigyang katwiran ang matindi at masinsing mga operasyong kombat. Paghahanda ito para pigilan ang lahat ng tangkang pagtutol ng mamamayan sa nakaambang operasyong mina.

Sunud-sunod din ang paglipad ng mga drone na hindi lamang pangsarbeylans kundi ginagamit rin para imapa ang kalupaan ng Lobo. (Ulat mula sa Kalatas)

Kumpanyang kwari sa Quezon, pinarusahan ng BHB

Nobyembre 8, 2023

Winasak at sinilaban ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Quezon ang dalawang dump truck na gamit ng kumpanyang kwari sa bayan ng Unisan kaninang ala-una nang madaling araw. Pag-aari ang mga ito ni Ronald Agoncillo, kontraktor ng mga proyektong pang-imprastruktura sa Quezon. Naghahakot ang naturang mga trak ng buhangin, bato, graba at lupa na nagmumula sa mga ilog at bundok.

Ayon sa BHB-Quezon, ang aksyong pamamarusa ay isinagawa para magsilbing mariing mensahe sa mga kumpanyang sangkot sa proyektong nakasisira sa kalikasan. Isinasagawa ang gayong mga operasyon para ipagtanggol ang interes ng mamamayan. Anila, hindi nito mapahihintulutan ang mga proyektong bukambibig ay kaunlaran pero sa aktwal ay mapanira sa kalikasan.

Protektado ng 85th IB ang mga operasyon ni Agoncillo dahil regular siyang nagbabayad ng “padulas” o suhol sa mga upisyal militar, ayon sa BHB-Quezon.

Mga Pilipino sa US, lumahok sa 300,000 nagprotesta para sa Palestine

Nobyembre 8, 2023

Ilandaang Pilipino ang lumahok sa inilunsd na pambansang martsa na tinawag na National March on Washington for a Free Palestine na isinagawa sa Washington DC sa US noong Nobyembre 4. Tinatayang 300,000 ang lumahok sa naturang martsa mula sa mahigit 300 organisasyon para ipanawagan ang paglaya ng Palestine, pagpapatigil sa henosidyo ng Israel sa Gaza at pagwawakas ng suporta ng US sa Israel.

Ang delegasyon ng mga Pilipino sa protesta ay pinangunahan ng Malaya Movement USA at Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-USA. Ayon sa Malaya Movement USA, maituturing itong pinakamalaking mobilisasyon sa US bilang suporta sa Palestine.

Ang pakikiisa umano ng mga Pilipino sa protesta ay “pagpapakita ng matibay na suporta sa mamamayang Palestino na nakikipaglaban para sa kalayaan at soberanya sa harap ng pasistang pang-aapi, marahas na Zionistang kolonyal na okupasyon at henosidyo.”

Kinundena rin ng grupo ang pagiging sangkot ng gubyerno ng Pilipinas sa pamumuno ng pasistang si Marcos Jr na walang-imik sa maramihang pagpaslang ng Israel sa mga Palestino. Isa umanong malaking krimen ang pag-abstain ng gubyerno ng Pilipinas sa resolusyon sa United Nations na magbigay ng “humanitarian pause” sa Gaza.

Sa huling tala noong Nobyembre 7, tinatayang umabot na sa 10,328 ang pinaslang ng Israel mula Oktubre 7. Higit 4,100 sa mga ito ay bata. Umaabot na sa 25,000 toneladang bomba ang inihulog ng Israel sa Gaza.

“Bilang mga Pilipino, alam namin kung paano makibaka laban sa dayuhang pananakop at dominasyon, kung paanong lumaban para pambansang kalayaan,” ayon kay Nina Macapinlac, upisyal ng Bayan-USA.

Aniya, “ang pagpapalaya sa mga Pilipino at Palestino ay hindi mapaghihiwalay dahil mayroon tayong komun na kaaway. Kaya tumindig tayo at magkapit-bisig... at bumuo ng anti-imperyalistang pagkakaisa.”

2.3 milyong trabaho, nawala noong Setyembre

Nobyembre 9, 2023

Umaabot sa 2.3 milyong trabaho ang naitalang nawala noong Setyembre, batay sa pinakahuling datos na inilabas ng Philippine Statistics Authority (PSA) kahapon, Nobyembre 8. Pinakamarami ang nalagas sa sektor ng pagmamanupaktura (888,000) kasunod sa wholesale at retail trade (722,000) at agrikultura at pangisda (649,000). Dagdag sa mga nawalang trabaho ang 358,000 na inilaglag sa pwersa ng paggawa sa parehong panahon.

Ayon sa PSA, ang nawalang mga trabaho sa pagmamanupaktura ay dulot ng pagbaba ng demand para sa eksport at pagsasara o pagpapaliit ng operasyon ng dayuhang mga pabrika. Una nang naiulat ng Semiconductor and Electronics Industries in the Philippines Foundation Inc. (Seipi) ang 4% pagbagsak ng mga eksport ng subsektor ng elektroniks sa tatlong kwarto ng taon. Malayo ito sa unang taya ng Seipi na lalago nang hanggang 5% ang subsektor sa 2023.

Bagsak din ang ibang subsektor na nakatuon sa eksport at nakaasa sa imported na kagamitan at sangkap. Kunitid nang 6.3% ang eksport ng bansa, kasabay ng pagliit ng import nang 14.7% noong Setyembre. Negatibo ang balanse ng kalakalan sa bansa (-\$3.51 bilyon) kung saan mas malaki ang inimport na mga kalakal (60.3%) kumpara sa ineskport nito.

Isinisisi ng mga ekonomista ang nagtatagal nang depisit sa kalakalan sa “unilateral na mga desisyon” ng China at US na bawiin ang kanilang mga order at negosyo sa bansa mula pa 2018. Pangita ito ng dinaranas na krisis ng malalaking kapitalistang bansa na tumutungo sa resesyon. Wala silang sinasabi kaugnay sa mas malalim na problema ng ekonomyang nakaasa sa dayuhang kapital at imported na materyal at walang sariling mga industriya.

Liban sa pagbagal ng produksyon, inililipat din ng dayuhang mga kumpanya ang kanilang mga operasyon sa ibang bansa kung saan mas mababa ang gastos sa produksyon para makapagkamal ng mas malaking tubo at sa parehong panahon, takasan ang kanilang pananagutan sa manggagawang Pilipino. Isa sa pinakaapektado ang subsektor ng damit, na noon pang nakaraang taon nagsimulang magsisante ng libu-libong manggagawa. Tinatayang mahigit 10% ng kabuuang 270,000 manggagawa sa damit ang mawawalan ng trabaho. Nagbabawas din ng operasyon ng malalaking pabrika tulad ng Nexperia, na nagsara ng isang buong departamento para magtanggap ng mga manggagawa at buwagin ang kanilang unyon.

Kasabay nito, lumiit ang bilang ng itinuturing na nasa pwersa ng paggawa, mula 50.08 milyon noong Setyembre 2022 tungong 49.93 milyon noong nagdaang Setyembre. Bumaba ang labor force participation rate (tantos ng partisipasyon ng lakas-paggawa) mula 65.2% noong Setyembre 2022 tungong 64.1%. Marami sa “nalaglag” ay

kababaihan, na ayon sa PSA, ay “hindi naghanap ng trabaho” dahil sa paggagawaing bahay.

Sa kabila nito, ipinagmamalaki pa rin ng mga opisyal ng rehimeng Marcos Jr na “bumaba” ang tantos ng disempleyo mula 5% noong Setyembre 2022 tungong 4.5% noong nagdaaang Setyembre. Gayunpaman, bahagyang mas mataas pa rin ito kumpara sa 4.4% na tantos ng disempleyo noong Agosto.

Iniulat din ng estado na nakalikha ito ng 2.07 milyong trabaho sa mga sektor ng akomodasyon at pagkain, administratibo at suportang serbisyo, konstruksyon, transportasyon at storage, at pangisda. Taliwas sa ipinagmamalaki nitong “matataas na kalidad” ang nalikhang trabaho, kilala ang nabanggit na mga sektor sa kontraktwal, panandalian at mababang-sahod na empleyo. Mas mababa rin nang 50,000 ang nalikhang bagong mga trabaho kumpara sa nawala sa magkasunod na buwan (Agosto-Setyembre.)

Girian sa loob ng naghaharing alyansa, tumatalim

Nobyembre 9, 2023

Walang kaabog-abog na tinanggal sa pwesto bilang deputy speaker ng Kongreso si Gloria Macapagal-Arroyo noong Nobyembre 7 matapos na tumanggi siyang magpahayag ng katapatan kay House Speaker Martin Romualdez. Kasabay niyang tinanggal ang kapwa niya deputy speaker

na si Rep. Isidro Ungab, kinatawan ng ikatlong distrito ng Davao City.

Pareho hindi pumirma si Arroyo at Ungab sa isang resolusyon na tuwirang nag-utos na “ipahayag” ng mga Kongresista ang kanilang “paghanga, pakikiisa at suporta” kay Romualdez.

Matatandaang una nang tinanggal sa pwesto si Arroyo bilang senior deputy speaker, ang pangalawang pinakamataas na pwesto sa Kongreso, nang mabisto ang kanyang pakana na patalsikin at palitan si Romualdez noong Mayo.

Ang pinakahuling girian sa loob ng alyansang Marcos-Arroyo-Duterte ay resulta ng hakbang ng Kongreso na tanggalin ang confidential at intelligence funds (CIF) mula sa mga upisina ni Sara Duterte. Gayunpaman, huli lamang ito sa umpugan ng tatlong pinakamasasahol na dinastiya na umiral kahit bago pa sila umupo sa poder.

Kasabay ng pagtanggap ng kapangyarihan ni Arroyo, nag-resign si Rep. Aurelio Gonzales Jr sa partidong PDP-Laban matapos ituro si Rodrigo Duterte bilang nasa likod ng mga atake at pambabanta sa Kongreso. Bago nito, nagbitiw na rin sa partido ang secretary-general na si Melvin Matibag. Pinamumunuan ni Duterte ang PDP-Laban, ang pinakamalaking partido sa panahon ng kanyang rehimen.

Maniobrahang militar

Noong Nobyembre 3, sadyang ibinunyag ng AFP chief na si Romeo Brawner ang aniya’y “mga pakanang destabilisasyon,” sa pamamagitan ng

kudeta, laban kay Ferdinand Marcos Jr. Aniya, itinutulak ito ng mga retiradong upisyal at inilalako sa mga nasa aktibong serbisyo.

Tumanggi ang dating kalihim ng Information and Communications Technology na si Eliseo Rio, isang dating upisyal militar at isa sa mga tagapagtatag ng grupong TNTrío, na nagpapakana sila ng “destabilisasyon.” Aniya, ang ikinakampanya ng grupo nilang TNTrío at September Twenty-One Reform Movement ay ang pagrepaso sa nagdaang eleksyong presidensyal para patunayan ang malawakang elektronikong pandaraya na nagpwesto kay Marcos Jr at Sara Duterte sa poder. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng paghapag ng mga petisyon.

Matapos ang dalawang araw, pinabulaanan ng National Security Council (NSC) na may umiiral na pakanang destabilisasyon at sinabing “nagkamali” lamang ng pag-intindi ang mga mamamahayag na nagsulat kaugnay dito. Ayon sa direktor ng NSC na si Eduardo Año, mga “diskusyon” at “pagtatalo” lamang ang nagaganap sa hanay ng mga retiradong upisyal-militar.

Samantala, nagmamaang-maangan si Rodrigo Duterte at nagkukunwaring nalilito siya kung bakit nadawit ang kanyang pangalan sa pakana. Gayunpaman, inamin niyang nakipag-usap siya sa ilang retiradong heneral kung saan sinabi niyang nakikinita niya na magkakaroon ng gulo kung lalawak ang korapsyon sa gubyrno.

Bago nito, binantaan niyang papatayin si minority speaker at ACT Teachers Rep. France Castro dulot

ng matagumpay na pagharang ng bloke ng Makabayan sa CIF ni Sara Duterte. Inakusahan din niyang may hawak na malaking CIF si Romualdez at kumukopo ng malaking pondo ng Kongreso. Karugtong nito, nananawagan siya na huwag magbayad ng buwis ang mga Pilipino hanggang di natutuos ng Kongreso ang buong badyet nito.

Pagbaba ng implasyon, walang epekto sa sahod at kita ng mamamayan

Nobyembre 9, 2023

Bumaba ang tantos ng implasyon tungong 4.9% noong Oktubre, kumpara sa 6.1% noong Setyembre. Gayunpaman, wala itong epekto sa sahod ng mga manggagawa na nananatiling mas mababa sa pamantayan ng kahirapan (poverty line) dulot pambabarat ng kapitalista at pagtanggig ng reaksyunaryong estado na dagdagan ito ng makabuluhang halaga.

Nananatiling mataas ang presyo ng pagkain, sa kabila ng ipinagmamayabang ng upisyal ng rehimeng Marcos na bumaba na ang presyo ng bigas. Matataas rin ang presyo ng gulay tulad ng karots, patatas, cabbage at bawang. Sa pangkalahatan, nasa 7.1% ang tantos ng implasyon ng pagkain, at ang bigas sa partikular ay nasa 13.2%.

Ayon sa Ibon Foundation, katumbas lamang ng ₱504 ang tunay na halaga ng arawang sahod sa National Capital Region (NCR) na ₱610. Noong Oktubre, kailangan na ng isang 5-kataong pamilya

ng ₱1,189 kada araw, mahigit doble sa tunay na sahod, o ₱25,850 kada buwan para mabuhay nang disente sa rehiyon.

May mga rehiyong mas mataas pa ang nakabubuhay na sahod dulot ng mas mataas na implasyon. Isa rito ang BARMM, kung saan kakailanganin ng isang pamilya ang ₱2,013 kada araw para mabuhay nang disente. Napakalayo rito ang nakatakdang ₱341 arawang minimum sa rehiyon.

Petron Philippines, tumabo ng ₱9.5 bilyon sa loob ng 9 na buwan

Nobyembre 9, 2023

Sa gitna ng halos lingguhang pagtaas ng presyo ng langis, tumabo ang kumpanyang Petron Philippines ng ₱9.5 bilyon sa unang siyam na buwan pa lamang ng taon. Mas mataas ito nang 16% kumpara sa kita ng kumpanya noong nakaraang taon. Sinusuplay ng Petron ang sangkatlo ng pangkabuuang pangangailangan ng produktong petrolyo ng bansa at 78% ng pangangailangan ng jetfuel sa pambansang paliparan at Clark Airport.

Ang Petron ay bahagi ng dambuhalang korporasyong San Miguel Corporation at pinamumunuan ng may-ari ng kumpanya na si Ramon Ang. Pinatatakbo nito ang kaisa-isang plantang nagrerepina ng krudong langis sa buong bansa. Sinasabing may kapasidad itong magrepina ng 180,000 bariles kada araw. Noong 2021, nag-angkat lamang ng 29.7 milyong bariles ng

krudong langis ang Pilipinas. Ibig sabihin, nasa 82,271 bariles lamang ang nirepina sa bansa kada araw o 45% kumpara sa kapasidad ng planta nito.

Mula Enero, koordinado at tuluy-tuloy na itinaas ng nagsasabwatang mga kumpanya ng langis ang presyo ng mga produktong petrolyo sa Pilipinas. Pinakamatatarik ang pagtaas noong ikalawang linggo ng Agosto, kung saan ₱3.50 ang itinaas ng presyo ng diesel, ₱2.10 ng gasolina at ₱3.25 ng kerosin. Lingguhang binabago ng mga kumpanya ang kanilang mga presyo.

Ayon sa datos ng Department of Energy noong Nobyembre 7, nagresulta ang lingguhang pagbabago ng presyo sa netong pagtaas sa presyo ng gasolina nang ₱13.75/litro, diesel nang ₱9.35/litro at kerosin nang ₱3.99/litro. Sa Metro Manila, nasa ₱78.85/litro ang diesel, ₱84.30/litro ang kerosin at ₱78.90/litro ang gasolina noong unang linggo ng Nobyembre.

Tulad ng ibang kumpanya, nag-aangkat ang Petron ng repinadong langis mula sa mga plantang nagrerepina sa labas ng bansa. Noong 2022, nag-import ang mga kumpanya ng langis ng repinadong petrolyo na nagkakahalaga ng \$9.04 bilyon mula sa South Korea, China, Singapore, Malaysia at Thailand. Mahigit sangkatlo (36%) nito ay mula sa China. Sa parehong taon, nasa \$1.74 bilyon lamang ang halaga ng inimport nitong krudong langis.

[20231109]

“Oplan-sabog” ng BHB-Camarines Norte, layong isiwalat ang pang-aabuso ng 9th IB

Nobyembre 10, 2023

Nagsagawa ng tinawag nitong “oplan-sabog” o pagsabwag ng mga polyeto ang rebolusyonaryong kilusan sa Camarines Norte noong Nobyembre 2 sa dalawang mayor na bayan sa prubinsya. Ayon sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Camarines Norte, isinagawa ang pagpapalaganap ng mga polyeto sa Jose Panganiban at Paracale para isiwalat ang mga krimen ng 9th IB laban sa mamamayan ng prubinsya.

Inilunsad ang aktibidad sa sentrong bayan, eskwelahan, simbahan, mga parke, terminal at mga tinukoy na matataong lugar.

Kasabay nito, nagpalaganap din sila ng mga polyeto na naglalaman ng pagdadakila at pagpupugay sa mga martir ng rebolusyonaryong kilusan. Isinagawa ito noong Nobyembre 2, Araw ng mga Kaluluwa, kasabay ng tradisyunal na paggunita ng mamamayang Pilipino sa alaala ng kanilang mga pumanaw na mahal sa buhay.

Paliwanag nila, mula pa nang magsimula ang taong 2023, naging mahalagang bahagi ng gawaing propaganda sa prubinsya ang pagkakaroon ng mga “pasabog” ng pahayag at mga polyeto.

Isinasagawa ito ng rebolusyonaryong kilusan para ipaabot ang pahayag at pananaw nito sa malawak na masa.

Manggagawa sa mundo, kumikilos para harangin ang suportang militar sa Israel

Nobyembre 10, 2023

Hinarang ng mga manggagawa at aktibistang Amerikano ang pagdaong noong Nobyembre 3 ng isang barko sa Oakland, Oregon sa US matapos nilang mapag-alamang papunta ito sa Tacoma, New Washington para magkarga ng mga armas patungong Israel. Ang pagkilos ay tugon sa panawagan ng mga manggagawa ng Palestine sa kapwa nila manggagawa sa buong mundo na pigilan ang pagpapadala ng mga armas sa Israel sa kani-kanilang mga bansa.

Tinangkang palayasin ng mga pulis ang mga raliyista sa daungan pero nagpursige ang mga ito. Siyam na oras nilang napigilan ang paglayag ng barko bago ito tuluyang makaalis papuntang New Washington. Doon, isa pang grupo ng mga aktibista ang naghihintay para pigilan itong makapaglayag.

Sa ibang bahagi ng US, nanawagan ang mga myembro ng mga unyon sa ilalim ng International Union, United Automobile, Aerospace and Agricultural Implement Workers of America (United Auto Workers) na manindigan para sa mamamayang Palestino. "(N)ananawagan kami sa lahat ng mga manggagawa, sa aming mga lider-

unyon, at sa UAW International na igiit ang kagyat na pagtigil sa brutal na pananakop ng Israel sa Gaza at lahat ng pagpopondong militar sa Israel,” pahayag nila noong Oktubre 28.

Nanawagan din silang suportahan ng UAW ang kilusang Boycott, Divestment, and Sanctions (BDS) laban sa lahat ng mga kumpanya at kapitalistang kasabwat sa kampanyang henosidyo. “Sa kasaysayan, binigo ng kilusang manggagawa sa US ang mamamayang Palestino,” ayon sa pahayag ng mga manggagawa. Tinutukoy nila rito ang aktibong suporta at sa aktwal ay pagbibigay ng pondo ng American Federation of Labor para sa konstruksyon ng mga Zionistang settlement sa mga lupa ng Palestino.

“Moral na pananagutan nating kilalanin ang kasaysayang ito at itulak ang kilusang paggawa na pumanig sa mamamayang Palestino.” Marami nang myembro ng UAW ang sumali sa mga protestang inilulunsad sa iba’t ibang bahagi ng US.

Nanawagan naman ang Stanford Graduate Workers Union ng Stanford University na iatras ang pamumuhunan nito sa Lockheed Martin, Raytheon, Caterpillar, Boeing, at lahat ng mga kumpanyang sangkot at may pananagutan sa karahasan sa Palestine at iba pang parte ng mundo.

Sa Spain, nakiisa ang mga manggagawa sa daungan ng Barcelona sa pamamagitan ng pagtangi na magkarga sa anumang barkong magdadala ng armas papuntang Israel. “

(N)agpasya kami sa loob ng aming asembleya na hindi namin pahihintulutan ang anumang barkong nagdadala ng materyal para sa gera sa aming daungan, sa layuning protektahan ang sibilyang populasyon, saanman silang teritoryo,” pahayag ng Organització d’Estibadors Portuaris de Barcelona, noong Nobyembre 6.

Sa Belgium, ipinanawagan ng apat na unyon ng ground crew sa iba’t ibang paliparan ng bansa sa kanilang mga myembro na tumangging magkarga o magbigay ng ground support sa anumang flight o byahe ng eroplano na magdadala ng gamit-militar sa Israel o Palestine.

“Habang nagaganap ang henosidyo sa Palestine, nakikita ng mga manggagawa sa iba’t ibang paliparan sa Belgium ang pagpapadala ng armas sa mga warzone,” pahayag ng CNE, UBT, Setca et Transcom. “Kami, mula sa iba’t ibang unyon na aktibo sa mga paliparan, ay nananawagan sa lahat ng mga myembro na huwag magbigay ng suporta sa mga eroplanong magdadala ng gamit militar sa Palestine/ Israel, katulad ng pagtangga natin sa simula ng sigalot ng Russia at Ukraine,” ayon sa mga unyon.

Isa sa mga paliparang ito ay ang Liege Airport, sa silangang bahagi ng bansa, na ginagamit na daanan ng mga armas mula sa US papuntang Israel. Noong Nobyembre 5, tumanggi ang unyon dito na tanggapin ang isang shipment ng mga armas na papunta sa Tel Aviv.

Sa France, naglabas ng suportang pahayag ang Emancipation, isang grupo na binubuo ng mga

istap sa edukasyon ng apat na unyon (CGT, FO, FSU at SUD), para himukin ang lahat ng mga unyon sa bansa na suportahan ang Palestine at gumawa ng mga hakbang para itigil ang henosidyo. Anito, suportado ng gubyrerno ng France ang henosidyo sa Palestine at ang todong Kanang gubyrerno ni Benjamin Netanyahu.

“Mula 2013 hanggang 2022, nagbenta ang France ng armas na nagkakahalaga ng €206.7 milyon (P12.295 bilyon) sa Israel. Sangkot sa mga krimen sa digma ng Israel ang dalawang kumpanyang French, ang Thaes at Safran, na inimbwelto ang sarili sa pamamagitan ng pagbebenta ng armas sa Israel, gayundin ang gubyrernong naghikayat sa ganoong bentahan,” ayon sa pahayag ng grupo.

Sa United Kingdom (UK), nagpahayag ng suporta ang National Union of Rail, Maritime and Transport Workers (RMT) sa panawagan ng mga unyong Palestino. Bahagi sila sa dambuhalang mga martsa na nagaganap sa bansa mula pa noong nakaraang buwan. Isinagawa nila ang mga martsa sa gitna ng inilulunsad nilang mga welga para sa makatarungang pagtaas ng sahod.

Nagpasa naman ng mosyon ang unyong United Tech & Allied Workers (UTAW) ng UK na nagsasaad na tatanggi ang mga manggagawa nito na “lumikha o magpaunlad ng mga armas na mapupunta sa Israel,” kabilang ang anumang teknolohiyang militar tulad ng software at cloud services. Ang UTAW ay isang sangay ng mga unyon sa ilalim ng Communication Workers Union ng UK. Nagpahayag silang magpadala ng ayudang pampinansya para sa mamamayang Palestino at

para sa mga “direct action” laban sa mga kumpanyang gumagawa ng mga armas para sa Israel.

“Sangkot (sa henosidyo) ang industriya sa teknolohiya,” ayon sa unyon. “Maraming kumpanya ang may pampinansyang interes sa Israel, kabilang sa mga kontrata na nagpapanatili sa rehimeng apartheid at militar nito.” Isa rito ang Project Nimbus ng militar ng Israel na tinatrabaho ngayon ng Google at Amazon. Mahigit 1,000 manggagawa sa mga kumpanyang ito ang kumontra sa proyektong ito bilang bahagi ng kampanyang “No Tech for Apartheid.”

Sa Scotland, inilunsad ng sangay sa Glasgow ng unyong Unite Hospitality ang kampanyang “Serve Solidarity” para himukin ang mga hospitality workers (mga bartender, waiter at iba pang manggagawa sa mga bar at restoran) sa United Kingdom na i-boycot ang mga produkto ng mga kumpanyang sangkot o may kinalamansa henosidyo ng Israel. “Natatangi at sentral ang papel ng mga hospitality worker sa buhay panlipunan, pangkultura at pang-ekonomya ng mamamayan sa Glasglow,” pahayag ng unyon noong Oktubre 26.

“Wala ni isang inumin o pagkain ang maihahain o kantang mapatutugtog (sa mga bar at restoran) kung wala ang ating pahintulot. Nananawagan kami sa kapwa naming mga manggagawa sa sektor na kilalanin at gamitin ang kolektibong lakas na ito at itaguyod ang matagal nang kasaysayan ng syudad laban sa apartheid at

inhustisya.” Kinakatawan ng sangay ang 2,000 manggagawang hospitality sa Glasgow.

Sa Italy, nagpasa ng mosyon ang S.I. Cobas, unyon ng mga manggagawa sa sektor ng logistics at nangakong haharanging ang lahat ng mga shipment ng armas patungong Israel. Ang Italy ang pangatlong pinakamalaking suplayer ng armas sa Israel, pangunahin ang kontrolado ng estado na kumpanyang Leonardo (bumili ng Augusta).

Sa India, nanawagan ang All India Central Council of Trade Unions, kumakatawan sa 600,000 manggagawa, sa lahat ng unyon sa bansa para pigilan ang pagmanupaktura o transportasyon ng armas papuntang Israel.

Sa South Africa, naglunsad ng National Day of Action ang General Industries Workers Union of South Africa (GIWUSA) noong Oktubre 20. “Malinaw na malinaw sa amin kung sino ang may pananagutan sa mga pagpatay at paghihirap,” pahayag ng unyon noong Oktubre 18. “Ang may pananagutan sa gerang ito ay ang Zionistang kolonyalistang estado ng Israel at ang rehimen nito.

Ang pagsiklab (ng sigalot) ay tugon sa dekada-dekada nang pananakop, agresibong ekspansyon ng mga settlement ng Hudyo laban sa mga Palestino, ang araw-araw na pagpapahiya at pagyapak sa pagkatao.” Gayundin, ipinanawagan nila ang pag-atras ng pamumuhunan ng African National Congress sa MILCO, isang kumpanyang Israeli.

Sa Canada, nagpasa ng resolusyon ang Canadian Union of Public Employees (CUPE), ang pinakamalaking unyon sa Canada na may 740,000 myembro, para ipanawagan sa gubyerno ng kanilang bansa na igiit ang kagyat na tigil-putukan sa Palestine at itigil ang pagbebenta ng armas sa Israel, wakasan ang diplomatic immunity na iginawad nito sa gubyerno ng Israel at ipatigil ang blokeyo ng Israel sa Gaza.

Sa Japan, nagpahayag ng pakikiisa ang National Railway Motive Power Union of Chiba. Anito, lalaban sila para pigilan ang plano ng administrasyong Kishida na magbigay ng armas, ayudang pinansyal o kahit anong suporta sa Israel.

Sa Poland, nanawagan ang General Alliance of Trade Unions in Poland (OPZZ), ang pinakamalaking alyansa ng mga unyon sa bansa, sa kanilang gubyerno na itigil na ang kooperasyon nito sa Israel.

Noong Oktubre 20, nagpahayag ng suporta ang International Alliance of App-Based Transport Workers (IAATW), sa mamamayan ng Palestine. Kinatawan ng alyansang ito ang mahigit 100,000 app-based drayber sa 18 bansa. “Bilang mga manggagawa, nakikiisa kami sa libu-libong inosenteng manggagawa, maysakit, bata, kababaihan at kalalakihan na umiinda sa brutalidad at sakuna.”

Ang mga aksyon ng iba’t ibang unyon ay tugon sa panawagan noong Oktubre 16 ng 30 unyong Palestino sa ilalim ng Palestinian General Federation of Trade Unions para manindigan at

gumawa ng mga aksyon ang mga unyon at manggagawa sa buong mundo para pigilan ang pag-aarmas ng mga bansa sa Israel. Panawagan nito ang 1) tumanggi ang mga manggagawa na lumikha ng mga armas para sa Israel; 2) tumangging magkarga ng mga armas patungong Israel at; 3) magpasa ng mga mosyon ang mga unyon kaugnay dito.

Liban sa mga unyong nabanggit sa itaas, tumugon din sa panawagan ang mga unyong Sintacarbon (Colombia), NTEU University of Melbourne (Australia), ACV-Transform (Belgium), UMUT-Sen (Turkey), Public Services International, Workers Art Collective (International) at United Metalworkers Union (Turkey).

Sa Pilipinas, nakiisa ang Kilusang Mayo Uno, sentro ng mga unyon sa Pilipinas, sa pakikibaka ng mamamayang Palestine.

Protesta laban sa war game ng US, isinagawa ng kabataan

Nobyembre 10, 2023

Nagprotesta noong Nobyembre 9 ang mga kabataan sa harap ng embahada ng US sa Maynila para batikusin ang pagsisimula ng Kamandag war games na lalahukan ng mga pwersang militar ng US, Japan, South Korea, at Pilipinas. Pinamunuan ang naturang pagkilos ng Anakbayan at League of Filipino Students (LFS).

Marahas na binuwag ng mga pulis ang pagkilos ng mga kabataan. Itinuloy nila ang protesta sa

Oblation Plaza sa UP Manila sa Taft Avenue matapos ang pambubuwaag.

Ang 12-araw na war game ay inilulunsad ng US sa Pilipinas simula Nobyembre 9. Kalahok dito ang tinatayang 1,800 sundalo, kabilang ang 850 US Marines.

“Ipinagpapatuloy ni Marcos Jr ang kanyang imperyalistang pangangayupapa,” ayon sa LFS. Mula nang maupo sa poder ay sunud-sunod na ang pagsusuko ni Marcos Jr sa soberanya ng Pilipinas. “Ngayon, pinahihintulutan na naman niya ang pagpapagamit sa Pilipinas bilang lunsaran ng pagpapakitang-gilas ng US at pang-uupat ng gera laban sa China,” dagdag pa ng grupo.

Giit ng mga kabataan, ang presensyang militar ng US sa Pilipinas ang pinakamalaking banta sa kapayapaan at pambansang seguridad sa bansa. “Ang US ang mastermind sa mga gerang agresyon, gerang proxy at iba pang mga tunggaliang nagaganap sa buong mundo,” dagdag ng LFS.

Anito, ang pang-uupat ng gera at pagpapakat ng pwersang militar ng US sa Pilipinas ay walang kinalaman sa pangangalaga sa interes ng Pilipinas kundi tanging para sa pansariling imperyalistang adyenda at interes nito.

“Ang Pilipinas ay hindi lang isang estratehikong lokasyon na pwedeng gamit-gamitin ng mga dayuhan kapag gusto nila! Dapat nating igiit ang ating soberanya upang ilayo ang ating sarili sa gyera,” ayon sa pambansang tagapagsalita ng

Anakbayan na si Kate Almenzo. Giit din nilang ibasura ang lahat ng hindi patas na tratado at kasunduang militar ng Pilipinas sa US.

2 magsasaka, inaresto ng militar at pulis sa Himamaylan City

Nobyembre 11, 2023

Dinakip at ikinulong ng mga sundalo ng 94th IB at lokal na pulis ang dalawang sibilyan noong Nobyembre 8 sa Sityo Pisok, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental. Pinalalabas ng militar na ang naturang mga sibilyan ay mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na nadakip diumano matapos ang isang engkwentro sa lugar.

Sa pahayag ng BHB-South Central Negros, sinabi nitong hindi mga mandirigma ang dinakip at walang naganap na engkwentro sa lugar.

Tinawag ni Ka Dionesio Magbuelas, tagapagsalita ng BHB-South Central Negros na “drama” ang engkwentro na iniulat ng kumander ng batalyon na si Lt. Col. Van Donald Almonte. “Walang katotohanan na nagkaroon ng 15-minutong sagupaan kung saan pinalalabas na nasamsam ang tatlong M16, mga magasin at bala, at ibang kagamitang militar,” aniya.

Sa ulat ng yunit ng BHB, ang dinakip ng higit 80 sundalo ay mga sibilyang sina Joel Casusa, 40 anyos, at Jenny Radles, 50 anyos na nakatira sa naturang sityo. Dinampot sila sa bahay bago

dinala sa ilog at doon ipinailalim sa interogasyon, pambubugbog at tortyur.

Si Casusa ay dating tagapangulo ng lokal na asosasyon ng mga magsasaka na Kauswagan sang mga Mangunguma sa Barangay Buenavista (KMB), habang si Radles ay aktibong kasapi ng grupo. Dati nang biktima ng iligal na pag-aresto si Casusa noong 2019. Dinakip siya habang naliligo at ikinulong sa loob ng anim na buwan bago ibasura ng korte ang kasong isinampa sa kanya dahil walang ebidensya.

Nagpapatuloy ang focused military operation ng 94th IB sa limang sityo sa Barangay Buenavista kung saan nag-ooperasyon ang higit 150 sundalo.

Hustisya, nagpapatuloy na sigaw ng mga biktima ng superbagyong Yolanda

Nobyembre 11, 2023

Naglunsad ng iba't ibang aktibidad noong nakaraang linggo ang mga biktima ng superbagyong Yolanda, mga grupong makakalikasan at taong simbahan para patuloy na igiit ang hustisya sa mga biktima ng superbagyo noong 2013. Isinagawa ang mga pagkilos sa Metro Manila at Leyte.

Hindi bababa sa 8,000 katao ang namatay sa hagupit ng bagyo sa unang araw pa lamang ng pagtama nito sa bansa noong Nobyembre 8, 2013. Tinatayang 16.1 milyon ang naapektuhan ng superbagyo na humagupit sa 44 na prubinsya. Labis ang dinanas na paghagupit ng mga

komunidad sa Tacloban City, Leyte. Winasak nito ang buu-buong mga komunidad, mga taniman at kabuhayan, ospital, eskwelahan, at iba pang imprastruktura. Umabot sa ₱132.4 bilyon ang naitalang halaga ng pinsala sa buong bansa.

Ayon sa mga grupong nagprotesta sa Mendiola sa Maynila sa pangunguna ng People's Rising for Climate Justice Philippines (PRCJ-PH) noong Nobyembre 8, malaki ang pananagutan ng gubyrerno ng Pilipinas sa sakunang ito. Anila, malinaw ang "kriminal na kapabayaang" ng gubyrerno sa pagwasak na hatid ng bagyo at mga kasunod pang sakuna.

Nagpahayag rin ng pakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mga nakaligtas sa superbago. Ani Marco Valbuena, Pinunong Upisyal sa Impormasyon ng Partido, "sinlaki kundi man mas malaking trahedyang mga nakaligtas sa bagyo... ay ang malubhang pagpapabaya ng magkakasunod na gubyrerno mula 2013."

"Ninakaw ng mga korap na burukrata ang mga pondong pangkalamidad at donasyon na dapat ay diretsong napunta sa mamamayan. Puo-puong libong maralita sa kalunsuran at mga mangignisda sa tabing dagat ang hindi pa lubos na nakatatayong muli dahil sa pagkawasak ng kanilang mga bahay at kabuhayan," dagdag ni Valbuena.

Giit ng Kalikasan People's Network for the Environment (Kalikasan PNE), 10 taon na ang nakalipas ngunit wala pa ring pagbabago sa pagtugon ng pamahalaan sa mga suliraning pang-

klima. Anito, sa kabila ng lumalalang epekto ng pagbabago ng klima sa Pilipinas, ipinagpapatuloy ng administrasyong Marcos Jr ang mga mapangwasak sa kalikasan na mga proyekto.

“Mula bagyong Yolanda hanggang bagyong Goring, walang-pakundangan ang epekto ng pagbabago ng klima sa mga Pilipino...nakararanas tayo ng mas matitinding bagyo at mga tagtuyot, na ibayong pinatitindi pa ng atrasadong mga patakaran ng kasalukuyan at nagdaang mga administrasyon,” ayon kay Jon Bonifacio, pambansang koordineytor ng Kalikasan PNE. Kabilang sa mga proyektong ito ang reklamasyon, malalaking dayuhang pagmimina, mga plantasyon at iba pa.

Itinanghal ng mga grupong pangkultura sa protesta ang mga “taong-putik” na naglalarawan sa pagkalubog sa putik ng mga biktima laluna sa mga komunidad ng Eastern Visayas.

Samantala, nagsagawa ng porum at pagkilos ang National Council of Churches in the Philippines (NCCP) katuwang ang Eastern Visayas Regional Ecumenical Council sa Quezon City at Tacloban City noong Nobyembre 7 at Nobyembre 8. Nagtirik sila ng kandila pagkatapos ng programa bilang panawagan ng hustisya.

Isinagawa naman ng iba’t ibang mga grupong pangkalikasan ang isang martsa sa San Juanico Bridge, Sta. Rita, Leyte tungong Tacloban City noong Nobyembre 7. Ang martsang ito ay bahagi ng 30-araw na alay-lakad para gunitain ang ika-10 anibersaryo ng Yolanda.

Pagbabalita sa Palestine ng Western media, pinuna dahil “biased” at “tumutulong” sa henosidyo

Nobyembre 11, 2023

Mariing kinundena ng mga mamamahayag sa Palestine ang “di prinsipyadong pagbabalita” ng mga mamamahayag ng Western midya (mga monopolyo kumpanya sa midya na pag-aaari ng malalaking kapitalista sa US at Europe) kaugnay sa pambobomba ng Israel sa Gaza. Sa isang pahayag noong nakaraang linggo, sinabi ng Palestinian Journalists’ Syndicate na ilan sa mga pagbabalitang ito ay “tumutulong” sa kampanyang henosidyo ng Israel.

“Basta-basta inuulit ng malaking bahagi ng pandaigdigang midya, laluna ng mga Western media outlet, ang mga ‘talking points’ ng gubyernong Israel, at gumagamit ng mga salitang nakakawalang-dignidad kapag tinutukoy nila ang mga Palestino,” ayon sa grupo. “Bigong-bigo ang mga organisasyong ito na tumalima sa pundamental na mga prinsipyo sa pamamahayag ng objectivity at integridad. Nagiging kasabwat sila sa henosidyo.”

“Pinaaalalahanan namin ang aming mga katrabaho, laluna na ang mga nasa Western media, sa pangangailanan na tumalima sa batayang pamantayan sa pamamahayag,” ayon sa grupo. Anila, napilitan silang magsalita lalupa’t bahagi sila ng inaatake at pinapaslang ng Israel sa kanilang lupang tinubuan.

Di bababa sa 37 nang mamamahayag na Palestino ang napatay sa pambobomba ng Israel, mayorya habang ginagampanan ang kanilang mga tungkulin sa pagbabalita. Naitala rin ng grupo ang direktang pang-aatake ng mga pwersang Israeli sa tirahan ng 35 mamamahayag at pagpatay ng puu-puong myembro ng kanilang mga pamilya. Kabilang sa mga biktima ang buong pamilya ni Wael Dahdou, mamamahayag ng Al Jazeera, na napatay nang bombahin ang sinukuban nilang evacuation center.

Dagdag dito, winasak ng Israel ang imprastruktura ng komunikasyon noong Oktubre 27, kasabay ng pagpasok ng mga tangke nito sa North Gaza. May ilang linya nang naibalik, pero mahina at di maasahan. Ipinagbawal din ng Israel ang pagpasok ng dayuhang midya. Malinaw na ang mga hakbang na ito'y para maitago ng Israel ang mga masaker na ginagawa nito sa Gaza, "malayo sa mga lente ng pandaigdigang midya," ayon sa grupo.

"Bilang mga mamamahayag, may tungkulin tayo na wasto at imparsyal na ibalita ang katotohanan, laluna sa mga sitwasyong may sigalot, kung saan itinatago ng propaganda at misimpormasyon ang mahirap na reyalidad," pahayag ng grupo. "Ngayon ang panahon para sa tapang, pagiging totoo, at pagtalima sa pinakamataas na prinsipyo ng ating propesyon."

Noong Oktubre 18, 250 akademiko, mamamahayag at iba pang eksperto sa midya at komunikasyon ang naglabas ng pahayag para

kundenahin ang pagbabalita ng mga media network sa Britain.

“Bilang mga iskolar ng pamamahayag, midya at komunikasyon, sumusulat kami para iparating ang aming labis na pagkadismaya sa matatawag na peligrosong pagbalewala sa mga pamantayan at alituntunin ng pamamahayag sa kalakhan ng pagbabalita sa Britain kaugnay sa gera sa Gaza,” anila.

Kabilang sa pinuna nila ang pagpapalaganap ng “lengwahe ng henosidyo ng Israel,” tulad ng paggamit ng mga terminong “hayop” at “barbaro” kapag tinutukoy ang mga Palestino. Inuulit lamang ito ng mga mamamahayag nang walang pasubali o pagtutuwid, ayon sa grupo. Mas malala, tumutulong pa ang mga ito sa pagpapalaganap ng di kumpirmadong mga akusasyon ng Israel na nagsasapanganib sa daanlibong sibilyan, kabilang ang di-kritikal na pagbabalitang may mga “tunnel” o presensya ang Hamas sa ilalim ng binombang mga ospital.

Pinuna din ng grupo ang “selektibong paggamit ng ebidensya,” kawalang simpatya sa mga biktimang Palestino at kahit ang pagbubuo ng mga pangungusap para iwasang pangalanan ang Israel sa henosidyo. Binatikos nila ang nakikita nilang rekisito ng malalaking midya na bago paniwalaan ang isang Palestino, dapat muna niya batikusin ang grupong Hamas.

Ang mga mamamahayag na ito, at ang mga kumpanya sa midya, ay maaring isangkot sa

anumang reklamo kaugnay sa mga krimen sa digma at krimen laban sa sangkatauhan ng Israel.

Noong Nobyembre 10, isang grupo ng mga mamamahayag ang naglunsad ng protesta sa loob ng gusali ng pahayagang New York Times (NYT) para ipanawagan ang tigil-putukan sa Palestine at kundenahin ang pabor-sa-Israel na pagbabalita nito. Dahil dito, anang grupong “Writers Bloc,” may responsibilidad ang NYT sa henosidyo ng Israel. Hinimok nito ang dyaryo na “magsabi ng totoo.” Isa ang NYT sa pinakamalalaking organisasyong midya sa US at sa buong mundo.

Sa Pilipinas, nagsagawa ng candle lighting noong Nobyembre 7 ang mga myembro ng midya at estudyante sa pamamahayag sa loob ng University of the Philippines para kundenahin ang pamamaslang sa mga mamamahayag sa Gaza. Sa protesta, ipinahayag nilang dapat iulat ng midya sa Pilipinas ang katotohanan sa mga pambobomba ng Israel sa Palestine upang malaman ito ng mga Pilipino.

“Tanggalin na ‘yang ‘neutrality’ na ‘yan. Sa kaso ng Israel at Palestine, malinaw kung sino ang walang boses at malinaw kung sino ang sinusupil,” ayon kay Prof. Danny Arao, isa sa mga nagprotesta.

Kaso ng AFP laban kay Jhed at Jonila, kinontra

Nobyembre 12, 2023

Naghain noong Nobyembre 7 ang mga aktibistang sina Jhed Tamano at Jonila Castro ng counter-affidavit o pagsalungat sa kasong perjury (pagsisinungaling) na naunang isinampa laban sa kanila ng 70th IB sa Department of Justice (DoJ) sa Maynila. Kasabay nito, naglunsad ng protesta ang mga grupong anti-reklamasyon kung saan kabilang ang dalawang aktibista para batikusin ang tinawag nitong panggigipit ng estado.

Matatandaang ipinadala ng DoJ ang isang subpoena o pagpapatawag kina Jhed at Jonila noong Oktubre 12 para harapin ang mga kasong perjury at slander. Ganti ito ng militar dahil “hindi maikakailang talagang napahiya at supalpal ang mga ahensya ng gubyerno,” ayon sa grupong Release Jonila and Jhed Network.

Matapang na isinawalat ng dalawa na sila ay dinukot, sikretong ikinulong at pinagbantaan ng AFP. Ginawa nila noong Setyembre 19 ang pagbubunyag sa isang press conference kung saan plano ng AFP na iharap sila sa publiko na mga “sumuko” na Pulang mandirigma. Dinukot sila noong Setyembre 2.

Ayon sa grupo, “todo ngayon ang paggamit ng gubyerno sa lahat ng makinarya nito para linisin ang madungis na imahe at gantihan ang dalawang kabataang kababaihan na tumindig laban sa kanilang kawalanghiyaan.”

Noong Setyembre 28, naghain ang mga abugado ng dalawang biktima ng petisyon para sa “writ of amparo” at “habeas data” sa Korte Suprema. Humingi din sila ng pansamantalang proteksyon

para sa dalawang aktibista at kanilang mga pamilya sa harap ng nagpapatuloy na mga banta sa kanilang buhay.

Sa kabila ng panggigipit, nagpapatuloy ang dalawa sa paglaban sa reklamasyon sa Manila Bay at pag-oorganisa sa mga komundiad sa paligid nito. Sa kasalukuyan, mayroong pang hindi bababa sa 22 proyektong reklmasyon ang nagsasapanganib sa mga komunidad at kabuhayan ng mga mangingisda sa paligid ng Manila Bay.

Anang grupong Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya), “ito marahil ang pinakamahigpit na rason kung bakit nais patahimikin ng gubyerno ang mga progresibong organisasyon at demokratikong mga aktibista [tulad nina Jhed at Jonila] sa lugar.”

Magsasaka sa Negros Occidental, dinukot at pinatay ng militar

Nobyembre 12, 2023

Dinukot ng mga pwersa ng 15th IB ang magsasakang si Waren Cadarin sa Sityo Indangawan, Barangay Manlucahoc, Sipalay noong Nobyembre 4 bago pinalabas na napatay sa isang engkwentro sa Barangay Yaoyao, Cauayan noong Nobyembre 7. Ito ay ayon sa ulat ng grupo sa karapatang-tao na September 21 Movement South Negros.

Kinumpirma ng grupo ang pagkakilanlan ni Cadarin bilang isa sa dalawang pinatay ng 15th IB sa Barangay Yaoyao. Bago nito, pinabulaanan din

ng lokal na yunit ng Bagong Hukbong Bayan na walang engkwentrang naganap sa lugar.

Anito, “una nang nakita ng mga residente na may dalawang sibilyan na dala ang militar at pumasok sa gubat.” Kasunod nito, nakarinig ang mga residente ng sunud-sunod na putok.

Sa paghahanap ng pamilya sa biktima, natagpuan nila ang tsinelas ng biktima sa bukid nito noong Nobyembre 4. Ipina-blotter pa nila ito sa pulis nang hindi umuwi ang biktima. Sa sumunod na araw, nanawagan ang mga kaanak ni Cadarin sa publiko sa isang lokal na radyo sa Sinalay City para ipanawagan ang kanyang pag-uwi.

“Umiiyak ang pamilya dahil hindi sila makapaniwala na si Cadarin ang pinatay at pinararatangang kasapi ng NPA,” ayon sa Septiembre 21 Movement. Labis ang kanilang galit sa sinapit ng kanilang kamag-anak.

Ang pagdukot at kasunod na pagpatay kay Cadarin ng mga pwersang militar ay malaon nang kalakaran ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Sa talaan ng Ang Bayan, hindi bababa sa 133 o halos dalawa kada linggo ang biktima ng pampulitikang pamamaslang sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Bagong paliparan sa base militar ng US sa Pampanga, “pagpapamalas ng lakas” ng US laban sa China

Nobyembre 13, 2023

Binuksan ng Pilipinas at United States noong nakaraang linggo ang bagong kumpuning paliparan sa Basa Air Base sa Floridablanca, Pampanga. Ang Basa Air Base ay isa sa siyam na kampong militar ng Armed Forces of the Philippines (AFP) kung saan may mga pasilidad ang militar ng US sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Pinalapad at pinatatag ang naturang paliparan para magamit ng mas malalaki at mas malalakas na eroplanong militar ng US. Ang \$25 milyong (P1.3 bilyon) paliparan, pinakamalaking proyekto sa ilalim ng EDCA, ay “hindi lamang paliparan kundi pundasyon ng power projection (pagpapamalas ng lakas),” ayon kay Lt. Gen. Scott Pleus, kumander ng 7th Air Force ng US Pacific Air Force.

Para sa US, ang “power projection” ay ang mabilis na pagdedeploy ng mga tropa at kagamitan mula sa mga “forward operating base” o mga base militar na nakapwesto malapit sa target nito. Estrategiko para sa US ang pwesto ng Pilipinas laban sa karibal nitong imperyalistang China.

“Ang paliparang ito ng US sa Pampanga ay bahagi ng patuloy na papalaking presensyang militar sa Pilipinas,” ani Marco Valbuena, pinunong upisyal sa impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas. Walang pakinabang, bagkus kapahamakan lamang, ang ihahatid nito sa sambayanang Pilipino, aniya.

“Kasuklam-suklam kung papaanong pinagmamadali ng US ang mga upisyal ng

gubyrno ni Marcos sa pagtatayo ng mga base militar na ito ng US” ani Valbuena. “Pero ang lalong nakasusuklam ay kung papaanong hilong-talilong ang mga upisyal ni Marcos sa pagsunod sa kanilang imperyalistang amo.”

Sadyang pinahaba at pinalawak ang ngayo’y 3-kilometrong paliparan para magamit ng mabibigat na aircraft ng US Air Force tulad ng Lockheed C-5 Galaxy at Boeing C-17A Globemaster III. Kaya na rin nito ang Boeing C-17A Globemaster III ng Royal Australian Air Force at Kawasaki C-2 aircraft ng Japan Air Self Defense Force, mga pwersang militar at bansa na mayroong kasunduang nagpapahintulot ng pagpasok at war game nito sa Pilipinas.

Liban sa Basa Air Base, matatagpuan ang iba pang pasilidad militar ng US sa ilalim ng EDCA sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija, Antonio Bautista Air Base sa Palawan, Lumbia Airport sa Cagayan de Oro at Benito Ebuena Air Base sa Mactan, Cebu. Nagbukas ngayong taon ng apat pang bagong “napagkasunduang lokasyon” kabilang dito ang Naval Base Camilo Osias sa Sta. Ana, Cagayan; Lal-lo Airport sa Lal-lo, Cagayan; Camp Melchor de la Cruz sa Gamu, Isabel; at Balabac Island sa Palawan. Liban pa sa mga upisyal na base militar na ito, mayroong mga sikretong base militar ang US sa bansa.

Alinsunod sa mga probisyon ng EDCA, ang mga pasilidad na ito ay papailalim sa ekstra-teritoryal na kontrol ng US, kung saan maaari lamang pumasok o inspeksyunin ito ng mga Pilipino kung may “pagsang-ayon” ang nauna.

Nasa kabuuang 15 proyekto ang target itayo ng US sa siyam na base militar. Iniulat ng embahada ng US sa Pilipinas noong Marso na \$11.4 milyon ang nakalaan para sa EDCA site sa Fort Magsaysay, \$1.8 milyon sa Antonio Bautista, \$2.7 milyon sa Benito Ebuen at \$3.7 milyon para sa Lumbia Air Base. Bahagi ito ng noo’y \$82 milyong pondo para sa EDCA, na ngayo’y higit \$100 milyon na, para sa mga imprastrukturang EDCA ng US sa lupa ng Pilipinas.

Liban pa dito ang gastos ng Pilipinas sa naiulat na konstruksyon at upgrade ng paliparan at iba pang pasilidad pangmilitar sa Balabac Island sa Palawan mula pa Marso 2023. Bagamat pasilidad na pangunahing gagamitin ng US, ang ₱174.62 milyong pondong ginagamit para sa Balabac Military Runway ay mula sa Department of Public Works and Highways (DPWH) sa ilalim ng TIKAS (Tatag Imprastaktura para sa Kapayapaan at Seguridad) Convergence Program nito.

Pinondohan din ng TIKAS Convergence Program ang iba pang mga pasilidad militar na gagamitin ng US sa Mactan-Benito Ebuen Air Base sa Cebu at mga hangar at samutsaring gusali at pasilidad sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija na isa ring “EDCA site.”

“Dapat tuligsain ang rehimeng Marcos dahil ipinagamit nito ang Pilipinas bilang base at imbakan ng kagamitang pandigma ng among imperyalistang US,” dagdag ni Valbuena. “Nagagamit ng US ang Pilipinas na piyesa sa stratehiya ng pagpapataw ng imperyalistang hegemonya sa Asia, kabilang ang mga hakbang

para pigilan ang paglakas ng China o udyukin ito sa gera.”

Kagawaran sa kalusugan, muling kinalampag ng mga manggagawang pangkalusugan

Nobyembre 13, 2023

Panibagong protesta ang inilunsad ng mga manggagawang pangkalusugan sa Department of Health (DoH) sa Maynila ngayong araw, Nobyembre 13, para ipanawagan ang dagdag-sweldo, mga benepisyong matagal nang naantala, at pagbabalik sa badyet na tinapyas sa sektor ng kalusugan. Lumahok sa protesta ang iba’t ibang unyon sa pribado at pampublikong ospital na kasapi ng Alliance of Health Workers (AHW).

Nagsagawa sila ng noise barrage at protestang die-in o paghiga sa harap ng DoH para ipabatid ang kanilang galit at pagkadismaya sa kawalang sinseridad at pagbaliwala sa kanila ng rehimeng Marcos. Giit nila, hanggang ngayon ay hindi pa rin binabayaran ng rehimen ang kanilang health emergency allowance.

Ayon kay Eleazar Sobinsky, AHW Public Relations Officer, tinatagurian na mga “makabagong bayani” ang mga manggagawang pangkalusugan ngunit hindi pinakikinggan ang kanilang mga hinaing. “Gumagampan kami ng hindi matutumbasang tungkulin at kontribusyon sa pagbibigay ng kinakailangang serbisyong pangkalusugan sa mamamayang Pilipino,” aniya,

ngunit wala umanong nagbabago sa kanilang mahirap na kalagayan.

Binabagabag umano ang sektor ng kakulangan ng mga tauhan at labis-labis na pagpapatrabaho sa mga personel, kakulangan ng pasilidad, suplay at mga gamot. “Dahil sa kainutilan ng gubyernong ito higit na pagdurusa ang dinaranas ng mga pampublikong ospital,” dagdag ni Sobinsky.

“PBBM at DOH ano na? Malapit na magpasko ngunit ang aming February-July 2023 na health emergency allowance ay di pa rin naibibigay hanggang ngayon,” pahayag ni Salome Ejes, pangulo ng Philippine Heart Center Employees Association-AHW.

Nakadidismaya at nakagagalit umano para sa mga manggagawa ang kawalang aksyon ng gubyrerno at DoH at bagong kalihim nito na dapat ay nangangalaga sa kagalingan ng mga manggagawang pangkalusugan. Anang mga manggagawang pangkalusugan, magpapatuloy ang kanilang mga protesta at pangangalampag hanggang sa ibigay ang dagdag-sweldo, benepisyo, karagdagang badyet sa edukasyon at kanilang makatarungang kahingian.

Mahigpit na kontrol sa ₱50-bilyon Maharlika Investment Fund, tiniyak ni Marcos

Nobyembre 14, 2023

Lalong pinahigpit ni Ferdinand Marcos Jr ang personal niyang pagkontrol sa ₱50-bilyong

Maharlika Investment Fund sa pamamagitan ng bagong bersyon ng mga alituntunin nito na inilabas noong Nobyembre 12. Maaalalang pansamantalang “isinuspinde” ang pagbubuo ng MIF noong Oktubre 12 matapos di nasiyahan si Marcos sa unang bersyon ng implementing rules and regulations (IRR) nito.

Sa bagong bersyon na IRR, dalawa ang ipinasok ni Marcos: 1) paglawak ng kanyang awtoridad na pumili ng itatalaga sa Maharlika Investment Board (MIB), ang kunwa’y independyenteng komite na mamamahala sa pondo; at 2) pagpapababa sa mga kwalipikasyong akademiko at karanasan sa negosyo ng ihihirang na president and chief executive officer (PCEO) nito.

Alinsunod sa batas, magkakaroon ng siyam na myembro ang Maharlika Investment Corporation (MIC), ang korporasyong mamamahala sa ₱50-bilyong pondong pampubliko. Upo dito ang itatalaga ng presidente na PCEO, ang kalihim sa pinansya bilang chairperson, mga CEO ng Land Bank at Development Bank of the Philippines, dalawang regular na direktor at tatlong independyenteng direktor.

“Pinalalakas ng bagong IRR ang kontrol ni Ferdinand Marcos Jr sa Maharlika corporation nang bigyan nito ang presidente ng dagdag na kapangyarihan para pumili ng kaibigan niya para maging mga myembro sa Board of Directors nito, gayundin ang pagpasok ng kanyang mga kaibigang negosyante,” pahayag ng Bayan Muna noong nakaraang linggo.

Mas malala, anito, may mga probisyon ang bagong IRR kung saan nakasaad na maaari itong kumuha ng dagdag na pondo sa mga pampublikong kumpanya, hangga't may batas para rito o itatakda ito ng "kinauukulang organo." Ibinubukas nito ang mga pondo ng ibang mga ahensya sa MIF, kabilang ang pondo ng SSS at GSIS, na kunwa'y "ipinagbawal" sa kasalukuyang batas. "Syempre, laging pwedeng magpasa ng bagong batas sa hinaharap para pahintulutan ang SSS at GSIS na mag-ambag ng pondo sa Maharlika," ayon pa sa grupo.

Gayundin, taliwas sa batas, ibinukas ni Marcos ang MIF sa kanyang mga pinaborang negosyante nang ipahintulot sa IRR ang pagpaloob sa pondo ng diumano'y mga "respetadong institusyong pinansyal (bangko) at korporasyon" na pawang pribado. Sa aktwal, inamyendahan nito ang batas na nagbuo ng MIF na nagsasaad na pawang pampublikong ahensya ang bubuo nito.

"Hindi maaring ilagay sa bagong IRR ang pagpasok ng mga pribadong korporasyon kung hindi ito nakasaad sa batas," ayon sa Bayan Muna. "Hindi maaring magkaroon ng probisyon ang IRR sa isang bagay na lampas pa sa isinasaad sa batas." Napalaking peligro nito, lalupa't may awtoridad ang MIC na "patawarin" ang mga utang ng anumang negosyong kalahok sa MIC na nalugi o nagsara.

Isang araw matapos ilabas ang bagong IRR, hinirang ni Marcos bilang PCEO ng MIC si Rafael Consing Jr, na di pasado sa lumang IRR dahil wala itong sapat na kwalipikasyong akademiko. Dating

nagsilbing mataas na upisyal si Consing sa kumpanya ni Enrique Razon, at matapos nito, sa kumpanya ng pamilyang Aboitiz—mga malalaking burgesyang komprador na pinapaboran ng dating rehimeng Duterte, at ngayon ng rehimeng Marcos. Si Consing ay pangatlong upisyal na ng pamilyang Aboitiz na itinalaga ni Marcos sa matataas na pwesto ng kanyang gubyrerno.

Parehong aktibo ang mga kumpanya nina Razon at Aboitiz sa pagkopo ng mga proyektong imprastruktura na nakatakdang popondohan ng MIF. Noong nakaraang Marso, nagsumite ang Private Sector Advisory Council, na pinamunuan ni Sabin Aboitiz, dating amo ni Consing, ng listahan ng mga proyektong imprastruktura na “inirekomenda” ng pribadong sektor sa pangulo.

Bago italaga sa MIC, nagsilbing executive director ng Office of the Presidential Adviser for Investment & Economic Affairs si Consing.

Mga Pilipino, kasama sa milyong nagmartsa sa UK para sa Palestine

Nobyembre 14, 2023

Umabot sa isang milyong mamamayan ang lumahok sa isang protesta sa London, United Kingdom noong Nobyembre 11 para itulak ang panawagan para sa tigil-putukan at kundenahin ang patuloy na gerang henosidyo ng Israel sa Palestine.

Lumahok ang mga organisasyong Pilipino sa naturang rali, na siyang pinakamalaking pagkilos

sa London para sa kilusang Free Palestine mula 2003. Nagsimula ang martsa sa Hyde Park at natapos sa US Embassy.

Sa iba pang bahagi ng UK, lumahok din ang mga Pilipino sa mga isinagawang pagkilos sa Birmingham, Bristol at Scotland.

Sa London, ang delegasyon ng mga Pilipinong sumama sa protesta ay pinangunahan ng Anakbayan-UK. Kasama nilang nagmartsa ang Palestinian Youth Movement, Young Struggle-Europe at mga myembro ng CSRP-UK (Committee to Support the Revolution in the Philippines-UK, komite sa ilalim ng Friends of the Filipino Struggle-Europe).

Ang protesta ay isinagawa kasabay ng paggunita sa Armistice Day, ang araw ng paglagda ng kasunduan sa pagitan ng Allied at Central Powers na siyang nagbunsod ng tigil-putukan sa magkabilang-panig noong Unang Digmaang Pandaigdig.

Isinagawa rin ang protesta bilang reaksiyon sa mga kontra-Palestino at kontra-mamamayang mga pahayag nina UK Prime Minister Rishi Sunak at Home Secretary Suella Braverman, na tumawag sa dambuhalang mga protesta bilang mga “hate march” (martsa ng pagkamuhi) at nagsabing “masyadong mabait ang mga pulis” sa mga nagpuprotesta. Dalawang araw matapos ang dambuhalang protesta, sinibak ni Sunak si Braverman.

Inaasahang patuloy at mas dadagundong ang lingguhang protesta sa buong UK hangga't walang awat ang mga atake at agresyon ng Israel sa Palestine.

Sen. Leila de Lima, laya na

Nobyembre 14, 2023

Lumaya matapos makapagpyansa si Sen. Leila de Lima kahapon, Nobyembre 13, mula sa halos 7-taong pagkakabilanggo. Inaprubahan ng korte ang petisyon ng kanyang mga abugado na magpyansa upang pansamantalang makalaya ang senadora batay sa taya nitong hindi malakas ang ebidensya laban sa kanya.

Ang mga kasong ito, na nagsangkot sa kanya sa bentahan ng ilegal na droga, ay dati nang kinundena bilang pampulitikang panggigipit ng dating pangulong Rodrigo Duterte. Dalawa sa tatlong mga kasong ito ay ibinasura na ng mga korte. Inaresto si de Lima noong Pebrero 24, 2017.

Lubos na ikinatuwa ng kanyang mga tagasuporta, gayundin ng iba't ibang demokratikong pwersa, ang kanyang paglaya.

“Ang matagal niyang detensyon ay isang inhustisya,” pahayag ng deputy minority leader at ACT Teachers Rep. France Castro. “Umaasa kami na ang nasa likod ng di-makatarungan niyang pagkapiit ay sila naman ang makukulong sa malapit na hinaharap.”

“Dapat magsilbing inspirasyon ang laban ni Leila de Lima sa mga biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao (para) magpunyagi sa pakikibaka at huwag bumitiw, makakamit rin ang hustisya sa katapusan,” ayon naman sa presidente ng Bayan Muna na si Atty. Neri Colmenares. “Napipilitan ang gubyrerno na gawin ang hindi niya gusto, depende sa lakas ng laban natin sa kalsada, sa korte at sa kongreso.”

Ayon kay de Lima, sisimulan niya ang paglilinis ng kanyang pangalan at muling pagbangon ngayong nakalaya na siya. “Sinira nila ang buhay at pangalan ko,” pahayag niya sa kanyang paglaya. Mensahe niya kay Duterte, “alam mo kung ano ang ginawa mo sa akin.”

Aniya, wala pang napag-uusapang mga detalye ang kanyang mga abugado kaugnay sa pagsasampa ng kaso laban kay Duterte pero sinabi niyang laging bukas ang opsyon na ito.

Aniya, naging napakahirap sa kanya ang makulong nang walang kasalanan, at usapin ng hustisya na dapat papanagutin ang mga nagtulak rito.

4 na armas, granada, nakumpiska ng BHB-Sultan Kudarat sa operasyong dis-arma

Nobyembre 15, 2023

Dinis-armahan ng mga operatiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sultan Kudarat ang despotiko at ahente ng 57th IB na si Junior Martinez sa Sityo Badiangan, Barangay

Salangsang sa Lebak, Sultan Kudarat noong Nobyembre 13, alas-5 ng umaga. Nakumpiska sa kanya ang isang M16, isang shotgun, dalawang pistola, isang hand grenade, at isang radyong VHF.

Ginagamit ni Martinez ang naturang mga armas sa paninindak para mang-agaw ng lupa ng masang magsasaka sa lugar. Dating walang sariling lupa si Martinez. Labis ang takot ng mga biktima dahil suportado si Martinez ng 57th IB at madalas makita sa kampo ng sundalo.

Noong Nobyembre 10 naman ng umaga, naglunsad ng operasyong haras ang BHB-Sultan Kudarat laban sa detatsment ng 37th IB sa Sityo Pangyen, Barangay Hinalaan, Kalamansig. Ikinalugod ng mga residente ang opensiba ng BHB dahil sa perwisyonang hatid ng tropa nito sa lugar.

Nangunguna ang mga sundalo sa pagsusugal, paglalasing na nagdudulot ng perwisyo tuwing gabi, pagpakalat ng tsismis na nagresulta sa paghihiwalay ng mga mag-asawa at iba pang panggugulo. Paulit-ulit din nitong ginigipit at pinipilit ang mga sibilyan na “sumurender.”

Tumatayong kumander ng yunit si Lt. Col. John Paul Baldomar. Nakabase ang batalyon sa Barangay Tibpuan, Lebak, Sultan Kudarat.

Mga punitibong aksyon laban sa masasamang elemento sa Northern Samar

Nobyembre 15, 2023

Iniulat kamakailan ng Bagong Hukbong Bayan-Northern Samar (Rodante Urtal Command) ang serye ng mga punitibong aksyon na isinagawa ng mga yunit ng hukbong bayan sa Northern Samar laban sa masasama at kontra-rebolusyonaryong elemento sa bayan ng Las Navas. Tatlong elemento ang tinarget sa mga aksyong inilunsad noong Abril sa Barangay San Miguel, isang baryong ilang taon nang kinakampuhan ng 20th IB, at idineklara nang “malinis” sa “impluwensya” ng rebolusyonaryong kilusan. Matagumpay na nailunsad ang mga aksyong militar na may suporta ng masa at nang hindi natitiktikan o namamalayan ng 20th IB.

Noong Abril 27 bandang alas-9 ng gabi, pinarusahan ng BHB-Northern Samar ang aktibong aset ng militar at masamang elemento na si Nong Menggote. Si Menggote ang nagturo sa death squad ng 20th IB sa lokasyon ni Joni Albario, isang magsasakang pinatay noong Oktubre 2022. Bukod sa pagiging aset, matagal nang kinamumuhian ng kanyang mga kababaryo si Menggote dahil sa paulit-ulit niyang pagnanakaw at paglabag sa mga patakaran ng demokratikong gubyernong bayan.

Noong Abril 5, pinarusahan ang isa pang aktibong aset na si Danny Eluterio, bandang alas-4 ng hapon. Sangkot rin siya sa pagpatay kay Albario.

Katuwang siya ng mga sundalo sa panggigipit at pambabanta sa mga residente ng barangay. Tulad ni Menggote, paulit-ulit rin niyang nilabag ang mga patakaran ng gubyernong bayan.

Noong Abril 1, pinarusahan naman si Miguel Alaras bandang alas-8 ng gabi, dating myembro ng paramilitar na Sigma at kasabwat ng mga sundalong nakakampo sa baryo. Despotikong panginoong maylupa ang pamilya ni Alaras na mang-aagaw ng lupa ng mga magsasaka, labag sa mga patakaran sa lupa ng rebolusyonaryong kilusan.

Ilang ulit nang pinaliwanagan at binalaan ng rebolusyonaryong kilusan sina Menggote, Eluterio at Alaras ngunit nagpatuloy pa rin sila sa kanilang mga kontra-rebolusyonaryo at kriminal na mga gawain. Imbes na magbago, aktibo silang nakipagtulungan sa pasistang militar upang sindakin at pasunurin ang kanilang mga kababaryo. Ang mga aksyon laban sa kanila ay pagbibigay ng rebolusyonaryong hustisya sa kanilang mga biktima at pagpapatupad ng pampulitikang kapangyarihan ng rebolusyonaryong gubyerno.

“Patuloy na isusulong ng BHB-Northern Samar ang rebolusyonaryong hustisya sa ngalan ng masang api laban sa pasismo ng estado,” pahayag ng BHB.

Pananalasa ng 14th IB sa Southern Leyte

Nobyembre 15, 2023

Iniulat kamakailan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Leyte Island (Mt. Amandewin Command) ang pagbigong sa isang reyd ng 14th IB na naganap noong Abril at ang ganting pasistang hakbang ng yunit militar sa sibilyang mga komunidad sa Southern Leyte.

Ayon kay Ka Dodong Malaya, tagapagsalita ng BHB-Leyte, napatay sa aksyong militar ng Pulang hukbo noong Abril 2 sina PFC Aries Ampoan, isang ahenteng paniktik ng 14th IB na taga-Gandara, Eastern Samar, at kasapi ng CAFGU na si Noel Montera, taga-Sityo Valibulan, Barangay Katipunan, Silago, Southern Leyte. Nakumpiska sa kanila ang dalawang kalibre .45 pistola, at tatlong selpon.

Si Montera ay sagadsagaring CAFGU na salarin sa isang insidente ng pambobomba ng 8th ID sa Javier, Leyte noong Setyembre 29, 2021. Ipinuslit niya ang isang GPS tracker sa lugar na pinagdududahang kinampuhan ng BHB sa bulubunduking bahagi sa hangganan ng Barangay Caraye at Odiong sa naturang bayan. Sa insidenteng ito, nawasak ng tatlong bombang inihulog ng FA-50 na jet fighter ang 50 puno ng niyog at bahay ng isang magsasaka. Nagdulot din ito ng troma at takot sa komunidad.

Bilang ganti, naglunsad ng operasyon ang 14th IB at sinuyod ang tatlong magkalapit na barangay. Dalawang kumpanyang lulan ng limang siksabay ang idineploy nito sa mga barangay ng bayan ng St. Bernard, Sogod at Silago, lahat sa Southern Leyte mula noong Abril 10 hanggang 15. Sa kabila

ng pagbuhos ng pwersang militar, hindi nito natunton ang yunit ng BHB.

Sa desperasyon nito, nagpakalat ang militar ng kasinungalingan na pinugutan ng ulo ang mga ahenteng paniktik. Pinagbawalan nitong tumungo sa kanilang mga sakahan ang mga residente. Gayunpaman, hindi nagpasindak ang masang magsasaka dahil batid nilang walang katotohanan ang mga paninindak na ito.

Pinatindi ng militar ang pagbabanta sa mga sibilyan at pamimilit para lumahok sa mga operasyong kombat. Kabilang dito ang pagpapadala ng mga GPS tracker sa mga mangangaso at pag-utos sa kanilang iiwan ang mga ito sa mga lokasyong target ng pambobomba ng militar. Sinumang tumanggi ay nire-Red-tag at sinisindak.

Inilinaw ni Ka Dodong na labag sa mga alituntunin ng digma ang pamimilit sa mga sibilyan na lumahok sa mga operasyong militar dahil inilalagay nito sa panganib ang kanilang buhay. Panawagan niya sa mamamayan ng Southern Leyte na magkaisa upang ilantad at labanan ang mga pasistang panggigipit ng mga ahenteng militar.

Ipinabatid niya na determinado ang hukbong bayan na harapin ang mga operasyong kombat ng militar. “Patuloy na patataasin ng BHB-Leyte Island ang kakayahan nito na biguin at labanan ang nagpapatuloy na programang kontra-insurhensya ng terorista at pasistang armadong pwersa ng rehimeng US-Marcos,” aniya.

Panggigipit ng estado sa mga magsasaka sa Hacienda Tinang, binibigo

Nobyembre 15, 2023

Nananatiling matatag ang paninindigan ng mga magsasaka ng Hacienda Tinang, Concepcion, Tarlac at ang kanilang samahang Malayang Kilusang Samahan ng Magsasaka ng Tinang (Makisama-Tinang) sa harap ng sunud-sunod na panggigipit sa kanila ng mga pwersa ng estado.

Nagprotesta sila sa Department of Agrarian Reform (DAR) sa Quezon City noong Nobyembre 13 para batikusin ang maruruming taktika nito.

Ayon sa mga magsasaka, sunud-sunod ang harasment sa kanila noong nakaraang mga linggo. Ang serye ng pag-atake ay nagsimula noong Nobyembre 7 nang matagpuan nila na wasak ang kanilang muhon. Sa sumunod na araw, Nobyembre 8, “binisita” ng isang tauhan ng Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP) ang kaanak ni Alvin Dimarucut, lider-pesante ng Makisama-Tinang.

Nais umanong makausap ng ahente ng OPAPP ang asawa ni Dimarucut para maging katuwang sa “pagkumbinsi” sa kanya na kumalas sa samahang magsasaka para ilayo ito sa sinasabi nilang masama at maling landas. Diumano, ang mga grupong sumusuporta kay Dimarucut ay kabilang sa mga “teroristang grupo.”

Noong Nobyembre 10, natagpuang sinunog at upos na lamang ang kubol ng mga magsasaka ng Makisama-Tinang. Ang kubol ang sentro ng mga pulong at simbulo ng pagkakaisa ng mga magsasaka. Anang Makisama-Tinang, ang naturang kubol “ang naghudyat ng pagtindig at paggigiit ng karapatan sa lupa at karapatang magbungkal.”

Pangalawang beses nang sinunog ang kubol, anang samahan. Muli itong itinayo ng mga magsasaka sa sumunod na mga araw.

Patuloy na ipinananawagan ng mga magsasaka ng Hacienda Tinang sa DAR ang kagyat na pagpwesto sa kanila sa lupa bilang mga benepisyaryo. Noon pang Abril 26 naglabas ng kautusan ang DAR na ipamahagi ang 62.3 ektaryang lupa sa 90 magsasaka bilang agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa asyenda.

Lider-kabataan sa Bulacan, ginigipit ng militar

Nobyembre 16, 2023

Pinuntahan ng anim na sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang bahay ng lider-kabataan ng Anakbayan-Bulacan na si Kristel Asilom noong Nobyembre 11 upang siya’y sindakin at gipitin. Hinanap si Asilom sa kanyang tiyuhin para “pangaralan,” patigilin sa pakikialam niya sa mga isyung panlipunan at paalisin sa progresibong kilusan.

Ipinakita pa ng mga sundalo sa tiyuhin ni Asilom ang mga larawan ng kanyang pamangkin sa ilang mga pagkilos na dinaluhan si Asilom noong Septyembre. Kabilang dito ang paglahok niya sa mga aktibidad para sa pagpapalaya sa dinukot na mga aktibistang sina Jhed Tamano at Jonila Castro, at pati ang nakaraang protesta sa paggunita sa batas militar.

Harap-harapang inamin ng mga ahenteng militar na matagal nang ipinaiiilalim sa sarbeylans si Asilom. Sa ulat ng Anakbayan-Bulacan, simula pa 2020 ay sunud-sunod na ang mga atakeng naranasan ni Asilom. Makailang ulit siyang ni-Red-tag at pinagbantaan ang kanyang buhay. Tinakot kahit ang kanyang mga magulang.

Si Asilom ay nagtapos sa Bulacan State University, kung saan din nag-aral si Tamano at Castro.

Makupad at baryang dagdag-sahod sa 3 rehiyon, binatikos

Nobyembre 16, 2023

Binweltahan ng Kilusang Mayo Uno kahapon, Nobyembre 15, ang inilabas na kautusan ng mga regional wage board sa Bicol, Cordillera at Eastern Visayas na ₱30 kada araw na umento sa minimum na sahod ng mga manggagawa sa naturang rehiyon.

Bago ang baryang dagdag, nasa ₱400 lamang ang arawang minimum sa Cordillera, ₱365 sa Bicol at ₱375 sa Eastern Visayas. Samantala, nasa ₱1,191 na ang arawang nakabubuhay na sahod sa

Cordillera, ₱1,138 sa Bicol at ₱856 sa Eastern Visayas.

“Katiting, napakakupad!” ayon sa KMU. “Di man lang magkakasya sa pamasaha papunta at pauwi ng trabaho.” Binweltahan nito ang rehimeng Marcos at mga regional wage board sa paulit-ulit na pagkakait at kawalang pakialam ng mga ito sa mga manggagawa.

“Ito na ang pamaskong handog ng gubyernong Marcos Jr? Barya-barya!”

Sa taong ito, pinakamataas na baryang ₱50 dagdag-sahod na iginawad sa mga manggagawa sa National Capital Region at ilang industriya sa Calabarzon. Malayong hindi nakaaagapay ang sahod ng mga manggagawa, lalupa’t patuloy na tumataas ang presyo ng mga bilingin at singil. Noong Oktubre, nasa ₱504 lamang ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawa sa NCR dulot ng implasyon.

[20231116]

Rodrigo Duterte, pinahahaharap sa korte para sa kasong malalang pagbabanta

Nobyembre 16, 2023

Ipinatatawag ng Office of the City Prosecutor ng Quezon City si dating pangulong Rodrigo Duterte para sagutin ang reklamong malalang pagbabanta na isinampa sa kanya ni ACT Teachers Rep. France Castro. Inilabas ng korte ang kautusan kahapon, Nobyembre 15. Pinahaharap si

Duterte sa korte sa Disyembre 4 at 11 para sa paunang imbestigasyon sa kaso.

Maituturing na makasaysayan ang pagpapatawag kay Duterte sa korte at ang kasong isinampa laban sa kanya ni Rep. Castro dahil ito ang unang kasong haharapin niya mula nang bumaba siya sa poder bilang pangulo.

Isinampa ni Rep. Castro ang kasong pambabanta sa Quezon City noong Oktubre 24. Kaugnay ito sa pahayag ni Duterte na “gusto niyang patayin” si Castro at mga katulad niya na inere noong Oktubre 10 sa Sonshine Media Network International, isang network sa telebisyon na pag-aari ng alipures nitong si Apollo Quiboloy. Isinampa ni Castro ang kaso alinsunod sa Article 282 ng Revised Penal Code.

Ayon kay Rep. Castro, ikinalugod niya ang pag-usad ng kaso at hiniling niya ang dating pangulo na humarap sa paunang imbestigasyon. Tila nagpapaawang sagot naman ni Duterte, “magpakulong na lang ako...inaapi ako ni France,” matapos isapubliko ang pagpapatawag ng korte.

Maalalang pinagbantaan ni Duterte si Castro dahil sa pangunguna ng kongresista sa pagbusisi sa confidential at intelligence funds na inilaan sa pambansang badyet para sa Office of the Vice President (OVP) at Department of Education (DepEd) na pinamumunuan ng anak niyang si Sara Duterte.

US, may natatanging pananagutang kriminal sa pang-aatake sa ospital sa Gaza

Nobyembre 16, 2023

Direktang sinisingil ng grupong Hamas ang krimen ng US at ang presidente nitong si Joseph Biden, kasama ang Zionistang Israel, sa pag-atake sa al-Shifa Medical Complex, ang pinakamalaking pagamutan sa Gaza noong Nobyembre 11.

“Ang pag-uulit ng White House at ng Pentagon sa bulaang pahayag ng mananakop (Israel) na ginagamit ang al-Shifa medical complex ng mga pwersang lumalaban para sa layuning militar ang nagbigay ng pahintulot sa mga manananakop na Israeli na isagawa ang dagdag na mga masaker sa sibilyan,” ayon sa grupo.

Isinasagawa ang mga masaker na ito para pwersahing lumayas ang mga sibilyan sa hilagang bahagi ng Gaza tungo sa katimugan nito, at kumpletuhin ang dislokasyon ng mamamayang Palestino para lubusang angkinin ang kanilang mga teritoryo, dagdag nito.

“Pinananagot namin ang mananakop at mga makabagong Nazi na mga lider nito, kasama si Pres. Biden at kanyang administrasyon, bilang lubos na responsable sa kinahinatnan ng pang-aatake ng hukbo ng mananakop sa al-Shifa Medical Complex, at sa dinanas ng mga tauhang pangkalusugan, kasama ng libu-libong mga napalayas na indibidwal, na resulta ng brutal na krimen laban sa isang pasilidad pangkalusugan na

protektado sa ilalim ng Fourth Geneva Convention,” pahayag ng Hamas. “Pananagutin ang mga lider ng mga mananakop, kasama ng lahat ng mga nakipagsabwatan sa kanila sa pagpatay sa mga bata at di armadong mga sibilyan.”

Sa taya ng United Nations, mayrong 2,300 indibidwal (mga pasyente, manggagawang pangkalusugan at mga sumukob na sibilyan) sa loob ng ospital nang atakehin ito ng mga pwersang Zionista. Bago nito, ipinalaganap pareho ng US at Israel na nasa ilalim ng naturang ospital ang isang “comand center” ng Hamas nang walang ipinakitang anumang ebidensya.

“Ang pananahimik ng United Nations, at ang pagtatraydor ng maraming bansa at rehimen ay hindi makapigil sa mamamayang Palestino para panghawakan ang kanilang lupa, ang kanilang lehitimong pambansang mga karapatan. Patuloy naming ipaglalaban ang aming mamamayan at ang kanilang mga karapatan gamit ang lahat ng aming lakas,” anito. “Pagbabayaran ng husto ng mananakop ang kanilang mga krimen at agresyon laban sa aming mga anak, kababaihan at sagradong mga lugar.”

Nagpahayag ng lubos na pakikiramay sa mamamayang Palestino, at galit sa Zionistang Israel ang rebolusyonaryong kilusang Pilipino sa pang-aatake sa naturang ospital.

“Ang atake laban sa pinakamalaking ospital sa Gaza ay isang malubhang krimen sa digma at karugtong sa mahabang listahan ng mga walang-

habas na krimen na isinasagawa ng gubyernong Netanyahu,” ayon kay Marco Valbuena, upisyal sa impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas. “Ipinakikita ng matitinding atakeng ito ang pagkamuhi ng Zionistang rehimeng Israeli na suportado ng US sa internasyunal na makataong batas.”

Kaisa ang rebolusyonaryong kilusang Pilipino sa mamamayang Palestino na nananatiling matatag sa kanilang kilusan laban sa Zionistang Israel at nagkakaisa sa paglaban gamit ang armas at lahat ng posibleng paraan para ipagtanggol ang kanilang mga buhay at isulong ang kanilang kalayaan, aniya.

19 taon matapos ang masaker sa Hacienda Luisita, wala pa ring hustisya

Nobyembre 17, 2023

Nagprotesta ang mga magsasaka at manggagawang-bukid sa Department of Agrarian Reform kahapon, Nobyembre 16, upang gunitain ang ika-19 na anibersaryo ng Hacienda Luisita Massacre. Sa pangunguna ng Alyansa ng Manggagawang Bukid sa Asyenda Luisita (AMBALA), ipinanawagan nila ang hustisya para sa pitong manggagawang-bukid na napaslang at ang pamamahagi ng lupa sa mga magbubukid.

Inalala nila ang pitong manggagawang-bukid na sina Adriano Caballero Jr, Jaime Pastidio, Jhaivie Basilio, Jessie Valdez, Jesus Laza, Jhune David, at Juancho Sanchez. Pinaslang sila ng mga pwersang militar nang pagbababarilyn ang mga

manggagawang-bukid na naglunsad ng welga laban sa pangangamkam sa 6,453-ektaryang tubuhan sa Hacienda Luisita sa Tarlac ng pamilya Cojuangco-Aquino noong 2004.

Sa brutal na atake ng estado, 121 ang nasugatan, kabilang ang mga bata, at 133 naman ang inaresto at ikinulong. Ayon sa mga grupo, nananatiling walang katarungan para sa mga biktima ng karumal-dumal na pasismo ng estado.

Patuloy na ipinaglalaman ng mga magbubukid ang pamamahagi ng lupang saklaw ng asyenda. Dismayado sila sa pagwawalambisa ng estado noong 2022 sa mga “notice of coverage” na inilabas ng DAR noong 2013 at 2014 upang ipamahagi ang walong parsela sa loob ng asyenda na narehistro sa ilalim ng Tarlac Development Corporation (TADECO). Ang 358-ektaryang lupa na iginigiit ng mga magsasaka at manggagawang-bukid ay 5% lamang ng kabuuang lupain ng asyenda.

Binatikos at tinutulan din ng AMBALA ang iligal na pagbenta ng 200 ektarya ng lupaing inaangkin ng Central Azucarera de Tarlac (CAT), na ngayon ay kontrolado ng mga pamilyang Lorenzo at Ayala at kasosyo ng mga Cojuangco-Aquino upang itulak ang pagpapalit-gamit dito.

“Paano maghihilom ang dalawang-dekadang sugat ng mga magbubukid sa Luisita kung patuloy silang pinagkakaitan ng lupa at dinadahas ng estado?” tanong ni Ariel “Ka Ayik” Casilao, tagapangulo ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura (UMA). Giit niya, ang kaso ng Luisita

ay patunay na makinarya ng naghaharing uri ang estado para panatilihin ang masang magsasaka.

“Hindi natin maipapaubaya sa estado ang pagpapanagot sa rehimeng Macapagal-Arroyo, Aquino, at Marcos para sa inhustisyang inihatik nila sa mga magbubukid ng Hacienda Luisita... kilusang masa lamang ang makasisingil sa kanila,” aniya.

Panunulsol ng US ng henosidyo ng Israel at gera sa Asia, binatikos sa rali sa US Embassy

Nobyembre 17, 2023

Nagrali sa mismong tapat ng US embassy sa Maynila noong Nobyembre 14 ang daan-daang indibidwal na pinamunuan ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) para kundenahin ang papel ng US sa henosidyo ng papet nitong Zionistang rehimen sa Israel laban sa mamamayang Palestino. Hinarang at tinangkang buwagin ng mga pulis ang martsa bago makarating sa embahada. Anim na kabataan ang nasugatan sa tangkang ito.

“Habang inuulan ng bomba ang Gaza sa nakaraang 37 araw, binibigyan naman ng US ang Israel ng dagdag na \$14.3 bilyon para itaguyod ang gera nito laban sa mamamayang Palestino,” pahayag ng Bayan sa araw na iyon. “Responsable ang gubyernong Biden sa pagkamatay ng 4,000 mga bata at pagkawasak ng mga ospital, eskwelahan at mga refugee camp.”

Dala ng mga nagrali ang panawagang: From Palestine to the Philippines, Stop the US war machine!

Aktibong kalahok ang US sa maramihang pagpatay, ayon sa grupo. “Ngayon, higit kailanman, nababatid na ng milyong mamamayan sa buong mundo na gera ang kahulugan ng imperyalismo.”

Kasabay ng pagkundena sa henosidyo, kinundena rin ng mga grupo ang war game ng US na Kamandag, na noo’y inilulunsad sa iba’t ibang bahagi ng Pilipinas, at ang panghihimasok nito sa Asia. “Ginagamit ng US ang makaratungang hinaing ng Pilipinas sa West Philippine Sea para bigyan-katwiran ang paglalalatag nito ng mga base sa bansa,” ayon sa grupo. “Interesado lamang ang US sa adyendang hegemonya nito, hindi sa soberanya at pambansang interes ng Pilipinas.”

Panawagan ng grupo, hindi dapat pumayag ang mamamayang Pilipino na gawing palaruan (playground) at apakan (footstool) ng mga imperyalistang manunulsol ng gera ang bansa.

“Ang tulak ng US para ipailalim sa hegemonya nito ang Pilipinas ay siya ring nasa likod ng suporta sa pulitika at militar nito sa estado ng Israel at sa kampanyang henosidyo nito sa mamamayang Palestino,” ayon kay Clarice Palce, secretary-general ng Gabriela. “Ang pakikibaka ng mga Pilipino sa ilalim ng US ay kahalintulad ng pakikibaka ng mga Palestino sa ilalim ng Israel na suportado ng US.”

“Sa Pilipinas, ginamit ng US ang “gera kontra-terorismo” para sikilin ang pakikibaka ng Bangsamoro para sa karapatan sa pagpapasya-sasarili,” ayon naman sa Sandugo-Movement of Moro and Indigenous Peoples for Self-determination in the Philippines. “Samantala, militarizado ang mga komunidad ng mga katutubo alinsunod sa mga patakaran ng US sa kontra-insurhensya.”

Lumahok sa pagkilos ang International League of Peoples’ Struggles, Philippine-Palestine Friendship Association at iba pang demokratikong organisasyon.

Tatlong araw na pambansang tigil-pasada, ikakasa ng mga drayber at opereytor

Nobyembre 17, 2023

Inianunsyo ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) noong Nobyembre 15 ang paglulunsad ng tatlong araw na pambansang tigil-pasada sa darating na Nobyembre 20-22 para igiit ang pagbabasura sa programang PUV modernization na magreresulta sa pag-“phaseout” sa mga sasakyang jeep. Naghahanda na sa tigil-pasada ang mga samahan sa ilalim ng Piston, gayundin ang iba pang mga progresibong sektor.

Mariing tinututulan ng maliliit na drayber at opereytor, sa partikular, ang sapilitang konsolidasyon ng kanilang mga prangkisa. Anang grupo, paraan lamang ito para solong kontrolin ng

malalaking korporasyon ang sektor, dahil ang mga ito lamang ang magkakaroon ng kakayahan na kumpletuhin ang mga rekisito para sa prangkisa. Sapilitang ipatutupad ang konsolidasyon sa darating na Disyembre 31.

Giit ni Ka Mody Floranda, presidente ng Piston, hungkag ang balangkas ng “modernisasyon” ng gubyerno dahil hindi nito layuning ayusin ang pampublikong transportasyon kundi magkaroon ng isang malaking negosyo sa hanay ng serbisyo sa mamamayan.

“Itong franchise consolidation ang unang hakbang sa pang-aagaw sa kabuhayan ng mga tsuper at operator,” ayon pa kay Floranda. Sa pag-aaral ng Piston, hindi bababa sa ₱40 milyon ang kakailanganin ng isang kooperatiba na may 15 yunit ng dyip para rito. Himutok nila, hinding-hindi ito kakayanin ng isang ordinaryong opereytor.

Tinatayang nasa 100,000 na mga yunit ng dyip sa buong bansa ang lalahok sa tigil-pasada sa Lunes.

Paglahok ng mga drayber sa prubinsya

Inihayag ng mga drayber at opereytor sa Southern Tagalog, Western Visayas, at Cebu ang paglahok sa ikakasang tigil-pasada.

Sa nagdaang dalawang araw, sunud-sunod na pagpupulong at talakayan ang isinasagawa ng Starter-Piston, balangay ng Piston sa Southern Tagalog, sa prubinsya ng Quezon, Laguna at Batangas para lumahok sa nakatakdang tigil-pasada.

Tinalakay nila at ng mga boluntir ang epekto ng PUV phaseout at malubhang pagsirit ng presyo ng produktong petrolyo na nagpapahirap sa mga drayber, maliliit na opereytor ng jeep at mga pasahero.

Kasado na rin sa tigil-pasada ang No to PUV Phaseout Coalition sa Western Visayas.

Sa Cebu, inianunsyo ngayong araw ng Piston-Cebu ang paglahok nito sa tigil-pasada. Anang grupo, lalahok sila sa kilos protesta sa Nobyembre 22 subalit ipagpapaliban ang pagkilos sa Nobyembre 20-21 bilang pagrespeto sa pyesta ng Virgen de la Regla sa prubinsya.

“Hindi patas ang gubyernong ito. Kaming mahihirap ay tinatapak-tapakan nila. Parang hindi tao ang pagtrato nila sa mga drayber ng dyip,” ayon sa isang kinatawan ng Piston-Cebu.

Koordinadong protesta para sa karapataan at kalayaan, inilunsad ng mga estudyante

Nobyembre 18, 2023

Naglunsad ng koordinadong pagkilos ang mga kabataan at estudyante sa 16 na sentro ng protesta sa bansa noong Nobyembre 17 para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng mga Estudyante.

Tampok ang pagkilos ng mga estudyante sa University of the Philippines (Diliman, Manila, Los Baños, Tacloban, Iloilo at Mindanao), Polytechnic University of the Philippines, Ateneo de Manila

University, University of Sto. Tomas, De La Salle University, Western Visayas State University at iba pang mga pribado at pampublikong pamantasan sa Metro Manila.

Ipinanawagan ng mga kabataan ang karapatan sa edukasyon, pagkilala sa demokratikong karapatan ng mga estudyante at pagtatanggol sa akademikong kalayaan sa loob ng mga kampus. Binatikos din nila ang kapalpakan ng rehimeng Marcos sa pagbibigay ng maayos at makabuluhang serbisyong panlipunan sa bansa.

“Sama-sama nating isulong ang pambansa, siyentipiko, at maka-masang edukasyon!” giit ng League of Filipino Students (LFS). Anang grupo, sa kabila ng panggigipit at panghahas ng mga pulis matagumpay na naisagawa ang mga pagkilos.

“Hindi natinag ng pananakot ng mga pulis, buong lakas na nanindigan ang mga estudyante na itutuloy ang militanteng tradisyon ng paglaban ng sektor upang magdala ng tunay na pagbabagong panlipunan na nagsisilbi sa mamamayan,” ayon sa LFS.

Ipinahayag din sa mga protesta ang suporta sa mamamayang Palestino sa harap ng henosidyo ng Israel laban sa kanila. Kinundena nila ang imperyalistang US at Zionistang guberno ng Israel sa kampanyang henosidyo at pambobomba laban sa mamamayang Palestino.

“Hindi mapipigilan ang pagtindig ng kabataan sa harap ng henosidyo at okupasyon na nangyayari sa Palestine,” ayon sa grupong Anakbayan.

Pagbuwag sa NTF-Elcac, inirekomenda ng opisyal ng United Nations

Nobyembre 18, 2023

Inirekomenda ng isang special rapporteur (opisyal na tagapag-ulat) ng United Nations ang pagbuwag sa mapanupil na National Task Force-Elcac na tinawag nitong “nag-ooperasyon nang walang pakundangan” sa bansa. Dumating si Special Rapporteur Ian Fry sa bansa noong Nobyembre 6 para sa isang-linggong imbestigasyon at pag-usisa sa kalagayan ng pagbabago sa klima at karapatang-tao.

Sa pahayag ni Fry sa huling araw ng kanyang pagbisita, nanawagan siya ng independyenteng imbestigasyon sa operasyon ng NTF-Elcac na binuo ng estado noong 2018. Aniya, “malinaw na paggana ng Elcac labas sa orihinal na mandato nito at nangre-Red-tag sa mga indibidwal mula sa komunidad at katutubong mamamayan.” Inirekomenda niya rin ang pagbasura sa mapanupil na Anti-Terrorism Act (ATA).

Ikinabahala niya ang pagtrato ng mga pwera ng estado sa mga tagapagtanggol ng kalikasan at karapatang-tao sa Pilipinas. Napag-alaman ni Fry ang mga kasong ito ng pang-aabuso at panunupil ng NTF-Elcac sa pagbisita niya sa mga komunidad ng Baseco Compound sa Maynila para silipin ang mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay, sa

Tacloban City at iba pang syudad na hinagupit ng superbagyong Yolanda, sa Iloilo para mapag-aralan ang pagpapalayas sa mga katutubo dulot ng proyektong Jalaur Mega Dam.

Nakipanayam din si Fry sa mga kinatawan ng mga organisasyong masa tulad ng mga mangingisda, tagapagtanggol ng kalikasan at iba pa.

Suportado ng grupong Kalikasan People's Network for the Environment ang mga rekomendasyon ni Fry na anito'y "nagpapakita na maraming dapat papanagutan ang administrasyong Marcos sa harap ng sistematikong paglabag sa karapatang-tao kaugnay ng pagbabago sa klima at kalikasan," ayon sa grupo.

Nagpapatikad umano ito ng tungkulin ng mamamayan at organisasyong masa na patuloy na labanan ang mga mapanupil na patakarang ito at gamitin ang lahat ng plataporma para papanagutin ang rehimeng Marcos sa nililikha nitong unos sa klima at pagyurak sa mga sa karapatang-tao.

Ipinabatid naman ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ang kanilang pasasalamat kay Fry sa pagbisita nito sa komunidad ng mga mangingisda sa Pilipinas. "Laging bukas ang mga komunidad ng mangingisda sa mga kagaya ni Mr. Fry na konkretong nag-iimbestiga sa aming kalagayan sa gitna ng mapaminsalang pagbabago sa klima," pahayag ni Aries Soledad, koordineytor ng Pamalakaya-Cavite, lugar na apektado ng reklamasyon sa Manila Bay.

Pagpupulong ng APEC sa US, pagdalo ni Marcos, binatikos

Nobyembre 18, 2023

Sunud-sunod na protesta ang inilunsad ng iba't ibang organisasyon sa pangunguna ng No to APEC Coalition at iba pang mga alyansa sa San Francisco, California, sa United States para batikusin ang inilunsad na pagpupulong dito ng Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) na dinaluhan ng mga lider mula sa iba't ibang bansa. Isinagawa ang mga pagkilos at aktibidad mula Nobyembre 11 hanggang 17. Lumahok sa protesta ang mga migranteng Pilipino at binatikos nila ang paglahok ni Marcos sa naturang pagpupulong.

Noong Nobyembre 11, inilunsad ng koalisyon ang isang people's summit na kontra sa isinagawang pagpupulong ng mga lider ng maraming bansa. Sa kasunod na araw, magkakaibang protesta ang isinagawa ng grupo.

Ayon sa koalisyon, ang APEC ay gumasta ng milyun-milyong dolyar sa isang pagtitipon na nagtalakay ng pamumuhunan sa kapakinabangan ng mayayaman at kita, at sa kapinsalaan ng karaniwang mamamayan. Sa deklarasyon nito, "ang mga opisyal at lider ng estado na dumalo sa APEC ay hindi kumakatawan sa interes ng malapad na mayorya ng mamamayan."

Anila, tinalakay din sa pulong ang ibayong pagsasamantala at pang-aapi sa masang manggagawa ng mga malalaking korporasyon at institusyon sa tabing ng "free trade" o malayang

kalakalan. “Babaratín nito ang sahod, kakamkamin ang lupa ng mga magsasaka at minoryang mamamayan, dadambungin at sisirain ang kalikasan, habang pinalalaki ang kita ng mga korporasyon,” ayon pa sa koalisyón.

Giit nila, puro palabas at peke ang mga “solusyóng” inihahain ng APEC sa mga suliraning kinahaharap ng masang anakpawis sa buóng mundo. Walang makabuluhang ambag ang kanilang pag-uusap para makabawi mula sa pandemya, krisis sa ekonomya, pagtataguyod sa kalikasan, pagkilala sa kababaihan, at iba pang mga mahahalagang usapin.

Sa harap nito, pangunahing pinuna ng koalisyón ang responsibilidad ng US sa inilunsad na pagpupulong ng APEC. “Ang US ang may pinakamalaking impluwensya sa APEC at ginagamit ito para sa sariling ganansya,” ayon sa koalisyón. Tinuligsa nito ang US at APEC sa pagtutulak ng sariling adyenda para sikilin at atakehin ang mga karibal nito, laluna ang China.

“Ang Indo-Pacific Economic Framework (IPEF) na pinamumunuan ng US ay may layóng kontrahin ang ekonomya ng China at agawin ang kontrol sa mas mahihinang mga bansa. Ang mga aksyóng ito ay ekonomikong pamimilit at maghahatid sa atin sa bingit ng digma,” ayon sa koalisyón.

Panawagan nito sa masang anakpawis sa buóng daigdig, “ang tanging solusyón sa mga krisis ng ating panahon ay pandaigdigang pagkakaisa ng uring manggagawa.”

Ang APEC Summit ay taunang pagpupulong ng 21 lider ng mga bansang nasa Pacific Rim. Saklaw ng mga bansang ito ang kalahati ng internasyunal na kalakalan, sa pangunguna ng US.

Marcos, hinabol ng protesta

Sinalubong at hinabol ng protesta ng mga progresibong samahan ng mga migranteng Pilipino sa US si Marcos at ang delegasyon ng Pilipinas na lumahok sa pagpupulong ng APEC. Dumating si Marcos sa US noong Nobyembre 14. Ito ang ikatlong pagbisita ni Marcos Jr sa among imperyalistang US mula nang maluklok sa dinayang eleksyon.

Sa pamumuno ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-USA at Malaya Movement USA, higit 300 ang nagprotesta noong Nobyembre 15 sa South San Francisco. Kinundena nila ang pamilyang Marcos at ang inihasik nitong karahasan, korapsyon at paglapastangan sa bansa mula noong panahon ng diktadura hanggang sa ngayon na nakaupo siya sa poder. Sigaw nila, "Marcos is not welcome here! The Philippines is not for sale!" (Hindi tanggap si Marcos dito! Hindi ibinebenta ang Pilipinas!).

Sinundan din nila si Marcos Jr sa tinuluyang mamahaling hotel na Ritz-Carlton. Tinatayang \$11,000 ang singil dito bawat araw. Binatikos ito ng mga grupo bilang paglulustay sa pondo ng bayan. Nagkaroon din ng protesta sa iba pang lugar sa San Francisco kung saan nakipagpulong siya sa mga komunidad ng Pilipino sa US.

400 kabataan, nagtipon sa pandaigdigang kumperensya

Nobyembre 19, 2023

Nagtipun-tipon sa Paris, France ang 400 lider-kabataan mula sa 95 organisasyon sa 49 bansa sa kauna-unahang Pandaigdigang Kumperensya ng Kabataan noong unang linggo ng Nobyembre. Layon ng pagtitipong inorganisa ng Youth Writing History ang palakasin ang internasyunal na pagkakaisa sa hanay ng kabataan para isulong ang pandaigdigang anti-imperyalistang kampanya at pakikibaka para sa alternatibong kaayusang pandaigdig.

Tinalakay sa kumperensya ang mga tampok na usapin at krisis na kinahaharap sa mundo, mga pakikibaka sa bawat kontinente, at ang kalagayan ng mga pambansa at panlipunang kilusang mapagpalaya sa iba't ibang mga bansa. Nagkaisa ang kumperensya sa isang 10-puntong deklarasyon na isusulong ng mga kalahok.

Inihayag nila sa deklarasyon ang pagtuligsa sa sistemang kapitalista na nagdudulot ng pandaigdigang krisis. Anila, makakamit lamang ang maaliwalas na bukas sa pagtatatag ng bago, makatarungan at tunay na demokratikong kaayusang pandaigdig.

Nakasaad din sa deklarasyon ang panatang pagkakaisahin ang lahat ng mga samahang demokratiko at kontra-reaksyon, paglaban sa lahat ng porma ng okupasyon at kolonyalismo, pagbigong sa pasismo, at iba pa.

Kabilang sa lumahok sa pagtitipon ang kinatawan ng grupo ng kabataang Pilipino na Anakbayan. Nagbigay ang Anakbayan ng tampok na talumpati kaugnay ng mga usapin sa Asia-Pacific. Tinalakay ng grupo ang umiigting na pakikialam at panghihimasok ng US sa Asia na nagdudulot ng mga kiskisan at sigalot sa karibal nitong imperyalistang China.

Mandirigma ng BHB-Sultan Kudarat, sadyang pinatay ng 37th IB

Nobyembre 19, 2023

Iniulat ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sultan Kudarat ang sadyang pagpatay ng 37th IB sa nadakip nitong mandirigma ng BHB na si Rafael Zambrano (Ka Dodong/ Tres), 27 anyos, residente ng Sityo Surong, Barangay Hinalaan, Kalamansig, Sultan Kudarat noong Oktubre. Sa ulat ng mga residente, ipinailalim siya sa tortyur at pinilit na maggiya bago paslangin sa isang pekeng engkwentro. Naulila niya ang kanyang tatlong anak.

Si Zambrano ay nadakip ng mga sundalo sa isang bahay sa Sityo Bugkog, Barangay Limulan, bandang alas-7 ng umaga noong Oktubre 8. Ginapos siya at pinaputukan sa harap mismo ng mga kapitbahay. Makalipas ang dalawang araw, nagpakana ng putukan o engkwentro ang 37th IB sa Sityo Kalamagan, Barangay Limulan nang bandang alas-11 ng gabi. Walang yunit ng BHB sa lugar sa panahong iyon. Kinabukasan, Oktubre 11, bandang alas-10 ng umaga ay natagpuan ang

bangkay ni Zambrano na pinalabas ng militar na napatay sa isang “engkwentro.”

“Hindi na bago ang mga kasinungalingan at traydor na pamamaraan ng 37th IB. Katulad ito sa kaso ng pagdakip at sadyang pagpatay kay Jan Rowee Libot noong Hulyo 27 sa Sityo Pusot, Barangay Hinalaan,” ayon sa BHB-Sultan Kudarat.

Si Libot ay dating boluntir na guro ng eskwelahang Lumad na Center for Lumad Advocacy, Networking and Services (CLANS) at kalaunan ay sa Lumad Bakwit School na inilunsad sa Metro Manila. Nag-aral siya ng kolehiyo noong 2014-2018 sa Liceo de Davao-Tagum ng Bachelor in Secondary Education major in English sa tulong ng libreng pagpapaaral ng Mindanao Interfaith Services Foundation.

Anang BHB-Sultan Kudarat, gustong pagmukhain ng 37th IB na lehitimo ang kanilang mga pagpatay para pagtakpan ang karumal-dumal na krimen at paglabag sa internasyunal na makataong batas. Giit nito, pinatutunayan lamang ng mga kasong ito ang tunay na mukha ng AFP na mabangis, bayaran at pasista.

#MarcosNoHero: Ika-7 taon ng pataksil na paglilibing sa diktador sa libingan ng bayani, ginunita

Nobyembre 19, 2023

Nagtipon kahapon, Nobyembre 18, ang mga beterano ng pakikibakang kontra-diktadura, sa Bantayog ng mga Bayani para gunitain ang

pataksil na paglilibing sa diktador na si Ferdinand Marcos Sr, sa atas ng noo'y pangulong si Rodrigo Duterte, sa Libingan ng mga Bayani (LNMB) noong 2016. Giit ng Samahan ng Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Aresto (SELDA) at Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law (Carmma), walang diktador na bayani.

Ayon kay Ka Satur Ocampo, sinisimbolo ng paglibing kay Marcos sa LNMB ang kagustuhang tanghalin ng pamilyang Marcos na bayani ang diktador. Itinuturing din itong bahagi ng kampanya ng pamilya na linisin ang maruming rekord nitong at baluktutin ang kasaysayan.

Itinanghal ng mga grupo sa programa ang isang barikada na puno ng barbed wire (alambreng tinik) na anila ay simbolo ng kalupitan ng diktador. “Sinisimbolo nito ang malinaw na paghihiwalay sa pagitan ng masa, na nakaranas ng kahirapan at kagutuman [noong panahon ng batas militar], at ng pamilyang Marcos na nagpakalulong sa ninakaw nitong yaman ng bayan,” ayon kay Bonifacio Ilagan, convener ng Carmma.

Nag-alay din ng mga bulaklak ang mga dumalo sa programa para kilalanin ang tunay na mga bayani noong batas militar—ang mga pangalang nakaukit sa Bantayog ng mga Bayani—na lumaban at nakibaka sa paghaharing militar.

Ayon kay Ilagan, bagaman ilang dekada na ang nakararaan matapos maibagsak ang diktadura, nakalukob pa rin ang kadiliman sa bansa.

Nagpapatuloy at dumarami pa ang mga kaso ng panunupil at paglabag sa karapatang-tao sa mga aktibista at kritiko ng naghaharing gubyrerno, aniya.

Mga mandirigma ng BHB-Mindoro, dinakip at sadyang pinatay ng 76th IB

Nobyembre 19, 2023

Dinakip at sadyang pinatay ng mga berdugong sundalo ng 76th IB ang dalawang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Mindoro na sina Jethro Isaac Ferrer (Ka Pascual) at Peter Rivera (Ka Rochie) sa Barangay Buong Lupa, Gloria, Oriental Mindoro noong Nobyembre 13. Kasabay na dinakip ang mandirigmang si Ka Jasel na hindi pa inililitaw hanggang ngayon. Ang tatlo ay bumibisita sa kaanak ni Ka Jasel nang dakpin ng mga sundalo.

Kinundena ng BHB-Mindoro ang pagpaslang sa dalawa nitong mandirigma na anito ay isang malinaw na paglabag sa internasyunal na makataong batas. Anang yunit, ang mga biktima ay dapat itinuring na mga bihag ng digma at sa gayon, binigyan ng karampatang pagtrato at paggalang sa kanilang mga karapatan.

“Taliwas sa ipinangangalandakan ng 203rd Brigade at Area Police Command-Southern Tagalog, pinaslang sina Ka Bundo at Ka Rochie nang walang kalaban-laban,” pahayag ni Ka Madaay Gasic, tagapagsalita ng BHB-Mindoro. Ayon pa sa kanya, karumal-dumal ang krimeng ito

ng militar at paglapastangan sa mga batas ng sibilisadong pakikidigma.

Ayon sa BHB-Mindoro, ipinagkait nila sa mga mandirigma ang makatarungang proseso at mga karapatan bilang mga nakikidigmang pwersa ng katapat na estado. Ginagarantiyahan ng mga alituntunin ng internasyunal na makataong batas ang mga proteksyon at karapatan ng mga bihag sa digma.

Ipinagbabawal sa ika-32 Artikulo ng Fourth Geneva Conventions ang anumang hakbang na magresulta sa pagdurusang pisikal o pagpuksa sa mga taong nasa ilalim ng proteksyon nito. Anito "...hindi lamang ito aplikable sa pagpatay, tortyur, pananakit, mutilation (pagputol sa anumang bahagi ng katawan) ...kundi maging sa iba pang pamamaraan ng brutalidad, gawa man ng ahenteng sibilyan o militar."

Labag din ito sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines.

"Malaking karuwagan ang pataksil na pagpatay kina Ka Pascual at Ka Rochie at ang pagtotropeo ng AFP-PNP sa kanilang mga labi. Pinatutunayan lamang ng AFP-PNP at reaksyunaryong estado na wala itong pagrespeto sa karapatang-tao," dagdag ni Ka Madaay. Inilalantad din nito, anya, ang maruming taktika sa kontra-rebolusyonaryong gerang nakaayon sa US counterinsurgency guide.

Pagpupugay at pagkilala

Pinagpugayan ng BHB-Mindoro ang kadakilaan ni Ka Pascual at Ka Rochie. Ang katatagan ng dalawa ay “patunay sa hindi matinag na rebolusyonaryong diwa ng mga Pulang mandirigma sa harap ng panggigipit ng pasistang estado,” anito.

Naniniwala ang yunit na pinaslang ang dalawa dahil bigo ang militar na durugin ang kanilang katapatan sa Partido, rebolusyon at malawak na masang Pilipinong kanilang pinaglilingkuran.

Si Ka Bundo, 31 taong gulang, ay kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas at upisyal ng BHB sa Mindoro. Nakilala siya sa iba’t ibang pangalan (Pascual, Baste, Beth, Nolan, Migo, Bundo) sa mga kinilusan niyang larangang gerilya sa Quezon-Bicol, Palawan, Batangas, South Quezon-Bondoc Peninsula, Hilagang Quezon-Rizal-Laguna, at Mindoro. Siya ay nagmula sa Binmaley, Pangasinan at nag-aral ng kolehiyo sa University of the Philippines-Los Baños sa kursong Bachelor of Science in Development Communication.

Si Ka Rochie ay isa ring kadre ng Partido at upisyal ng hukbong bayan sa Mindoro na nagmula sa uring magsasaka. Siya ay may malalim na pandama at pagpamilyarisa sa malawak na kanayunan at plastada ng kalupaan at kabundukan.

Ipinaabot ng komite ng PKP sa Southern Tagalog at balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid sa rehiyon ang pagkilala sa dalawang martir.

Samantala, nanawagan ang BHB-Mindoro na ligtas at kagyat na ilitaw si Ka Jasel at kilalanin ang kanyang mga karapatan bilang bihag ng digma.

2 organisador sa Batangas, magkasunod na dinukot ng mga pwera ng estado

Nobyembre 20, 2023

Iniulat ngayong araw ng grupo sa karapatang-tao na Tanggol Batangan ang dalawang kaso ng pagdukot ng mga pwera ng estado sa mga organisador sa Batangas. Ang mga biktima ay dagdag sa hindi bababa sa 11 biktima ng sapilitang pagkawala o desaparecidos ayon sa tala ng Karapatan.

Dinukot ng mga elemento ng estado si Karla Mae Monge kaninang alas-3 ng madaling araw sa bayan ng Tuy. Si Monge ay organisador ng Kabataan Partylist sa Southern Tagalog at estudyante ng Unibersidad ng Pilipinas (UP)-Los Baños sa kursong Bachelor of Science in Biology. Sa ulat ng Tanggol Batangan, si Monge ay nanaliksik hinggil sa pagpapalit-gamit ng lupa na malawakang nagaganap sa Batangas.

Samantala, hindi pa rin makontak ng pamilya ang organisador ng mangingisda na si Mariano Jolongbayan mula nang huli siyang makita sa bayan ng Lian noong Nobyembre 17. Labis na ang pag-aalala ng kaanak ng biktima sa kanyang kaligtasan at kalagayan.

Kinundena ng konseho ng mga Mag-aaral ng Kolehiyo ng Agham at Sining ng UP-Los Baños ang pagdukot sa dalawa. Anang konseho, “ang ganitong pasistang atake ng administrasyon laban sa ating kapwa mag-aaral sa unibersidad at mamamayang nakikibaka ay walang puwang tungo sa malayang pagkilos sa patuloy na paglaban ng ating mga demokratikong karapatan.”

Malaon nang binabatikos ng grupong Desaparecidos (Pamilya ng Desaparecidos para sa Katarungan) ang rehimeng Marcos sa taktikang pagdukot nito sa mga organisador at aktibista sa nagdaang taon. “Ang akto ng sapilitang pagkawala ay isang kasuklam-suklam na krimen at hindi makatarungan sa kaibuturan,” ayon sa Desaparecidos.

Daan-daang estudyante, nag-walk out sa Cebu

Nobyembre 20, 2023

Higit tatlong daang kabataan at estudyante ang lumahok sa walk-out sa mga pamantasan sa Cebu City ngayong araw, Nobyembre 20, para ipaglaban ang karapatan sa edukasyon at tuligsain ang walang tigil na panunupil ng mga pwersa ng estado. Mula sa kani-kanilang pamantasan, nagtipon at nagmartsa ang mga kabataan tungong Fuente Osmeña Circle.

Nakiisa ang mga estudyante mula sa pampubliko at pribadong mga pamantasan sa syudad. Kabilang dito ang mga estudyante, mamamahayag

pangkampus, konseho ng mag-aaral at mga progresibong organisasyon mula sa University of the Philippines-Cebu (UPC), University of San Carlos (USC) Main Campus, University of Cebu (UC), Southwestern University (SWU), University of San Jose-Recoletos (USJ-R), Cebu Institute of Technology-University (CIT-U), at Cebu Normal University (CNU).

Bago nagtungo sa sentral na programa sa Fuente Osmeña Circle, naglunsad ng programa ang mga estudyante ng UP-Cebu sa loob ng kampus.

Binatikos nila ang kaltas-pondo sa mga pampublikong unibersidad at kolehiyo (SUC) sa panukalang badyet para sa 2024. Giit din nilang ipagtanggol ng pamantasan ang akademikong kalayaan at labanan ang tangka ng mga pwera ng estado na manghimasok sa kampus. Apektado rin ng kaltas-pondo ang CNU.

Naglunsad din ng hiwalay na programa ang mga mag-aaral ng USC na dinaluhan ng mga kalapit na unibersidad. Ipinabatid ng konseho ng USC ang pagtutol nila sa tumitinding komersyalisasyon sa edukasyon sa mukha ng ppagtataas ng matrikula at iba pang mga bayarin. Binatikos nila ang mga mapanupil na patakarang ipinatutupad ng kani-kanilang administrasyon sa pamantasan.

“Hinahamon ko ang mga kapwa kabataan na magpatuloy sa pagpapakita ng interes at pangarap na baguhin ang bulok na sistema,” pahayag ni Kei Galon, tagapangulo ng Anakbayan Cebu, sa wikang Cebuano.

Ipinabatid din ng mga kabataan ang suporta nila sa inilulunsad na tigil-pasada ng mga drayber at opereytor ng dyip na tutol sa pag-phaseout ng dyip na tiyak na papatay sa kanilang kabuhayan.

Kabataang Makabayan-Balangay Armado Mendoza, muling itinatag at pinalalakas

Nobyembre 20, 2023

Muling pinalalakas ng Kabataang Makabayan (KM) ang balangay nito na Armado Mendoza, ayon sa pahayag nito ngayong araw, Nobyembre 20. Nagtipon ang mga kasapi ng KM noong Oktubre 10 para muli itong itatag.

“Sa panahon na walang pagkukubli ang mga reaksyunaryo sa kanilang mga kasalanan at labis-labis na pagpapahirap sa sambayanang Pilipino, nananatiling ang sagot ng KM at buong rebolusyonaryong kilusan ay ang demokratikong rebolusyong bayan,” pahayag ng KM-Armado Mendoza.

Ang balangay ay nakapangalan kay Armado Mendoza, estudyante ng University of Sto. Tomas noong dekada 1970. Sumapi siya sa KM sa loob ng unibersidad at naging isa sa mga namumunong kasapi nito noong Sigwa ng Unang Kwarto. Naging katuwang si Mendoza sa pag-oorganisa at pagpapalawak ng kasapian ng KM sa katabing mga eskwelahan at komunidad.

Nang ideklara ang batas militar, sumanib si Mendoza sa hanay ng masang magsasaka sa

Batangas. Dalawang beses siyang nadakip sa panahon ng diktadura at ipinailalim sa matinding tortyur. Noong Oktubre 1975, sa ikalawang pagkakataong nahuli siya ng diktadura, pinatay siya kasama ang tatlong iba pa sa Lucena, Quezon.

Sa muling pagtatatag ng KM-Armano Mendoza, inilunsad nito ang talakayan sa oryentasyon at konstitusyon ng KM, pagpaparangal at pagpupugay sa mga martir, pagpapalano ng mga aktibidad ng balangay at paghalal sa bagong komiteng tagapagpaganap.

Kabilang sa mga martir na kanilang pinagpugayan ang mga kabataan na sina Joshua “Ka Kiko” Regalado, Angelo “Ka Kaloy” Del Rosario, at iba pang mula sa kanilang hanay. Sa pundasyong ito muling pinagtibay ng mga kasapi ng KM ang kanilang kapasyahan na palakasin at palawakin ang KM-Armando Mendoza.

“Sa kabila ng kontra-progresibo at reaksyunaryong katangian ng unibersidad, ang kasaysayan ng pakikibaka ng mga militante at rebolusyonaryong kabataang estudyante ay mayaman at mahaba,” ayon sa balangay.

Makikita umano ito mula pa kay Jose Rizal, sa Filipinization Movement na sinuportahan at itinaguyod ng mga estudyante, at sa barikada ng mga estudyante sa unibersidad laban sa pagtataas ng matrikula noong panahon ng diktadurang US-Marcos I.

Hamon ng balangay ng KM na nawa’y paghalawan ng mga aral ang mga kilusang ito at magsilbing inspirasyon sa mga estudyante “na nais bumaklas at baguhin ang katangian, hindi lang ng unibersidad, kundi ng buong lipunang ginagalawan niya.”

Binati ni Ka Marco Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang muling pagtatatag sa balangay. “Hindi maikakaila na napapanahon ang inyong pagsisikap lalo’t nalalapit na ang ika-60 anibersaryo ng pagtatatag ng KM sa susunod na taon,” aniya.

“Higit dito, napapanahon ang muli ninyong pagtatayo ng balangay ng KM sa harap ng tumitinding krisis ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal, at lumalaki namang hamon ng kasaysayan sa kasalukuyang salinlahi ng mga kabataan na ipagpatuloy at ibayong paigtingin ang pambansa-demokratikong rebolusyon,” dagdag pa ni Valbuena.

18 pasistang tropa, napatay sa mga opensiba ng BHB-Eastern Visayas

Nobyembre 21, 2023

Hindi bababa sa 18 pasistang sundalo ang napatay nito na mga sundalo ng 8th Infantry Division habang lima ang nasugatan sa serye ng mga taktikal na opensiba ng mga yunit ng BHB sa Northern at Western Samar mula Hunyo hanggang Agosto. Ito ang laman ng ulat kamakailan ng panrehiyong kumand ng Bagong

Hukbong Bayan (BHB) sa Eastern Visayas na ipinadala sa Ang Bayan.

Kabilang sa mga kaswalti ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ay ang limang tropa ng 4th Scout Ranger Battalion (SRB) na nasawi sa mga labanan. Ang 4th SRB ay isa sa mga “elite” na pwersang militar na pinakahuling idineploy sa rehiyon para tapusin diumano ang hukbong bayan. Wala namang natamong kaswalti ang BHB.

Sa Northern Samar, hinaras ng isang yunit ng BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) ang isang kolum ng 4th SRB na tumatambay sa isang sakahan ng masa, sa eryang sakop ng Barangay Senonogan de Tubang, Silvino Lobos noong Hulyo 31 bandang alas-2 ng hapon. Isang pasistang tropa ang namatay.

Kinabukasan, bandang alas-9 ng umaga, hinaras ng BHB-Northern Samar ang isa pang kolum ng 4th SRB na magrereimpors sana sa kolum na nauna nang pinaputukan ng Pulang hukbo. Dalawang pasistang tropa ang namatay habang isa pa ang nasugatan.

Noong Agosto 3, pinaputukan ng BHB-Northern Samar ang isang kolum ng mga pasistang tropa na kanilang nakaengkwentro sa pagitan ng Barangay Avelino at Barangay MacArthur, Las Navas, sa alas-9 ng gabi. Dalawang sundalo ang napatay. Isa namang sugatang sundalo ang isinakay sa pumpboat sa bayan ng Pambujan.

Dalawang beses namang hinaras ng BHB-Northern Samar ang isang kolum ng mga tropa ng

19th IB sa Barangay Gechoan, Silvino Lobos noong Agosto 14. Dalawang sundalo ang napatay habang isa ang nasugatan. Sa takot ng mga pasista bawat susing tereyn na madaraan ay kanilang pinapaputukan ng M203 grenade launcher kahit na wala namang pwersa ang BHB doon.

Sa Western Samar, hinaras ng BHB-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) ang isang kolum ng kaaway sa pagitan ng Barangay Carolina at Barangay Balud sa Matuguinao noong Hunyo 26 bandang alas-2 ng hapon. Isang tropa ang napatay at isa naman ang sugatan.

Noong Hunyo 30, hinaras ng BHB ang isang kolum ng 4th SRB bandang alas-2 ng hapon kung saan dalawang tropa nito ang napatay. Kinabukasan, dalawa na namang sundalo ang napatay nang muli silang harasin ng mga Pulang mandirigma bandang alas-9 ng umaga.

Noong Hulyo 26, muling pinaputukan ng Pulang hukbo ang isang kolum ng mga pasistang tropang nagmula sa Balud at patungong Carolina. Isang tropa ang namatay habang isa naman ang nasugatan.

Bukod sa mga operasyong haras, pinarusahan ng BHB-Northern Samar ang isang kasapi ng grupong paramilitar na Dos, na kilala rin sa pangalang Alsa Masa, sa Barangay Ligaya, Matuguinao noong Agosto 5. Ang Dos ay notoryus na kriminal na grupo sa nasabing bayan. Pinapanatili at nagsisilbi itong mersenaryong grupo ng berdegong meyor na si Aran Boller.

Ayon kay Ka Karlos Manuel, tagapagsalita ng BHB-Eastern Visayas (Efren Martires Command), “mariing pinabubulaanan ng mga taktikal na opensibang ito ang kasinungalingan ni 8th ID commander Maj. Gen. Camilo Ligayo na ‘nalansag’ na ang sinasabing natitirang mga larangang gerilya ng BHB sa rehiyon.”

“Lalong katawa-tawa ang sinasabi nilang walang nailunsad na taktikal na opensiba ang BHB ngayong taon,” dagdag ni Manuel.

Ayon pa sa panrehiyong kumand, patunay din ang mga opensiba na patuloy na nilalabanan at binibigo ng BHB sa Eastern Visayas ang tumitinding atake ng 8th ID sa rebolusyonaryong kilusan at sa mamamayan.

“Ipinapakita nito ang patuloy na pagtataguyod ng BHB sa kagalingan ng masa, laluna ng mga magsasaka. Dahil dito, tinatamasa ng BHB ang suporta ng masa, na walang kapantay na ang paghihirap sa ilalim ng mga pasistang sundalong nagkakampo at nanggugulo sa kanilang mga baryo at ng teroristang rehimeng US-Marcos.”

Ayon pa kay Manuel, dapat magsilbing inspirasyon ang mga taktikal na opensiba ng mga yunit ng BHB sa Northern at Western Samar sa lahat ng mga Pulang mandirigma, sa buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon at sa masa.

“Lalong dapat nilang pagliyabin ang kanilang mapanlabang diwa, pagtibayin ang kanilang pagkakaisa at paigtingin ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka. Dapat pang

paigtingin ng BHB ang mga taktikal na opensiba, laluna yaong mga nakakakumpiska ng armas, upang mabigo ang pasistang kontra-rebolusyonaryong gera ng 8th ID,” pagtatapos ni Manuel. (Ulat ng Larab)

Karahasang militar at panganganyon ng 803rd IBde noong eleksyong pambarangay

Nobyembre 21, 2023

Walang pakundangan at walang pagkukubli ang 803rd IBde sa paghahasik ng terorismo sa mga barangay ng Northern Samar na ibayo nitong pinatindi noong Oktubre, panahon ng eleksyong Barangay-Sangguniang Kabataan. Sa ulat ng Bagong Hukbong Bayan-Northern Samar (Rodante Urtal Command), kabi-kabila ang mga kaso ng panganganyon at pagkakampo ng mga yunit ng 803rd Infantry Brigade-Philippine Army sa mga sentrong barangay sa Northern Samar.

Taliwas na taliwas ang mga insidenteng ito sa pahayag ng Commission on Elections (Comelec) at ng AFP-PNP na “payapang halalan” ang naganap. Nagmistulang aktibidad ng militar ang eleksyong sana’y sibilyang aktibidad ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa panahong ito, aabot sa 21 bala ng 105mm howitser at 14 na bala ng mortar ang pinakawalan ng mga yunit ng 803rd IBde patungo sa mga baryong sakop ng mga bayan ng Silvino Lobos at Las Navas. Isinagawa ang mga panganganyon sa

loob ng apat na gabi bago at pagkatapos ng eleksyon.

Noong Oktubre 24, alas-9 ng gabi, pitong bala ng 105mm howitser na nakaposisyon sa Barangay Geguinta, Las Navas, ang pinakawalan patungo sa mga sakahang sakop ng Geparayan de Turag at Senonogan de Tubang sa Silvino Lobos.

Pagkaraan ng dalawang gabi, sa mga magkakanugnog na barangay naman ng Victory, Avelino, Cuenco, Caputoan, Poponton, at Paco pinakawalan ang tatlo hanggang apat na bala ng kanyon bandang alas-11 ng gabi. Kasabay nito, 10 bala din ng mortar ang pinakawalan dito gamit ang mortar na nakaposisyon sa Poponton.

Pagsapit ng Oktubre 27, muling tinamaan ang hangganan ng mga baryong ito ng 5 bala ng kanyong nakaposisyon sa Geguinta bandang alas-8 ng gabi. Kasabay ding pinaputok ang mortar sa Poponton hanggang alas-11 ng gabi.

Sa araw ding ito, sinimulan nang kampuhan ng mga sundalo ang mga baryo sa Las Navas na kanilang kinanyon. Nanatili sila rito hanggang Oktubre 31, bukod sa Poponton na permanenteng may kampo militar. Kinampuhan din ng mga sundalo ang Barangay Lakandula, Las Navas mula Oktubre 27. Hanggang matapos ang eleksyon ay hindi na ito nilisan ng mga sundalo.

Muling nagpapatok ng limang bala ng howitser at apat na bala ng mortar patungo sa hangganan ng Poponton, Avelino, Cuenco at Victory noong Oktubre 31 bandang alas-9 ng gabi.

Sa Silvino Lobos, kinampuhan din ng mga sundalo ang mga baryo ng Geparayan de Turag, Senonogan de Tubang, at Deit de Turag hanggang sa matapos ang eleksyon. Sa kalapit na bayan ng Matuguinao, Western Samar permanenteng kinakampuhan ang Barangay Carolina.

Ayon kay Ka Amado Pesante, tagapagsalita ng BHB-Northern Samar, patunay ito ng pangigingibabaw ng paghaharing militar ng 803rd Brigade sa kanayunan ng Northern Samar.

“Walang kahihyan nitong kinukubabawan kahit ang sariling sibilyang gubyrerno,” ani Ka Amado.

Giit niya, ang mga kasong ito ay maliit lamang na bahagi ng kabuuang bilang ng mga kaso ng pagpatay, panununog, at iba pang karahasang nangyari sa iba pang bahagi ng bansa noong nakaraang eleksyon. Sa upisyal na tala ng Comelec, tanging 32 insidente lamang ng karahasang may kaugnayan sa eleksyon ang nairekord nito. Sa mga kasong ito, 19 ang pinatay habang 19 ang nasugatan. Sa ulat ng ahensya, wala pang 200 ang kaso ng pagbili ng boto. Lubhang malalayo ang bilang na ito sa katotohanan.

“Kung ito ang konsepto ng ‘payapang halalan’ ng 803rd IBde, tunay ngang basura ang burgis na eleksyon at huwad ang demokrasya sa ilalim ng rehimeng Marcos,” ayon pa kay Ka Amado.

“Labis ang pagsisikap ng 803rd IBde sa ilalim ni Col. Efren Morados na tiyakin ang kanilang mga ahente ang mailuluklok bilang upisyal sa barangay. Dahil ito ang magsisilbi nilang mga

alipures para ipagpatuloy ang paghahamlet sa mga baryo, pagsaywar, pagpapasurender at marahas na panunupil sa masang magsasaka,” dagdag niya.

Panawagan niya, dapat magkaisa ang mga magsasaka upang igiit ang kanilang mga karapatan laban sa pasistang militar. “Dapat nilang pagbayarin at palayasin ang mga pesteng nanggugulo sa kanilang baryo at ipaglaban ang kanilang buhay at hanapbuhay,” dagdag ni Ka Amado.

“Higit pa, dapat silang lumahok sa digmang bayan, isulong ang armadong pakikibaka at tapusin na ang pang-aapi at pandudusta sa kanila ng naghaharing rehimeng Marcos sa pamamagitan ng 803rd IBde,” pagtatapos niya. (Ulat ng Larab)

Mga pautang para sa mapangwasak na mga proyekto ng rehimeng Marcos, itinutulak ng ADB

Nobyembre 21, 2023

Itinutulak ng imperyalistang institusyong Asian Development Bank (ADB) na mangutang ang Pilipinas nang hanggang \$20 bilyon (₱1.1 trilyon sa palitang ₱55= \$1) sa susunod na limang taon para sa mga mapangwasak at anti-mamamayang proyektong pang-imprastruktura ng rehimeng Marcos. Ipipinal ng ADB ang mga proyektong popondohan nito sa 2024, oras na mabuo ang 5-taong “country partnership strategy” nito sa bansa.

Ayon sa institusyon, 70% nito ay mapupunta sa “malalaking proyekto” habang ang 30% ay pansuporta. Kung matutuloy, madadagdagan nang \$3.5 bilyon hanggang \$4 bilyon ang utang ng Pilipinas sa ADB. Lalo nitong ibabaon ang bansa sa pagkakautang.

Ang ADB ay isang bangkong itinatag ng Japan para magamit ang sobrang kapital nito. Ipinautang nito ang kapital sa mga bansang tulad ng Pilipinas para mabili ng mga ito ang sarplap na kalakal ng bansa.

Itinatambak nito ang naturang kapital sa mga atrasadong bansa sa anyo ng pautang, ayuda at “official development assistance” o ODA para sa mga proyektong mag-aangkat ng mga kagamitan at sangkap mula sa Japan. Sa kabuuan, nakapagbuhos na ito ng \$29.9 bilyon (₱1.65 trilyon) sa Pilipinas sa anyo ng 621 pautang, grant at techincal assistance.

Noong Oktubre, inianunsyo ng rehimeng Marcos na balak nitong mangutang ng \$6.534 bilyon mula sa ADB para sa 15 proyektong imprastruktura. Pinakamalalaki sa mga utang na ito ang \$2.108-bilyong pondo para sa Bataan-Cavite Interlink Bridge Project at \$2-bilyong pondo para sa Laguna Lakeshore Road Network Project.

Utangin din ng rehimen ang pondo para sa mga proyektong Manila Metro Rail Transit Line 4 Project na nagkakahalaga ng \$1 bilyon, Sustainable Tourism Development Project sa El Nido, Palawan na nagkakahalaga ng \$600 milyon

at Mindanao Agro-Enterprise Development Project na nagkakahalaga ng \$100 milyon.

Anti-mamamayan at mapangwasak na proyekto

Ang dalawang pinakamalalaking proyekto ay may masasaklaw na masamang epekto sa mga komunidad at kapaligiran, batay mismo sa mga pag-aaral na isinagawa ng ADB.

Malawak ang pinsala na idudulot ng Bataan-Cavite Interlink Bridge Project (BCIBP) sa ekosistema ng Manila Bay at ng Laguna Lakeshore Road Network Project (LLRNP) sa Laguna de Bay. Sa inisyal na pag-aaral, 149 mga pamilya sa Naic at Mariveles ang mapalalayas sa kanilang mga bahay, lupa at kabuhayan.

Sa proyektong ito, planong magtayo ng 32-kilometrong tulay sa Manila Bay para pagdugtungin ang Cavite mula Barangay Timalan Concepcion, Naic tungong Barangay Alas-asin sa Mariveles, Bataan. Nakatakdang simulan ang proyekto sa 2024 at matatapos sa 2028. Malaking bahagi o 80% ng tulay ay ilalatag sa ibabaw ng Manila Bay. May bahagi itong tatagos sa Corregidor Island.

Sinasabing “magpapagaan” sa trapiko sa Metro Manila ang tulay at magpapaiksi sa byaheng Cavite-Bataan mula ilang oras tungong 40 minuto. Ang proyekto ay unang inihapag sa Pilipinas ng dalawang Japanese na kumpanya sa konstruksyon noong dekada 2000. Muli itong binuhay noong 2017 nang gumawa ng pag-aaral ang China State Construction Engineering Corporation (CSCEC).

Noong nakaraang buwan, ipinawalambisa ng rehimeng Marcos ang mga kasunduan sa utang sa China, at ibinalik ang kontrata sa Japan.

Alinsunod sa “enviromental impact assessment” na isinagawa mismo ng ADB, tatamaan nito ang mga bahagi ng Manila Bay na itinuturing na “critical habitat” ng iba’t ibang uri ng ibon, corals, seagrass, bakawan, mudflats at iba pang lamang-dagat. Kabilang sa mga tatamaan ang Manila Bay Key Biodiversity Area (KBA), Las Piñas-Parañaque Critical Habitat and Ecotourism Area, Mariveles Mountains KBA at ang hilagang bahagi ng Mt. Palay-Palay Mataas na Gulod Protected Landscape.

Tatamaan din ng proyekto ang natitirang coral reefs sa paligid ng Corregidor Island. Kahit hindi direktang tatamaan ang mga protektadong erya, magdudulot pa rin ng pinsala ang konstruksyon at operasyon ng naturang tulay sa kalidad ng tubig at iba pang bahagi ng mga susing habitat na ito.

Noong 2020, inisyal nang ibinigay sa dayuhang mga kumpanya ang kapaki-pakinabang na mga kontrata ng kaugnay na proyekto. Ang kontrata para sa consultancy ay iginawad sa T.Y. Lin International, isang kumpanyang nakabase sa US; Pyunghwa Engineering Consultants ng South Korea; Renardet, isang kumpanyang Swiss; at sa DCCD Engineering Corporation ng Pilipinas. Iginawad naman ang kontrata sa pagdidisenyo sa Ove Arup & Partners ng Hong Kong at Maritime Academy of Asia and the Pacific.

Ayon sa Department of Public Works and Highways, nasa 90% nang nakumpleto ang disenyo ng BCIBP.

Samantala, ang LLRNP ay maglalalag ng 37.4 kilometrong expressway o malawak na kalsada sa embankment (malapit sa baybay) ng Laguna Lake. Magsisimula ang daan sa Lower Bicutan, Taguig City at magtatapos sa Calamba, Laguna. Magkakaroon ito ng walong “interchange” at mga “access road” na dudugtong sa mga kalsada sa kanugnog na mga syudad.

Ilan sa masasamang epekto nito ay ang pinsala sa tubig, mga hayop at halaman sa lawa na idudulot ng dredging, pagkawasak ng mga kritikal na habitat at madalas ng pagbaha laluna sa panahon ng malalakas na pag-ulan. Malaking bilang ng mga residente ang mapapalayas sa kanilang mga tirahan hindi lamang sa baybay ng lawa, kundi pati sa mga komunidad kung saan ilalag ang mga “access road” na magdudugtong sa LLRNP sa mga kalapit nitong kalsada.

Mula’t sapul, mariin nang tinutulan ng mga mangingisda ng Lawa ng Laguna at mga residente sa Taguig at Muntinlupa ang proyektong ito. Noong 2015, itinatag ng mga mangingisda at mga grupo mula sa iba’t ibang sektor na nanirahan sa mga komunidad na tatamaan ng proyekto ang “Save Laguna Lake Movement.”

Ang tawag pa noon sa proyekto ay Laguna Lakeshore Expressway Dike Project at nakapailalim sa programang Private-Public Partnership ng rehimeng Aquino. Dahil sa kabi-

kabilang pagkundera rito, laluna sa planong reklamasyon ng 700 ektarya sa look para itayo ang dike, inatras ang bahaging ito at itinira ang kalsada (expressway). Sa mga bayan ng Laguna na Santa Cruz, Santa Maria, Mabitac at San Pedro pa lamang, tinatayang aabot na sa 400,000 ang mapapalayas dahil sa proyekto.

Ayon sa mga mangingisda at residente, papatayin ng proyekto ang kanilang kabuhayan at maging ang likas na yaman ng lawa. Anila, ang tanging makikinabang dito ay mga kumpanya at negosyanteng may interes sa real estate, gayundin ang mga pamilya at indibidwal na may sariling sasakyan. Patitindihin ng expressway ang pagbaha sa Taguig at Muntinlupa, na dati nang lumulubog sa baha kapag malakas ang pag-ulan. Noon pa man, nagaganap na ang mga demolisyon sa mga bahay ng mga mangingisda para bigyan daan ang konstruksyon.

Pandaigdigang kumperensya sa karapatang-tao, nanawagan ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa Pilipinas

Nobyembre 22, 2023

Makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa Pilipinas ang panawagan ng pandaigdigang kumperensyang pangkapayapaan na inilunsad ng International Coalition for Human Rights in the Philippines (ICHRP) sa Bangkok, Thailand noong Nobyembre 7-9. Dinaluhan ang kumperensya ng 120 delegado mula sa 30 organisasyon.

Uminog ang talakayan ng kumperensya sa temang “The Peace We Want” (Ang Kapayapaang Gusto Natin). Tinalakay dito ang mga epekto ng nagpapatuloy na gerang kontra-insurhensya at mga paglabag sa internasyunal na makataong batas sa Pilipinas sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Nanawagan ito sa gubyerno ng Pilipinas na magpatupad ng tunay na mga hakbang tungo sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng pagtugon sa mga ugat ng armadong tunggalian sa bansa.

Ayon kay Peter Murphy, tagapangulo ng ICHRP, ang pagkakamit ng kapayapaan ang nangungunang mithiin ng koalisyon at mahalagang bahagi sa pakikiisa nito sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino.

“Kaya naman hinihimok namin ang gubyerno ng Pilipinas na kilalanin ang mga naunang layunin at adyenda ng usapang pangkapayapaan na layong tugunan ang mga ugat ng nagpapatuloy na armadong tunggalian sa bansa-kawalan ng lupa at trabaho, at nakadudurog na kahirapan,” pahayag ni Murphy.

Unilateral o maka-isang panig na tinapos ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa ilalim ng dating pangulong Rodrigo Duterte ang pakikipagnegosasyong pangkapayapaan nito sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP) noong Hunyo 2017. Sinundan ito ng pinatinding mga paglabag sa karapatang-tao kabilang ang likidasyon at sadyang pagpatay sa mga konsultant ng NDFP, pag-aresto sa kanila sa

patung-patong na mga kaso at paglapastangan sa mga napirmahang kasunduan sa nakaraan.

Walang kibo ang kasunod na hepe ng GRP na si Ferdinand Marcos Jr sa pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan nito at ng NDFP.

Sa ilalim ng rehimeng Marcos, lima sa 133 biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang ay konsultant ng NDFP. Samantala, mayroong isang kaso ng sapilitang pagkawala ng konsultant ng NDFP.

Dumalo sa pagtitipon at nagbigay ng talumpati si Coni Ledesma, kasapi ng negotiating panel ng NDFP. Itinuro niya ang GRP na responsable sa pagkansela sa ikalimang round ng pormal na pag-uusap na nakatakda noong Hunyo 2017 para aprubahan ang isang “interim na kasunduang pangkapayapaan.” Kabilang dito ang kasunduan sa libreng pamamahagi ng lupa sa pinakamahihirap na mga magsasaka.

Nagbigay din ng talumpati si Silvestre Bello III, kasalukuyang tagapangulo ng Manila Economic and Cultural Office at dating tagapangulo ng GRP Negotiating Panel. Aniya, para makamtan ang kapayapaan sa bansa, hindi lamang dapat pumirma ng mga kasunduan kundi dapat tugunan ang mga ugat ng armadong tunggalian. Aniya, kinakailangang wakasan ang mga suliraning nag-aanak ng insurhensya at diskuntento.

Malaking balakid sa anumang posibilidad ng pagbubukas ng usapang pangkapayapaan ng arbitraryong designasyon sa NDFP, Partido

Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan bilang mga teroristang organisasyon sa kumpas ng Anti-Terrorism Council na nilikha ng Anti-Terrorism Act.

Binuo ng ICHRP sa tatlong araw na kumperensya nito ang pangkalahatang programa ng pagkilos ng buong koalisyon mula 2024 hanggang 2027. Anito, ipagpapatuloy ng koalisyon at mga organisasyon sa ilalim nito ang pagsuporta at pagpapakilos para sa hangarin ng mamamayang Pilipino para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan, sariling pagpapasya at pambansang soberanya.

3 Lumad na kumukuha ng durian, pinaulanan ng bala ng 88th IB

Nobyembre 23, 2023

Pinaulanan ng bala ng mga sundalo ng 88th IB ang mga Lumad na kinilala lamang bilang Levi at Jemboy at isang di pinangalanan sa Sityo Takukon, Barangay Indalasa, Malaybalay City, Bukidnon noong Nobyembre 17 ng umaga. Nasa gubat ang tatlo para kumuha ng duryan nang bigla na lamang silang pinagbabaril ng mga sundalo.

Bugbog, sugat at troma ang natamo ng mga biktima dahil sa pagkaripas ng takbo para di matamaan. Napilitan pang dumaan sa bangin at alanganing daanan ang tatlo para lang makaligtas.

Matapos ang insidente, ipinagmayabang pa ng 88th IB na nakakumpiska ito ng isang armas sa pinalalabas na engkwentro nito sa Bagong Hukbong Bayan. Nakuha ng mga sundalo ang

naiwan na “debomba” na baril ng tatlong Lumad na kanilang ginagamit sa pangangaso.

Kinabukasan, nagreklamo ang lider-katutubo sa lugar na si Datu Andihal sa barangay at humarap sa mga sundalo ng 88th IB na nagkakampo sa Barangay Indalasa. Nais sanang bawiin ng datu ang debombang baril ng mga katribu nito ngunit ipinagpilitan ng mga sundalo na hindi nila kilala ang yunit na bumaril sa mga biktima. Pinilit ng mga sundalo na makipagkasundo na lamang ang datu at ang mga biktima para tahimik na resolbahin ang insidente.

Hindi na bago ang paglapastangan ng 88th IB sa karapatan ng mga Lumad at residente sa naturang barangay. Naitala ang mga paglabag na ito sa panahon ng walang-patid na nakapokus na operasyong militar sa magkakanugnog na barangay. Kabilang sa mga kasong ito ang pagsira ng nag-ooperasyong tropa ng 88th IB sa tanim na mais at pagtapon sa mga binhi ng palay ng mga residente noong Marso 28.

Daan-daang drayber at opereytor, nagmartsa tungong Mendiola kontra PUV phaseout

Nobyembre 23, 2023

Nagmartsa ang mahigit isanlibong drayber at opereytor ng dyip at mga public utility vehicle (PUV), mga manggagawa, maralita at iba pang sektor mula sa Welcome Rotunda tungong Mendiola sa Maynila noong Nobyembre 22, huling araw ng tatlong-araw na tigil-pasada, para

batikusin ang kontra-mahirap na sapilitang konsolidasyon sa prangkisa at phaseout sa mga dyip at PUV. Pinangunahan ang malawakang pagkilos ng Piston (Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide) at No To PUV Phaseout Coalition.

Ayon sa No To PUV Phaseout Coalition, nananatiling walang makabuluhang tugon ang Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB), Department of Transportation, at ang buong administrasyong Marcos Jr sa mga simpleng kahingian ng sektor kaya makatarungan lamang ang inilunsad na tigil-pasada at martsa.

“Nananatili pa rin ang dedlayn sa konsolidasyon sa Disyembre, ang taunang renewal ng prangkisa, at ang palpak, pahirap, at di makataong PUV Modernization Program. Sa madaling sabi, nananatili ang taning sa ating kabuhayan,” giit ng mga drayber.

Sa unang araw ng welga ng Piston at ng koalisyon noong Nobyembre 20, natulak ang LTFRB na harapin at makipagdayalogo sa kanila. Sa kabila nito, puro satsat at pangakong “pag-aaralan” ang hinaing ng mga tsuper at opereytor ang ipinahayag ng ahensya.

Sagot dito ni Ka Mody Floranda, tagapangulo ng Piston, “Pinasimple na natin ang ating demands—tanggalin ang dedlayn, tanggalin ang konsolidasyon, ibasura ang phaseout. Ang sagot ng LTFRB, puro ‘pag-aaralan’, puro paasa.” Aniya, hindi na mahintay ng kumakalam na sikmura ng

mga tsuper at opereytor ang “pag-aaral” ng LTFRB.

Himutok pa ng lider-tsuper, “gaano pa katagal pag-aaralan yan, eh sa Disyembre 31 na ang dedlayn? Pinaasa lang ang mga tsuper at operator para magmukha sa madla na may malasakit ang LTFRB.”

Sa tatlong araw, inilunsad ng Piston at mga tagasuporta nito ang mga protesta at tigil-pasada sa Metro Manila, mga syudad ng Baguio, Cebu, Iloilo, Bacolod at Davao, at sa Rizal, Cavite, Laguna, at Albay.

Tigil-pasada sa Metro Manila

Malawakan ang naging epekto ng tigil-pasada ng Piston sa Metro Manila. Naitayo ng mga organisasyon ang higit 17 sentro ng protesta sa buong rehiyon kung saan inilunsad ang mga pag-aaral, pangkulturang pagtatanghal, piket at iba pang aktibidad. Sa kabila ito ng pananakot at panggigipit ng mga pulis at armadong pwersa ng estado laban sa mga lider at myembro ng Piston.

Sa unang araw ng welga, umabot sa 85% ng mga mayor na ruta ng Metro Manila ang tinatayang naparalisa. Tinatayang 90% ng mga ruta naman ang paralisado noong Nobyembre 21.

Paglaban sa mga prubinsya

Nailunsad din ng mga tsapter ng Piston at No To PUV Phaseout Coalition ang mga protesta sa iba’t ibang panig ng bansa.

Sa Baguio City, pinangunahan ng Piston-Metro Baguio ang pagkilos ng mga tsuper at opereytor sa Sunshine Park.

Sa Southern Tagalog, naitala ng Starter-Piston ang pagparalisa sa mayor na mga ruta ng dyip sa Laguna at Cavite. Mula unang araw ng welga hanggang Nobyembre 22 sa Laguna, naparalisa ang mga ruta ng Balibago-Sta Rosa; Amar-Balibago; Pulo-Cabuyao; Cabuyao-Sta. Rosa, Laguna; Calamba-San Pedro at ibang ruta sa New Calamba Transport Terminal. Sa Cavite, naparalisa ang mga ruta ng Kalinisan-Bacoor; Trece Martires; Silang-Bacoor; GMA-Palapala at sa Paliparan. Samantala, 60% ang pagkaparalisa sa Cogeo sa Rizal.

Sa Bicol, naging matagumpay ang tigil-pasada sa prubinsya ng Albay. Halos 100% ang pagkaparalisa sa mga ruta sa ikatlong distrito; mahigit 50% sa ikalawang distrito; at 98% sa rutang Sto. Domingo-Legazpi City.

Sa Western Visayas, 100% nagtigil-pasada ang mga tradisyunal na dyip noong Nobyembre 20 habang 60% ang nagtigil-pasada mula sa mga modern dyip. Naitala ang 60% pagparalisa sa Bacolod City at 80% sa Talisay City.

Sa Cebu, umabot sa 60% ang paralisasyon sa Metro Cebu noong Nobyembre 22. Nagmartsa ang mga tsuper at opereytor tungong upisina ng LTFRB Region 7 sa pagkatapos ng kanilang programa. Sa Davao City, pinangunahan ng Transmission-Piston ang pagkilos ng mga tsuper noong Nobyembre 20.

21-gun salute para sa mga martir ng Eastern Visayas, inilunsad

Nobyembre 24, 2023

Isinagawa ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Eastern Visayas kahapon ang tahimik na 21-gun salute bilang pagpaparangal sa Imelda 6 o anim na kasamang namartir sa teroristang pambobomba ng 8th ID sa Barangay Imelda, Las Navas, Northern Samar noong Nobyembre 23, 2022. Ipinanawagan ang gun-salute ng National Democratic Front-Eastern Visayas para pagtibayin ang panatang isulong ang digmang bayan sa ngalan ng mga martir ng rehiyon.

Pinagpugayan nila sina Ka Helenita Pardalis (Ka Elay), Ka Gil Giray (Ka Biboy), Ka “Mamoy” Sablan, “Ka Mela,” “Ka Mike” at “Ka Joshua.” Napatay sila sa 50 beses na pambobomba ng militar sa kalapit na komunidad mula 1:30 ng madaling araw hanggang 5:30 ng umaga.

Si Ka Elay ang kalihim noon ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Eastern Viasayas, habang si Ka Biboy ang kumander ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng BHB-Eastern Visayas (Efren Martires Command). Sa harap ng walang humpay na malakihang atake ng kaaway, pinamunuan nila ang Partido at BHB sa Eastern Visayas na maglunsad ng malaganap at maigting na pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa.

Sa pahayag ng NDF-Eastern Visayas, marapat din umanong parangalan at salduhan ang mga martir ng Dolores 22, Catbalogan 10 at Bobon 7, lahat ng biktima ng teroristang pamboboma ng 8th ID, at lahat ng martir ng rebolusyong Pilipino.

“Nararapat mag-alay ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa ng mga mensahe ng parangal at pag-alala, at kultural na pagtatanghal. Maaari itong magsilbing mga panimulang aktibidad kaugnay ng ating pagdiriwang sa ika-55 na anibersaryo ng Partido sa darating na Disyembre 26,” ayon pa sa NDF-Eastern Visayas.

Iniulat rin ng NDF-Eastern Visayas ang pagbubuo ng isang koleksyon ng mga mensahe ng parangal, tula at mga obrang sining bilang alay sa Imelda 6.

Kinundena ng grupo ang pasistang terorismo ng 8th ID at ng AFP at ang patakaran nito ng walang patumanggang pambobomba sa kanayunan, sa mga gubat, bukid, ilog at iba pang lugar ng paghahanapbuhay ng mga magsasaka.

“Ilang bomba man ang ihulog ng pasistang estado, hinding-hindi nito mabubura sa alaala ng Partido, hukbo at masa ang minamahal nating mga kasama. Lalo lang tumitibay ang kapasyahan ng mga naiwan na ipagpatuloy ang makatarungang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya,” determinadong pahayag ng NDF-Eastern Visayas.

Sa araw ding iyon, pinagtibay ng buong rebolusyonaryong kilusan ang determinasyong biguin ang digmang panunupil ng rehimeng US-

Marcos at isulong ang digmang bayan. Dagdag ng NDF-EV, “Ito ang pinakamataas na porma ng pagbibigay-pugay sa ating mga martir at ng lubos na pagsisilbi sa mamamayan.”

82nd IB, 2 beses na pinaputukan ng BHB sa Iloilo

Nobyembre 24, 2023

Dalawang armadong opensiba ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Panay (Jose Percival Estocada Jr Command) laban sa tropa ng 82nd IB noong Nobyembre 21 at Nobyembre 12. Ayon sa yunit, ang serye ng armadong aksyon ay tugon sa malaon nang panawagan ng masang magsasaka para sa hustisya para sa mga biktima ng mga krimen at paglapastangan sa karapatang-tao ng 82nd IB.

Noong Nobyembre 12, inilunsad ng BHB-Central Panay ang pag-atake sa isang yunit ng 82nd IB sa hangganan ng Barangay Atimonan at Barasalon sa Janiuay. Pinatamaan naman ng BHB ang yunit ng 82nd IB na nag-ooperasyon sa Sityo Matagsim, Barangay Aglobong, Janiuay, Iloilo noong Nobyembre 21, bandang alas-2 ng hapon.

Mga sibilyan ang ginantihan ng 82nd IB nang walang patumanggang pagbababarilin nito ang tatlong bahay sa lugar Nobyembre 21. Isang residente ang nasugatan sa naturang pamamaril.

Pinasinungalingan naman ng BHB-Central Panay ang ipinakakalat ng 82nd IB na dalawang

mandirigma ng BHB ang napatay sa naturang mga sagupaan. “Walang kaswalti at ligtas na nakamaniobra ang mga kasama,” pahayag ni Ka Sierra Roja, media liaison officer ng BHB-Central Panay.

Kasinungalingan din umano ang pahayag ng militar na “kinatatakutan at iniulat ng masa ang presensya ng BHB” na nagresulta sa engkwentro. Giit niya, ang katotohanan ay ang mga berdugo ng 82nd IB ang naghahasik ng lagim at takot sa payapang mga komunidad.

Naitatala umano sa panahon ng mga operasyong kombat ng militar ang mga kaso ng panggigipit, intimidasyon, interogasyon, sapilitang “pagpapasurender” sa mga sibilyan at pagkontrol sa pagkilos at kabuhayan ng mga residente sa Central Panay.

Kasalukuyang nakahimpil ang 82nd IB sa Sityo Asinan, Barangay Jibolo, Janiuay at pinamumunuan ni Lieutenant Colonel Clifford S. Catubigan.

Mga kasong paglabag sa terror law kontra sa 3 aktibista, ibinasura

Nobyembre 24, 2023

Magkasunod na ibinasura ng mga korte ang patung-patong na mga kasong isinampa ng 59th IB laban sa tatlong aktibista sa Southern Tagalog. Ikalugod ng mga grupo sa karapatang-tao at ng mga biktima ang naging desisyon ng korte na

isaisantabi ang mga kasong ito na anila'y pawang panggigipit at paninindak ng estado.

Noong Nobyembre 21, ibinasura ni Associate City Prosecutor Christian Castro ng City Prosecutor's Office ng Santa Rosa, Laguna ang mga kasong isinampa laban kay Hailey Pecayo, tagapagsalita ng Tanggol Batangan. Ibinasura ng korte, dahil sa kawalan ng ebidensya, ang dalawang kaso ng paglabag sa RA 9851 o Act on Crimes Against International Humanitarian Law, Genocide and other Crimes Against Humanity; dalawang kaso ng Violation of Sec 4(a) & (d) ng Anti-Terror Law; at Attempted Murder. Isinapubliko ang desisyon ng korte noong Nobyembre 22.

Isinampa ang mga kasong ito ng 59th IB at mga upisyal nitong sina Lt. Col. Ernesto Teneza, Jr., Sgt. Jean Claude Bajaro, at Cpl. Ivan Neil Ogatis laban kay Pecayo matapos isinawalat niya ang papel ng militar sa pagpatay sa 9-taong si Kyllene Casao sa Batangas noong nakaraang taon.

“Pinatunayan [ng desisyon] na walang katiting na lohika ni katotohanan ang mga testimonya ng diumanong ‘rebel returnees’ ng 59th IB na ipinaparada at ginagawang mga utusang aktor para basahin ang kanilang gasgas na iskrip,” pahayag ni Pecayo matapos matanggap ang desisyon.

Kahapon, Nobyembre 23, ibinasura naman ng Antipolo City Prosecutor's Office ang patungpatong na kasong paglabag sa Seksyon 12 ng Anti-Terror Law na isinampa kina Ken Rementilla at

Jasmin Rubia. Isinampa rin ang mga kasong ito ng 59th IB laban sa dalawang aktibista.

Para sa grupong Defend Southern Tagalog, kakatwa ang isinampang kaso ng 59th IB kina Rementilla at Rubia dahil nakatuntong ito sa simpleng pagbisita ng dalawa sa lamay ng batang si Casao noong nakaraang taon.

“Patunay lamang ito ng paggamit sa terror law bilang mapanlinlang na armas laban sa mga kritiko at lahat ng mga lumalaban sa iba’t ibang atake sa kanilang karapatan at kalayaan,” dagdag ng Defend Southern Tagalog. Muli nilang ipinanawagan ang pagbabasura ng batas na ito.

Sa Southern Tagalog, hindi bababa sa 19 na mga aktibista ang sinampahan na ng mga kaso gamit ang mapanupil na Anti-Terrorism Law.

Mga testigong binawi ang sinumpaang salaysay kontra kay De Lima, umabot na sa 14

Nobyembre 24, 2023

Matapos pansamantala nakalaya si Leila de Lima, pitong “saksi” pa ang bumawi ng kanilang mga sinumpaang salaysay laban sa dating senadora. Lahat sila’y nagsabing napilitan lamang silang magsalita laban kay De Lima dahil sa banta sa kanilang buhay. Lahat ng mga “saksi” na ito ay hinatulang mga kriminal na nakakulong sa New Bilibid Prison (NBP) sa Muntinlupa City.

Pito sa mga testigo ay nag-atras ng kanilang salaysay kahapon, Nobyembre 23. Kinilala ang

mga ito bilang sina Germa Agojo, Tomas Donina, Jaime Patcho, Wu tuan Yuan (Peter Co), Engelberto Durano, Jerry Pepino at Hans Anton Tan. Pinatawag sila ng korte para sa pangatlo at huling kaso ni De Lima.

Ipinadala nila sa korte ang kanilang liham na may petsang Nobyembre 17, binawi nila ang kanilang salaysay at sinabing “naimpluwensyahan” lamang sila na magbigay ng testimonya laban sa senadora. Anila, nabatid nila ang banta sa kanilang buhay nang naging laganap ang pananaksak sa loob ng NBP noong 2016. Sa pag-atras ng testimonya, ayaw umano nilang “mamuhay na may kaalaman na hinayaan nila ang sarili na maging instrumento ng kawalang-hustisya.”

Nagtiis si De Lima nang halos pitong taon sa kulungan sa mga gawa-gawang kaso sa kanya. Napalaya lamang siya dahil sa likas na kahinaan ng mga kasong ito, at sa tuluy-tuloy na pagsisikap ng kanyang mga abugado. Aniya, walang kinalaman ang pag-atras ng mga testigo sa pagbabasura ng mga kaso.

Alok na amnestiya ni Marcos, itinakwil ng BHB-Negros

Nobyembre 25, 2023

Walang pag-aatubiling itinakwil ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Negros Island Regional Operational Command ang pinakahuling “programang amnestiya” ng reaksyunaryong estado. Noong Nobyembre 24, naglabas ng

proklamasyon ang rehimeng Marcos na naggagawad ng amnestiya sa mga “dating kasapi ng CPP-NPA-NDF o kanilang mga prenteng organisasyon.” Tinawag ito ng BHB-Negros na “bogus at isang katangahan” na katulad ng isinusulong na “lokalisadong usapang pangkayapapaan” ng Armed Forces of the Philippines Visayas Command (AFP-VISCOM) sa rehiyon.

Inilabas ni Marcos ang Proclamation 404 kahapon na nagsasaad ng mga rekisitos para makapaloob sa programa ng amnestiya ang mga rebelde. Kasabay ito ng tatlo pang ibang proklamasyon na nag-alok din ng amnestiya sa iba pang mga armadong grupo sa bansa.

Ang isla ng Negros ay kabilang sa naging pinakamatitinding lunsaran ng tinaguriang “lokalisadong usapang pangkapayapapaan” at “kampanyang pagpapasuko” kung saan ang mga komunidad sa kanayunan ay sinasakop ng militar (hamlet) at ipinaiilalim sa mga operasyong saywar, intelidyens at kombat ng AFP. Sa nagdaang limang taon o higit, ilampung libong mga sibilyan ang huwad na ipinaradang mga “sumurender” nang hindi kinakasuhan sa korte, taliwas sa kanilang mga karapatang sibil at pampulitika.

Matapat sa mithiin

Noon pang Agosto itinakwil ng Partido Komunista ng Pilipinas ang alok ng rehimeng Marcos na amnestiya. Ayon kay Ka Marco Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng PKP, hindi isusuko ng

rebolusyonyong armadong kilusan ang adhikain nito at hindi magpapalinlang sa alok na amnestiya at pagsuko.

“Nananatiling matapat ang mga komunista at rebolusyonyong mandirigma sa mga mithiin ng mamamayang Pilipino. Puspulang ilalantad at tutuligsain ito ng rebolusyonyong kilusan bilang dagdag na kasangkapan ng panlalansi at pang-aapi,” aniya sa isang pahayag noong unang ipinalutang ng rehimen ang pakana.

Higit umanong mas malaki ang rebolusyonyong adhikain para sa ganap na pambansang kalayaan at hustisyang panlipunan kumpara sa anumang alok na amnestiya. “Kumikilos ang mga rebolusyonyo hindi sa makasariling paghahangad ng ganansyang personal, kundi dahil sa buong-pusong katapatang maglingkod at makibaka kasama ang sambayanan,” dagdag ni Valbuena.

Itinuring ni Valbuena na isang malaking insulto ang amnestiyang alok ni Marcos. “Maling-mali siya sa pag-aakalang ang mga Pulang mandirigma ng hukbo ay dudulog sa kanya para lamang sa ilang pabuya kapalit ng pagsuko sa higit na malaking adhikain ng mamamayang pinaglaanan nila ng kanilang buhay,” paliwanag pa ng upisyal sa impormasyon.

Sa kasaysayan, ginamit ng kontra-rebolusyonyong estado ang pag-aalok ng amnestiya bilang inasukalang bala laban sa mga pwersang rebolusyonyo. Ang kolonyal na guberno ay nag-alok ng amnestiya sa Pilipinong

tagapagtanggol ng kalayaan tulad ni Macario Sakay noong 1905, ngunit pinatay kalaunan noong 1907. Noong 1946, ang ilang mga lider ng Hukbalahap ay nalansi ng amnestiya ni Quirino bago patayin matapos ang ilang buwan.

Matapos maluklok sa poder sa kumbinasyon ng kudatang militar at higanteng kilusang masa, natulak sina Corazon Aquino at Gloria Arroyo na magdeklara ng amnestiya at palayain ang marami-raming mga bilanggong pulitikal. Ngunit hindi naglaon ay naglunsad ang kanilang rehimen ng brutal na gera ng panunupil na kinatangian ng mga pagpaslang at pagmasaker.

Giit ni Valbuena, “pagsasangang-dila ang pag-aalok ni Marcos ng amnestiya sa mga susuko habang halos 800 bilanggong pulitikal ang nasa kulungan, at araw-araw, inaaresto at inuusig ang mga tao dahil sa kanilang paniniwalang pampulitka at paninindigang panlipunan.”

Ika-14 na taon ng Ampatuan masaker, ginunita sa iba’t ibang bahagi ng bansa

Nobyembre 25, 2023

Nagprotesta ang iba’t ibang mga organisasyon ng mamamahayag at kabataan noong Nobyembre 23 para gunitain ang ika-14 na anibersaryo ng Ampatuan Massacre at igiit ang hustisya. Isinagawa ang mga pagkilos at aktibidad sa Laguna, Quezon City, Manila, Tacloban, Legazpi at Davao. Isang misa naman ang inilunsad sa General Santos City noong Nobyembre 19.

Ang Ampatuan Massacre ay naganap noong November 23, 2009 sa Ampatuan, Maguindanao na kumitil sa buhay ng 58 katao, kabilang ang 32 mamamahayag. Tinagurian itong pinakamadugong pag-atake sa mga mamamahayag sa buong mundo.

Ang mga biktima ay bahagi noon ng isang komboy ng mga sasakyan ng mga sumusuporta sa lokal na pulitikong Magundadatu, at ng mga reporter na sumusubaybay sa kanyang pagkakandidato. Hinarang sila at dinala sa isang liblib na lugar kung saan sila pinagbababaril ay inilibing sa hukay gamit ang isang backhoe.

Ayon sa National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), bagaman nawala na sa balita ang nangyaring masaker, hindi nakalilimot ang komunidad ng midya at nakikiisa sila sa panawagang wakasan ang kultura ng kawalang pakundangan sa mga krimen laban sa mga mamamahayag.

Noong 2019, nakamtan ng mga pamilya ng mga biktima ng masaker ang paunang hustisya nang mahatulan ang 28 indibidwal kabilang ang mga mastermind ng krimen na sina Datu Andal Jr at Zaldy Ampatuan. May 15 iba pang nahatulan sa pagiging kasabwat sa masaker. Anang grupo, dapat tuluy-tuloy na manawagan ng hutisya hanggang maisapinal ang hatol at makatanggap ng karampatang kumpensasyon ang mga kaanak ng biktima.

Sa General Santos City, nagtipun-tipon at nagpamisa ang Justice Now, samahan ng mga

naulilang pamilya ng Ampatuan Massacre, para sa mga pumanaw na mamamahayag sa Forest Lake Memorial Park noong Nobyembre 19.

Sa pahayag ni Emily Lopez, pangulo ng Justice Now, nagpasalamat siya sa pagsuporta para sa mga pamilya ng mga naging biktima ng kalunus-lunos na masaker. Aniya, “sa loob ng labing apat na taong pagsigaw ng hustiya, alam naming mahaba na ang ating napagsamahan at marami-rami na rin tayong nakamit na mga panalo ngunit hindi pa po tapos ang labang ito.”

Dagdag pa ni Lopez, hanggang ngayon ay “random at batid din [ng kanilang mga kaanak] na marami sa mga nasa midya ang patuloy pa ring humarap sa iba’t ibang uri ng pag-atake sa kalayaan sa pamamahayag.

Sa Quezon City, lumahok sa pagkilos sa UP Diliman ang mga grupong Altermidya, mga kabataang mamamahayag ng College Editors Guild of the Philippines at Union of Journalists of the Philippines-UP Diliman.

Sa Legazpi City, pinangunahan ng Bicol Organization of Neo-Journalists (BONJour) sa Bicol University ang paggunita sa malagim na masaker. Ilampung kabataan at mamamahayag ang lumahok sa kanilang buong araw na aktibidad at martsa na nagtapos sa pagtitirik ng mga kandila.

24 dinakip, kabilang ang isang Pilipino, pinalaya ng Hamas

Nobyembre 26, 2023

Pinalaya ng Hamas ang 24 indibidwal noong Nobyembre 24, ang unang grupo sa napagkasunduang palalayaing 50 indibidwal. Alinsunod ito sa mga kundisyon ng 4-araw na tigil putukan sa Gaza. Ang mga nakatakandang palayain ay kabilang sa 237 na dinakip ng mga pwera ng Hamas sa inilunsad nitong operasyong Al-Aqsa Flood noong Oktubre 7.

Kabilang sa mga pinalaya ang apat na bata at anim na matatanda na Israeli, 10 Thai at isang Pilipino. Sa unang pagkakataon, napag-alaman ng publiko na nabihag ang isang 33-taong gulang na Pilipinong nagtatrabaho bilang caregiver sa okupadong teritoryo ng Palestine. Isa pang Pilipino ang di pa natatagpuan hanggang ngayon at sinasabing posible ring dinakip ng Hamas.

Kapalit ng pagpapalaya ng 24 ang pagpapalaya naman ng 38 Palestinong mga bilanggong kababaihan at mga tinedyer mula sa mga kulungan ng Israel. Alinsunod sa kasunduan, nakatakandang magpalaya ng hanggang 150 bilanggo. Sa paunang mga panayam sa mga pinalayang Palestino, isinalaysay nila ang mga dinanas nilang tortyur sa mga bilangguan ng Israel.

Pinalaya ang mga bihag sa kustodiya ng International Committee of the Red Cross.

Resulta ang tigil-putukan, na tinawag ding “humanitarian pause,” ng negosasyon sa pagitan ng Hamas at Zionistang mga opisyal ng Israel na pinagitnaan ng Qatar, US at Egypt. Naitulak ang US at Israel na pumasok dito sa kabila ng nauna nilang pagtutol sa pananawagan ng tigil-putukan (“no ceasefire”) matapos mahiwalay sila sa internasyunal na komunidad. Walang awat ang mga pagkilos at pagtuligsa ng milyun-milyong katao sa iba’t ibang dako ng mundo laban sa henosidyo ng Israel, at para sa kalayaan ng mga Palestino.

Isa-isang dumistansya ang mga alyado ng US sa Europe sa patakarang “no ceasefire” nang umalagwa na ng husto ang henosidyo at mga krimen ng digma ng Israel sa Gaza. Kabilang sa huling krimen nito ang pag-atake sa al-Shifa, ang pinakamalaking ospital sa Gaza, na nagresulta sa maramihang pagkamatay ng mga pasyente at kalauna’y pagsasara ng ospital.

“Teroristang” designasyon laban sa 4 na aktibistang katutubo, hinamon sa korte

Nobyembre 26, 2023

Naghain ng petisyon ang mga lider ng Cordillera Peoples Alliance (CPA) na sina Windel Bolinget, Sarah Abellon-Alikes, Jennifer Awingan-Taggaoa, at Stephen Tauli sa Baguio Regional Trial Court noong Nobyembre 23 para ipabasura ang arbitraryong designasyon sa kanila na “terorista” ng Anti-Terrorism Council (ATC). Ito ang kauna-

unahang ligal na aksyon na inihain sa korte laban sa gayong designasyon.

Ang apat na nagsampa ng petisyon ay kabilang sa anim na personaheng tinagurigang “terorista” ng ATC sa Resolution No. 41 na may petsang Hunyo 7. Kabilang din sila sa kinilalang “Northern Luzon 7” na napawalang-sala noong Mayo laban sa gawa-gawang kasong rebelyon na isinampa sa kanila noong Enero.

Sa kautusan ng ATC, inatasan nito ang Anti-Money Laundering Council na imbestigahan at i-freeze o hawakan at ipagkait ang salapi at mga ari-arian ng mga inakusahan. Sa huling tala, hindi bababa sa 82 pangalan ang tinaguriang “terorista” ng ATC.

Ayon kay Bolinget, kasalukuyang chairperson ng CPA, ang designasyon ay “pag-atake sa kanilang batayang mga karapatan” dahil sa pag-freeze sa kanilang mga ari-arian at akawnt sa bangko gayundin ng sa CPA. Pinagkakaitan din umano sila nito na buong isagawa ang kanilang trabaho at adbokasiya at sa sukdulan ay ipinaiilalim sila sa ibayong panghahas, pagpapahiya at mga pagbabanta.

Muling ipinanawagan ng ligal na hakbanging ito ang pagbabasura sa Anti-Terror Law (ATL). “Alam naman natin sa simula pa lamang na gagamitin ang batas na ito sa pagpapatahimik sa mga tumutuligsa...ngunit hindi kami magpapapigil. Ang ligal na hakbang na ito ang patunay sa aming hindi nagmamaliw na kagustuhan at pagkakaisa

sa pagtindig para sa mga karapatang sibil,” ayon kay Bolinget.

Kaugnay nito, daan-daang mga kasapi, alyado at kaibigan ng CPA ang nagtipon sa Malcolm Square, Baguio City noong Nobyembre 23 ng hapon para ipahayag ang kanilang suporta sa mga ginigipit na lider-katutubo. Naghandog sila ng mga talumpati ng pakikiisa, kultural na pagtatanghal at nangako ng tuluy-tuloy na suporta.

Mga kaso laban sa lider-magsasaka at 2 iba pa sa Batangas, ibinasura ng korte

Nobyembre 26, 2023

Ibinasura ng isang korte sa Batangas noong Nobyembre 24 ang mga kaso ng illegal possession of firearms and explosives na isinama ng estado laban sa lider-magsasakang si Ernesto Baez Jr at mga kasama niyang sina Jose Escobio at Jonald Jabonero. Inaresto ang tatlo sa San Juan, Batangas noong Agosto 24 habang bumabyahe.

Ibinasura ang mga kaso matapos mapatunayan na nilabag ng mga pulis ang karapatan ng tatlo laban sa “di makatarungang panghahalughog at pagkumpiska” (unreasonable search and seizure) na nakasaad sa reaksyunaryong konstitusyong 1987. Ayon sa korte, walang naipakita ni katiting na ebidensya ang mga pulis sa akusasyon na si Baez Jr ay aktibong kasapi ng rebolusyonaryong kilusan.

Si Baez Jr ay organisador ng Samahan ng mga Magbubukid sa Batangas (SAMBAT) habang ang kasama niyang si Escobio ay drayber ng sinasakyang niyang multicab nang dakpin ng mga pulis. Sa salaysay nina Escobio at Jabonero, sinundo nila si Baez Jr sa isang resort sa San Juan gamit ang kanilang sasakyan at habang bumabyahe ay sapilitang pinahinto ng mga pulis at iligal na inaresto.

Matapos umano silang tutukan ng baril ay tinakluban ang kanilang mga mukha at sapilitang isinakay sa ibang sasakyan. Matapos ang ilang minuto, muling isinakay ang tatlo sa kanilang sasakyan na mayroon nang itinanim na mga ebidensyang mga baril at pampasabog. Dinala pa umano sila sa tulay sa Barangay Buhay na Sapa sa San Juan at doon pinalabas na nadakip.

Sina Escobio at Jabonero ay nauna nang nakalaya noong Setyembre 3 matapos maglabas ang prosekusyon ng resolusyong kinakailangan munang sumailalim sa paunang imbestigasyon ang dalawa. Kahit pa ilang buwan na nang makalaya, nanatiling salat sa kabuhayan ang dalawa. Hindi na nakapamasada pa si Escobio dahil kinumpiska ng pulis ang kanyang lisensya. Sa huling resolusyon ng korte, inatasan nitong ibalik ng mga pulis ang kanyang lisensya.

“Ang pagbasura sa mga kasong ito ay nagpapatunay sa kawalang-sala ng mga biktima at naglalantad sa AFP-PNP bilang bulok na pasistang mga institusyong pinatatakbo ng mga sinungaling at mamamatay-tao na desperadong supilin ang demokratikong hangarin ng mamamayan,”

pahayag ng grupo sa karapatang-tao na Tanggol Batangan.

Pakanang “engkwentro” ng 50th IB sa Abra, isiniwalat

Nobyembre 26, 2023

Pinasinungalingan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Abra ang pinakakalat ng 50th IB na nagkaroon ng isang “engkwentro” sa pagitan ng yunit nito at hukbong bayan sa Barangay Mataragan, Malibcong, Abra noong Nobyembre 20. Anang BHB-Abra, walang engkwentro at naglustay lamang ng ilanlibong bala at pampasabog, at pondo ng bayan ang militar para sa pagpapalipad ng mga helikopter na nagresulta sa labis na takot ng mga sibilyan at pinsala sa kanilang kabuhayan at sa kapaligiran.

“Walang katotohanan ang pahayag ni 5th ID commander MGen. Audrey Pasia na may nangyaring engkwentro...walang nangyaring ‘15 minutong engkwentro,’” pagdidiin ni Ka Florence Baluga, tagapagsalita ng BHB-Abra. Dagdag pa niya, walang katotohanan ang sinasabing pagkakasamsam ng 50th IB sa isang M14, 3 M16, 1 K3 Light Machinegun, at dalawang bandolyer.

Paglililaw ng BHB-Abra, ang pakanang pekeng engkwentro ng 50th IB ay bahagi ng malawakang operasyong militar sa bayan ng Malibcong na nagdudulot ng labis na pinsala sa tribung Mabaka, Banao at Gubang at sa kanilang lupang ninuno. Iniulat ng mga residente na pinagbabawalan silang maglibot sa mga bundok kung saan

karaniwan silang naghahanap ng dagdag na pagkain. Inoobliga din silang umuwi sa sentrong kabahayan tuwing gabi kaya naiwan ang trabaho sa kabukiran.

“Peligro sa buhay at perwisyo sa kabuhayan ang dulot ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga katutubong magsasaka,” giit ni Ka Florence.

Sariwa pa sa mamamayan ng Abra ang pagpatay ng 77th IB sa 68-anyos na magsasakang si Antonio Diwayan Agliwan sa Sityo Talipugo, Barangay Buneg, Lacub, Abra noong Oktubre 13 ng hapon. Para pagtakpan ng knailang krimen, pinalalabas na nagkaroon ng engkwentro.

Sa tala ng BHB-Abra, apat na batalyong mersenaryong sundalo ang tuloy-tuloy na nakakampo sa mga baryo at gumagalugad sa kapaligiran at kabundukan ng buong prubinsya. Anito, ginagamit na palabigasan ng AFP ang mga pekeng engkwentro para kubrahin ang mga pabuya ng rehimeng US-Marcos.

Baboy at kalabaw ng programang BDP, kinurakot ng militar at NTF-Elcac

Nobyembre 27, 2023

Walang dumating na baboy at kalabaw na ipinangako ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at ng National Task Force-Elcac sa mga magsasaka at katutubong minorya sa mga barangay ng Abra. Ayon sa mga residente, ni biik wala silang natanggap. Ang mga pangakong ito ay bahagi ng “suportang agrikultural” na may pondo

mula sa Support to Barangay Development Program (SBDP) ng NTF-Elcac.

Bwelta ng mga residente, nasayang lamang ang kanilang ginastos sa ginawa na nilang mga kulungan para sa ipinangakong aalagaang hayop. Sa halip na kalabaw, kakaunting pananim lamang ang ibinigay. Sa halip na baboy, tig-aapat na sisiw naman kada residente ang ipinalit.

Pinagmukhang tanga ang mga tao nang namigay ang AFP ng feeds (pagkain) ng baboy pero walang namang ibinigay na aalagaang biik. Namahagi rin ang NTF-Elcac ng feeds para sa isda ngunit wala namang ibinigay na pararamihing fingerlings at wala ring mga fishpond sa lugar.

Sa prubinsya ng Abra, mayroong 28 barangay ang ipinailalim ng NTF-Elcac sa proyektong SBDP simula 2021. Nilaanan ito ng tumatagiting na ₱236.7 milyon. Sa kabila nito, hindi nakikita ng mga barangay ang tinaguriang proyektong pangkabuhayan at pangkaunlaran na pinondohan ng mga ito.

Ayon sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Abra, “Batid ng mamamayan ng prubinsya na ang BDP ay naging gatasan ng mga upisyal ng AFP. Ibinulsa nila ang bilyun-bilyong pondo nito at walang benepisyong naiaabot sa mga barangay.”

Daan-daang Pilipino, lumahok sa martsa para sa makatarungang kapayapaan sa Palestine

Nobyembre 27, 2023

Muling nagmartsa ang daan-daang mga Pilipino sa Luneta Park sa Maynila noong Nobyembre 25 ng hapon para igiit ang makatarungang kapayapaan sa Palestine at kagyat na pagpapatigil sa kampanyang henosidyo at pambobomba ng Zionistang Israel sa Gaza.

Bahagi ito ng serye ng mga aktibidad at protestang inilunsad ng mga Pilipino at progresibong organisasyon mula pa noong Oktubre 7, kung kailan ibayong pinatindi ng Israel ang pag-atake sa Gaza. Bahagi din ito ng daan-daang mga protestang nilalahukan ng milyun-milyong mamamayan sa iba't ibang dako ng mundo.

Ayon sa mga nagmartsa, suportado nila ang panawagan para sa isang pangmatagalang tigil-putukan at pagwawakas sa pagkubkob sa Gaza. Ito umano ang makapagbibigay-daan sa higit na kinakailangang makataong ayuda at serbisyo sa Gaza at mga residente nito. Kamakailan, nagkasundo ang grupong Hamas at ang Zionistang estado ng Israel ng apat na araw na tigil-putukan simula Nobyembre 23 hanggang Nobyembre 27.

“Isang karangalan na makipagkapit-bisig sa mga kapatid nating Muslim. Hindi sapat ang apat na araw na tigil-putukan. Patuloy tayong lalaban para sa Palestine at laban sa imperyalismo at Zionismo,” pahayag ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), isa sa mga nanguna sa martsa.

Samantala, binatikos ng Bayan ang ginawang panghaharang ng Philippine National Police (PNP) sa mga nagmamartsa na dadaan sana sa harapan ng US Embassy bago tumungo sa CCP Complex sa Pasay City kung saan tinapos ang programa.

“Hinarang tayo ng PNP dahil pinoprotektahan nila ang US embassy sa Manila. Mas mahalaga pa sa kanila yung interes ng US kaysa karapatan ng mga Pilipino,” pahayag ng Bayan.

Giit ng mga nagmartsa, ipinamalas ng kanilang sama-samang pagkilos ang pakikiisa ng mga Pilipino sa milyun-milyong tinig sa buong mundo na naggigiit ng permanenteng tigil-putukan at pagwawakas sa henosidyo. Nananawagan din ang grupo sa lahat ng mga sangkot na seryosong tugunan ang lehitimong hinaing ng mamamayang Palestino laban sa hindi makatarungang kolonisasyon at okupasyon sa kanilang lupa, ayon pa sa nagkakaisang pahayag ng mga nagmartsa.

Kabilang sa mga organisasyon, sektor at personahe na nagmartsa ang Philippine-Palestine Friendship Association, Moro Consensus Group, Filipino-Palestinian Community, One Billion Rising, Ecumenical Bishops Forum, mga akademiko at ang kinatawan ng unang distrito ng Lanao del Sur na si Hon. Zia Alonto-Adiong.

5 sentrong unyon at grupo sa paggawa, sama-samang magmamartsa sa Nobyembre 30

Nobyembre 28, 2023

Idineklara ng limang sentrong unyon at grupo sa paggawa na sama-sama silang magmamartsa sa Maynila sa darating na Nobyembre 30 bilang paggunita sa ika-160 kaarawan ni Andres Bonifacio, ama ng himagsikang Pilipino. Kabilang sa mga lalahok sa martsa patungong Mendiola ay ang Kilusang Mayo Uno (KMU), Buklurang Manggagawa, National Confederation of Labor (NFL), Association of Genuine Labor Organization (AGLO) at All Workers Unity (AWU).

Inianunsyo nila ito matapos ang isang martsa at programa sa Liwasang Bonifacio sa Maynila noong Nobyembre 27. Ayon sa mga manggagawa, sama-sama nilang itataguyod sa Nobyembre 30 ang sahod, trabaho, pampublikong serbisyo, karapatan at kalayaan.

Sa talumpati ni Ka Jerome Adonis, pangkalahatang kalihim ng KMU, binatikos niya ang rehimeng Marcos sa umiiral na krisis at kahirapang dinaranas ng masang manggagawa sa kasalukuyan. “Napakarami nating mga kababayan na walang trabaho o kulang sa trabaho...ang mga manggagawa pawang mga kontraktwal na mas mababa pa sa minimum wage ng kada rehiyon,” ayon sa kanya.

Ganito umano ang kalunus-lunos na kalagayan ng mga manggagawa sa harap ng napakataas na presyo ng pagkain at serbisyo. Binatikos rin niya ang lingguhang pagtataas ng presyo ng petrolyo sa bentahe ng mga kumpanya sa langis.

“Mayroong lingguhang pagtaas ng presyo ng produktong petrolyo na nagreresulta sa mabilis na

pagtaas ng presyo ng lahat ng pagkain at serbisyo,” pahayag ni Adonis. “Sumatutal niyan ang napakalubhang kahirapan at kagutuman.”

Ito ang naghuhumiyaw na mga rason kung bakit makatarungan ang paglaban ng masang manggagawa at iba pang demokratikong sektor. “Kaya mga kapwa manggagawa, mga kababayan, nasa atin po ang lahat ng rason para gamitin ang ating mga demokratikong karapatan,” aniya.

Hamon pa niya sa kapwa manggagawa at anakpawis: “Nasa atin ang lahat ng dahilan para lumabas sa mga pabrika, sa mga komunidad, sa mga eskwelahan, sa mga terminal ng dyip at sama-sama na magprotesa sa lansangan.”

Daan sa usapang pangkapayapaan, puno ng tinik at tilos

Nobyembre 28, 2023

Kinilala at ikinalugod ng Partido Komunista ng Pilipias ang pagpirma ng negotiating panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at mga opisyal na sugo ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) sa Oslo Joint Statement noong Nobyembre 23. Kasabay nito, kinilala nito na puno ng tinik at tilos ang landas sa pagbubukas pa lamang ng usapan, at laluna tungo sa pagkamit ng makatarungan at matagalang kapayapaan.

“Ang Partido at ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ay nagpapaabot ng todong suporta sa Negotiating Panel ng NDFP na pinamumunuan ni

Juliet de Lima, at kapita-pitagang mga kasapi nito na sina Louie Jalandoni, Coni Ledesma at Asterio Palima, at ipinahahayag namin ang buong tiwala sa kanilang pagkatawan sa malapad na demokratikong interes ng mamamayang Pilipino,” pahayag ni Ka Marco L. Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng Partido.

Aniya, ang Oslo Joint Statement ay “unang kalahating hakbang pa lamang” sa pagpapanumbalik ng pormal na negosasyong pangkapayapaan, at sa higit na mahabang daan sa pagkakamit ng hangarin ng mamamayan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Ito ay dahil sa iniwang mga “tinik at tilos” ng dating presidente ng GRP na si Rodrigo Duterte na makaisang panig na nagwakas sa usapang pangkapayaan noong 2017.

“Sa kanyang maling akala na madudurog ang armadong rebolusyon gamit lamang ang armadong lakas, pinakawalan ni Duterte ang kanyang gera ng terorismo ng estado na kinatampukan ng mga pagdukot, tortyur, pagpatay at mga masaker,” ayon kay Valbuena. Bigo si Duterte, at ang patunay nito ay ang muling paghaharap ng GRP sa NDFP sa negosasyong pangkapayapaan.

“Mayroong usapang pangkapayapaan dahil mayroong gera,” paglilinaw ni Valbuena. “Ang NDFP at GRP ay kumakatawan sa dalawang panig (co-belligerent) ng digmang sibil sa Pilipinas. Sila ay magkalaban at kumakatawan sa lubos na magkatunggaling interes at layunin, ngunit

nagtagpo sa negosasyon sa ilalim ng deklaradong layunin na pagkakamit sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.”

Na kay Ferdinand Marcos Jr ang natatanging inisyatiba na hawanin ang landas para sa pagbubukas ng negosasyon. Kabilang sa mga ito ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal, pagbawi sa designasyong terorista sa NDFP at kay Ka Luis Jalandoni, gayundin sa PKP, BHB at iba pa. Nariyan din ang pagpapawalambisa sa Executive Order 70 at pagbubuwag sa iniluwal nitong NTF-Elcac, pagpapawalambisa sa Memorandum No. 32, pagtigil sa mga “lokalisadong usapang pangkapayapaan” na walang iba kundi ang pwersahang pagpapasurender sa mga sibilyan, at pag-atras ng militar sa okupado nitong mga baryo sa ngalan ng RCSP.

“Dapat balikan ang lahat ng mga paglabag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) sa pagpaslang at pagkukulong sa mga konsultant sa kapayapaan ng NDFP,” dagdad ni Valbuena.

Aniya, ang pagpirma sa Oslo Joint Statement ay dumatal sa panahon ng tumitinding krisis sa ekonomya at pulitika. “Ang sumisidhing mga kundisyong kinahaharap ng mamamayang Pilipino ay nagtutulak sa kanilang maglunsad ng mga pakikibakang masa para isulong ang kanilang kagyat na mga kahingian para sa makabuluhang dagdag-sahod, pagpapababa ng presyo, pagpapababa o pagtanggap ng upa sa lupa,

pagpapababa sa gastos sa sangkap sa agrikultura, at iba pa.”

Higit 600 katao, nagprotesta sa Laguna para sa araw ng anakpawis

Nobyembre 28, 2023

Sama-samang nagmartsa ang higit 600 katao mula sa mga prubinsya ng Southern Tagalog sa Crossing, Calamba City sa Laguna noong Nobyembre 27 bilang paggunita sa araw ni Andres Bonifacio at araw ng masang anakpawis. Pinangunahan ang pagkilos ng mga balangay ng Bagong Alyansang Makabayan, Anakbayan, Pamantik-KMU at Starter-Piston sa Southern Tagalog.

Giit ng mga grupo, marapat lamang na tuluy-tuloy na pag-alabin ang diwang rebolusyonaryo ni Bonifacio sa rehiyon at sa buong bansa. Ipinanawagan ng mga ito ang pagtataguyod sa kabuhayan, karapatan, at kalayaan ng masang anakpawis. Malaki umano ang pananagutan ng rehimeng Marcos sa krisis sa ekonomya at pulitika na kinahaharap ng bayan. “Singilin ang korap, pahirap, at pasistang US-Marcos II,” sigaw ng mga nagprotesta.

Kinalampag nila ang gubyerno para igiit sa partikular ang pagpapataas ng sahod, tunay na reporma sa lupa, paglaban sa palpak at di-makataong PUV Modernization Program, libre at dekalidad na edukasyon, hustisya para sa mga biktima ng pang-aatake ng estado at pagtutol sa

lahat ng anyo ng korapsyon ng pangkating US-Marcos-Duterte.

Sa programa, naghandog ng mga talumpati at kultural na pagtatanghal ang mga grupo ng kabataan at mga unyon ng manggagawa. Sa pagtatapos ng pagkilos, winasak ng mga grupo ang isang malaking likhang sining na kumakatawan sa confidential funds ng estado at pasismo ng estado.

NDFP at GRP, nagkasundong muling buksan ang usapang pangkapayapaan

Nobyembre 28, 2023

Koordinado, pero magkahiwalay, na inianunsyo ngayong araw, Nobyembre 28, lampa alas-4 ng hapon sa Pilipinas, ng negotiating panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at mataaas na upisyal sa gabinete at militar ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) ang intensyon ng dalawang panig na muling buksan ang usapang pangkapayapaan. Tungo rito, pinirmahan ng NDF Negotiating Panel at ng GRP noong Nobyembre 23 sa Oslo, Norway ang Oslo Joint Communiqué, ang pinagsanib na pahayag na naglalaman ng hangarin ng dalawang partido na lutasin ang ugat ng nagaganap na gera sibil sa Pilipinas. Sa panig ng NDFP, binasa ang pahayag ni Kasamang Coni Ledesma sa The Netherlands at ni Presidential Adviser on Peace, Reconciliation and Unity Secretary Carlito G. Galvez Jr sa panig ng rehimeng US-Marcos sa Malacañang.

Ang Oslo Joint Communique ay isang deklarasyon ng balak o paghahangad na muling buksan ang peace negotiations at buuin ang balangkas kung papaano ito isasagawa. Isa itong pangkalahatang deklarasyon kung saan pinagsanib ang mga hangarin ng magkabilang panig: ang paglutas sa “malalalim na nakaugat na sosyo-ekonomiko at pulitikal na mga usapin” at “paglutas sa mga ugat ng armadong tunggalian,” sa panig ng NDFP; at sa kabilang panig, ang “pagtatapos ng armadong pakikibaka” at “transpormasyon ng CPP-NPA-NDFP,” na nilalayon ng GRP.

“Ang Pinagsanib na Pahayag na parehong pinirmahan ng NDFP at GRP ay makabuluhan sa sarili nito at nagbubukas sa pinto para sa maraming potensyal at hinaharap sa paghahangad ng isang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa ating sariling bayan at para sa kapakanan ng ating mamamayan,” pahayag ni Ka Luis Jalandoni, myembro ng NDFP National Executive Council at senior consultant sa usapang pangkapayapaan, sa araw na pinirmahan ang pinagsanib na pahayag. Aniya, handa ang parehong Partido na ipagpatuloy ang negosasyon habang “naninindigan sa mga tagumpay at natututo mula sa mga leksyon sa nakaraan.”

Ang pinagsanib na pahayag ay produkto ng isang serye ng mga impormal na talakayan na ginanap sa Netherlands at Norway. Sinimulan ito noon pang 2022 sa pagitan ng mga emisaryo ng GRP at ng NDFP sa tulong ng Royal Norwegian Government (RNG). Sa panig ng GRP, lumagda dito sina Special Assistant to the President

Antonio Ernesto F. Lagdameo Jr; Presidential Adviser on Peace, Reconciliation and Unity Secretary Carlito G. Galvez Jr.; at Gen. Emmanuel T. Bautista (Ret).

Para sa NDFP, lumagda sina National Executive Council Member Luis G. Jalandoni; Interim Negotiating Panel Chairperson Julieta de Lima; at myembro ng panel na si Coni K. Ledesma. Ang pagpirma ay sinaksihan ni RNG Special Envoy Christina Lie Revheim.

Pinasalamatan ng NDFP ang RNG para sa matatag na suporta at matiyagang pagsisikap nito sa pamamagitan ng Special Representative Kristina Lei Revheim at Senior Advisor William Hovland na namagitan para pagtagpuin ang dalawang partido sa muling pag-uusap. Pinasalamatan din nito si Senior Advisor Birgitte Sylthe at RNG Ambassador sa Pilipinas na si Christian Lyster.

Ang seremonya ng pagpirma sa Oslo ay dinaluhan ng ministro sa ugnayang panlabas ng RNG na si Espen Barth Eide at ibang mga upisyal ng Ministry of Foreign Affairs, gayundin ng adviser ng Norwegian Center for Conflict Resolution na si Kari With.

4 na sundalo ng AFP, napatay sa engkwentro sa BHB-Bukidnon

Nobyembre 29, 2023

Napatay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bukidnon sa isang engkwentro ang apat na tropa ng pinagsanib na pwera ng 48th IB, 72nd IB at

56th IB, sa ilalim ng 1003rd IBde, sa hangganan ng Barangay Lumintao at Barangay Kipaypayon sa Quezon, Bukidnon bandang ala-6 ng gabi noong Nobyembre 24. Sampung iba pa ang nasugatan sa hanay ng mga pasista.

Mag-iisang buwan na ang walang tigil na nakapokus na operasyong kombat ng militar sa tribawndari ng mga bayan ng Quezon, Valencia City at San Fernando simula unang linggo ng Nobyembre. Labis na pangamba at abala sa kabuhayan ng masang magsasaka at Lumad ang dulot ng operasyon nito laluna ang panganganyon ng militar. Nanganyon ito sa bayan ng San Fernando at nakaapekto sa mga mag-aabaka at maliliit na minero sa komunidad.

Samantala, pinarangalan ng BHB-Bukidnon ang isang mandirigmang namartir sa naturang engkwentro.

7 kontra-demolisiyong aktibista at residente sa Cebu, inaresto ng pulis

Nobyembre 29, 2023

Marahas na inaresto ng mga pwersa ng estado ang pitong kontra-demolisiyong aktibista at residente ng Sityo Casia, Barangay Bangkal, Lapu-Lapu City, Cebu habang nagpuprotesta laban sa ilegal na demolisyon sa 39 bahay mula pa kahapon, Nobyembre 28. Dinakip ng mga pulis ang apat na residente na sina Marjhun Amoroto, Belt Sasar, Lito Padillon at Cris Gabutan at ang lider ng Anakbayan-Cebu na si Kei Galon, si Deviemar Opo

ng Anakbayan-Lapu-Lapu, si Howell Villacruzis ng AMA-Sugbo-KMU.

Kinundena ng Casia Matab-ang-Residence Association (CAMARA) at Nagkahiusang Kabus sa Lapu-lapu (NAKALAP) ang naturang demolisyon at pag-aresto sa mga residente at aktibista. Anila, ilegal ang isinagawang demolisyon dahil wala kahit anong papeles mula sa korte ang ipinresenta sa kanila ang mga pulis.

“Nakaranas ng labis na troma ang mga bata, matatanda at kababaihan sa dali-daling demolisyon at pwersahang pagpapalayas sa kanila. Binugbog at tinutukan pa ng baril ng mga pulis ang mga kumwestyon at tumutol sa demolisyon,” ayon sa mga grupo ng maralita.

Isiniwalat ng dalawang grupo na inamin mismo sa kanila ng ilang mga awtoridad na “sikretong demolisyon” ang naganap laluna dahil wala itong ligal na kautusan. Anila, dahil makatarungan ang pagtirik ng bahay ng mga maralita sa lugar, dahas na lamang at panlilinlang ang ginamit ng estado laban sa kanila.

Noong 2006 pa nagsimula ang pakikibaka ng mamamayan sa Sityo Casia para sa kanilang karapatan sa paninirahan. Inaangkin ang naturang lupa ng pamilyang Mangura. Simula noon ay tuluy-tuloy ang paninindigan ng mga residente laban sa demolisyon. Muling nabuksan ang usapin ng pang-aagaw sa lupa noong 2022 nang subukan ng pamilyang Mangura na magsampa ng kaso sa korte para kamkamin ang lupa.

Kasalukuyang nakatirik ang barikada ng mga residente ng Sityo Casia para ipagtanggol ang kanilang mga bahay at karapatan sa paninirahan. Sa harap nito, nananatili ang panibagong serye ng pandarahas ng mga pwera ng estado para buwagin ang barikada.

Kabataang Makabayan, nagraling-iglap sa kampus ng PUP

Nobyembre 29, 2023

Nagsagawa ng raling-iglap ang mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM)-Balangay Kira Mindoro sa kampus ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) sa Sta. Mesa, Manila ngayong araw, Nobyembre 29. Ang rali ay bahagi ng pagdiriwang ng KM sa ika-59 anibersaryo nito bukas, Nobyembre 30.

Nanawagan ang balangay sa mga kapwa kabataan na sumapi sa kanilang hanay upang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan laban sa papet at pahirap na rehimeng US-Marcos at malakolonyal at malapyudal na lipunang kinakatawan nito.

Pinarangalan rin nito ang mga kapwa mag-aaral ng PUP na sina Queenie Daraman (Ka Kira), Arc John Varon (Ka Hunter) at iba pang mga martir na kabataang nagsilbing mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa talumpati ng isang kasapi ng balangay, sinabi niyang walang kinabukasang naghihintay sa kabataan sa paaralan na itinuturing silang mga

makinang magpapatibay sa kadenang kolonyal at ibinibilid ang sambayanan sa kronikong krisis ng isang abnormal na sistemang panlipunan.

Hamon niya sa mga kapwa kabataan na “ialay ang buhay sa pagtatagumpay ng uring anakpawis at buong tapang na bagtasin ang makabuluhang landas na tinahak nila Ka Kira at Ka Hunter.”

Nagkakamali umano ang inutil na rehimen sa pag-aakalang mapatatahimik at mapipigilan ang mga kabataan sa pagiging kritikal at progresibo sa kampanyang panunupil at kontra-insurhensya.

Aniya, walang ibang paraan para makamit ang mga pangarap ng mga kabataan kundi ang paglahok sa armadong pakikibaka, at pagtatagumpay nito.

Bago pa man ang raling-iglap ay nagsagawa na ng mga aktibidad ang mga kasapi ng KM-Kira Mindoro sa loob ng kampus ng PUP. Nagsagawa ng OPOD (oplan pinta-oplan dikit) ang balangay sa loob ng kampus at ipininta ang mga panawagang ‘Isulong ang digmang bayan!’ ‘KM@59’ at pagpapabagsak sa naghaharing bulok na estado.

Pagpapatuloy ng 2 reklamasyon sa Pasay City, binatikos

Nobyembre 29, 2023

Binatikos ng grupo ng mangingisda na Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya) at grupong pangkalikasan na Kalikasan People’s Network for the Environment (Kalikasan PNE) ang

pagpapahintulot ni Marcos Jr na ipagpatuloy ang operasyon ng dalawang proyektong reklamasyon sa Manila Bay sa kabila ng pangako niyang “suspensyon” sa mga ito. Inianunsyo ng lokal na gubyrerno ng Pasay City ang pagpapatuloy ng reklamasyon ng 265-ektaryang Pasay Eco-City Coastal Development (Pasay 265) at 360-ektaryang SM Smart City Infrastructure and Development Corp (Pasay 360) noong Nobyembre 27.

“Binaligtad ni Marcos Jr ang kanyang sariling atas na suspensyon sa pagpapahintulot sa dalawang proyektong reklamasyon sa Manila Bay na makapagpatuloy. Bakit biglang atras [si Marcos] sa kanyang sinabing suspensyon?” tanong ni Ka Fernando Hicap, pambansang pangulo ng Pamalakaya.

Ayon sa lokal na gubyrerno ng Pasay City, matapos ang tatlong buwang pagpapatigil sa proyekto, pinahintulutan na itong makapagpatuloy ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) at ni Marcos Jr dahil sa “pagtalima” nito sa mga kundisyon.

Giit ni Jon Bonifacio, pambansang koordineytor ng Kalikasan PNE, patunay ang mabilis at biglaang pag-atras ni Marcos sa kanyang atas na suspensyon na hindi siya sinsero sa pagprotekta sa kalikasan. “Ang pagpapahintulot sa kahit anong proyekto na magpatuloy ay katumbas ng pagbibigay ng green light sa pagwasak sa ekolohiya,” aniya.

Ang kasosyo ng lokal na gubyrno ng Pasay sa Pasay 360 ay ang SM Smart City Infrastructure and Development Corp. na subsidyaryo ng SM Prime Holdings, Inc. Hawak naman ng sosyohan ng lokal na gubyrno at Pasay Harbor City Corporation, na binubuo ng Udenna Development Corp. (UDEVCO), Ulticon Builders, Inc. at China Harbour Engineering Company, ang Pasay 265.

Binatikos ng Kalikasan PNE ang pagkontrata ng Pasay 265 sa kumpanyang Dutch na Boskalis na nagsasagawa ng dredging sa Manila Bay. Ang kumapanyang ito ay sangkot sa kontrobersyal na New Manila International Airport project sa Bulacan, na batbat ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao at pagwasak sa kalikasan. Giit ni Bonifacio, “malinaw na batayan” ang mga ito para ipahinto ang proyekto.

“Masama sa marine ecosystem at sa kabuhayan ng mga mangingisda ang bawat reklamasyon sa Manila Bay kung kaya’t dapat itong tuluyan nang wakasan,” giit naman ni Hicap ng Pamalakaya.

Mayroong kabuuang 22 proyektong reklamasyon sa buong Manila Bay. “Ang tumitinding mga pagbaha at problema sa kalikasan na idinudulot ng reklamasyon ay dapat nang nagtulak sa DENR na irebyu ang mga permit ng mga proyektong ito,” ayon pa kay Hicap.

Resolusyon para sa pakikipagtulungan sa ICC, inaprubahan ng 2 komite sa Kongreso

Nobyembre 30, 2023

Inaprubahan kahapon, Nobyembre 29, ng mga komite sa hustisya at sa karapatang-tao ng Kongreso ang resolusyon na nagtutulak sa gubyeno ni Ferdinand Marcos Jr na makipagtulungan sa imbestigasyon ng International Criminal Court (ICC) kaugnay sa mga krimen laban sa sangkatauhan ni Rodrigo Duterte at kanyang mga kasapakat sa “gera kontra-droga.”

Pinagsanib sa isang resolusyon ang borador na inihapag ng grupong Makabayan noong Oktubre 17 at ni Rep. Edcel Lagman noong Nobyembre 21.

Nagharap sa pagdinig ang dating Rep. Neri Colmenares, umaaktong abugado ng mga pamilyang nagsampa ng kaso sa ICC, at Menardo Guevarra, kasalukuyang solicitor general at kalihim sa hustisya ng dating rehimeng Duterte.

Isa sa mga idiniin ni Colmenares sa pagdinig ang isang desisyon ng Korte Suprema na nagsasaad na nananatiling saklaw ng awtoridad ng internasyunal na korte ang mga krimeng naganap sa Pilipinas sa mga panahong myembro ito ng ICC. Inianunsyo ang pag-alis ng Pilipinas sa ICC noon lamang 2018 at nagkabisa sa sumunod na taon, habang ang sinaklaw na mga kaso laban kay Duterte ay mula Nobyembre 1, 2011 hanggang Marso 16, 2019.

Ayon kay Colmenares, nananatili ang kawalang-tiwala ng mga biktima sa sistema ng hustisya sa Pilipinas kahit pa maari nang kasuhan si Duterte sa mga lokal na korte.

Nagkaisa rin ang dalawang komite ng Kongreso na ikoordina ang resolusyon sa Senado para buuin ang isang pinasanib na resolusyon (Joint Concurrent Resolution) ng dalawang kapulungan. Naghain sa Senado ng katulad na resolusyon si Sen. Risa Hontiveros.

Bago ang pagdinig, sinabi na ni Marcos Jr na “pinag-aaralan” ng kanyang gubyerno ang posibilidad ng muling pagbabalik ng bansa sa ICC. Pero kasabay nito, itinatangi niyang sasaklawin ng ICC ang “gera kontra-droga” ni Duterte.

Bahagi ang pagdadalawang-mukha ni Marcos ng tumitinding hidwaan sa pagitan ng kanyang pangkatin at ng pangkating Duterte.

Smartmatic, ipinagbawal nang gamitin sa susunod na mga eleksyon

Nobyembre 30, 2023

Inianunsyo kahapon, Nobyembre 29, ng Commission on Elections (Comelec) ang isang resolusyon na nagdiskwalipika sa kumpanyang Smartmatic na lumahok sa bidding (aplikasyon sa kontrata) para sa mga vote counting machine o VCM na gagamitin sa eleksyong 2025 at susunod pang mga eleksyong pambansa at lokal. Tugon ang resolusyon sa petisyong isinampa ng grupong TNTrío para idiskwalipika ang kumpanya.

Ginamit ang mga VCM ng Smartmatic sa nakaraang limang eleksyon, kabilang ang mga eleksyong naghalal kina Benigno Aquino III, Rodrigo Duterte at Ferdinand Marcos Jr. Ang

TNTrio ay binubuo ng dating kalihim sa Department of Information and Communications Technology (DICT) na si Eliseo Rio, retiradong upisyal ng militar na si Leonardo Odoño at abugadong si Franklin Ysaac.

Ayon sa Comelec, ang diskwalipikasyon ay dulot ng pangangailangang tugunan ang mga puna ng mga sektor kaugnay sa “transparency, reliability at integridad ng proseso ng halalan.” Isa pang dahilan ang imbestigasyon ng US sa dating pinuno ng ahensya na si Juan Bautista dulot ng alegasyon na tumanggap siya ng suhol mula sa Smartmatic noong 2016. Gayunpaman, limitado ang resolusyon sa proseso lamang ng procurement o pagbili, at hindi sa kinalalabasan mismo ng nagdaang mga eleksyon.

Katunayan, itinatanggi ng Comelec sa parehong resolusyon na nagkaroon ng mga iregularidad sa nagdaang eleksyon. Anito, “hindi nakaapekto sa kawastuhan (accuracy) ng resulta ng halalan” ang maanomalyang pagkakapili at paggamit ng di katiwa-tiwalang mga makina ng Smartmatic. Wala ring nakasaad sa resolusyon na ibabasura ang sistemang automated at magkakaroon pa rin ng “bidding” para sa mga VCM sa susunod na buwan.

Ikinalugod ng grupong TNTrio ang resolusyon ng Comelec hindi lamang ang diskwalipikasyon ng Smartmatic, kundi pati ang planong bukasang isa-isang bilangin ang piling mga balot box. Tungo rito, umapela si Rio na katigan ng Korte Suprema ang hiwalay nilang petisyon para obligahin ang mga kumpanyang telekomunikasyon na isapubliko ang lokasyon ng 7,975 device na nagtransmit ng

mga resulta ng botohan mula ala-una hanggang alas-7:08 noong Mayo 9, 2022. Isinampa ng TNTrío ang mga petisyon na ito para unghatin at mapatunayang dinaya ang eleksiyong 2022 na nagpwesto kina Ferdinand Marcos Jr at Sara Duterte bilang presidente at bise-presidente ng bansa.

Kasabay nito, maghahapag ng panibagong resolusyon ang TNTrío para ibasura nang tuluyan ang sistema ng eleksiyong de-kompyuter.

“Ipinadadala namin ang aming mungkahi na magpatupad ng sistemang hybrid election, imbes na automated, nang sa gayon ay makatitipid (ang gubyrno) ng bilyun-bilyong pondo at para pangalagaan ang integridad ng sistemang eleksiyon,” ayon kay Ysaac.